

TUNAY NA MAYAMAN AT DAKILA

Maraming mga tao sa daigdig ang abala sa paghahangad ng materyal na kayamanan at makasanlibutang katanyagan, mataas na katayuan at kadakilaan. Itinuturing nila ang mga ito na mahalagang mga layunin sa buhay at tinitingnan kung paano nakakaagapay ang isang tao sa mga larangang ito bilang mga palatandaan ng tagumpay. Ang ganoong makamundong mga hangarin ay walang saysay, hindi nagdudulot ng tunay na kasiyahan at sumisira ng maraming mga buhay. Dapat mag-ingat ang mga anak ng Diyos laban sa ganoong mga pinagkakaabalahan at mga hangarin. Gayundin, dapat nilang kilalanin na ang pagiging tunay na mayaman at dakila ay lubos na itinatangi at may halagang hindi nagbabago.

Kailangan para sa mga mananampalataya na makita nang malinaw ang itinuturo ng bibliya tungkol sa mahalagang mga isyung ito. Kung paano natin nauunawaan ang mga larangang ito at kung ano ang pinaglalaanan natin ng ating mga sarili ay magkakaroon ng tuwirang kinalaman sa ating personal na relasyon sa Diyos, sa ating paglago sa moral at espiritwal na kalagayan, at kung paano tayo epektibong nakikilahok sa katuparan ng mga layunin ng Diyos.

Nawa ang aklat na ito ay mag-ambag tungo sa isang makabuluhang pagkaunawa ng mga isyung ito. Nawa ay makatulong ito sa mga anak ng Diyos na maging tunay na mayaman at dakila sa Kanyang kaharian.

Kung wala ka nang karagdagang gamit sa aklat na ito,
pakipasa na lang sa isang maaaring makinabang rito.

www.godandtruth.com.



TUNAY NA MAYAMAN AT DAKILA

LIM KOU



TUNAY NA MAYAMAN AT DAKILA

PAGIGING TUNAY NA MAYAMAN AT DAKILA
SA KAHARIAN NG DIYOS

LIM KOU

LIBRENG KOPYA
HINDI IPINAGBIBILI

_____ TUNAY NA _____

MAYAMAN AT
DAKILA

**PAGIGING TUNAY NA MAYAMAN AT DAKILA
SA KAHARIAN NG DIYOS**

LIM KOU

Libreng Kopya — Hindi Ipinagbibili

Orihinal na inilathala sa English na may pamagat na *Truly Rich and Great*
Unang inilathala noong 2016
Copyright © 2016 ni Lim Kou
ISBN: 978-981-11-0290-5

Ibinibigay ang pahintulot na maglimbag at magpakopya ng bahagi lang (kung saan ang nilalayong kahulugan ay papanatilihin at ang bahagi ay hindi babanggitin nang mali ang konteksto) o ang lahat ng nilalaman ng aklat na ito para sa personal na gamit o para ipamahagi, sa kundisyong na dapat may wastong pagkilala, walang pagbabagong ginawa at ang nilalaman ay ipapamahagi nang *walang bayad*. Nawa'y maging mapanalanginin at may-karunungan sa pamamahagi o pag-aalok ng nilalaman nito sa iba. *Ang talatang ito at ang nasa ibaba ay dapat kasama sa anuman at lahat ng kokopyahing nilalaman na ipamahagi.*

Ang mga talatang sinitas, malibang banggitin na ibang salin, ay kinuha mula sa Ang Bagong Ang Bibliya para sa Lumang Tipan, at Filipino Standard Version para sa Bagong Tipan

Copyright © 2019 ni Lim Kou
ISBN: 978-981-14-1075-8

Ako ay nagpapasalamat sa Panginoon para sa mga kapatid na may kabaitang nakibahagi sa pagkakaroon ng salin nito sa Tagalog.

Walang Bayad na mga download

Kayo ay malayang makakabisita sa website na www.godandtruth.com. Ang mga lathalaing nasa website ay naglalayong makatulong sa mga Kristiyano para lumago at mahusay na makapaglingkod sa Panginoon, ayon sa Kanyang kapahayagan sa mga Kasulatan. Ang *Truly Rich and Great*, *Truly Strong*, *Man of Faith*, *The Two Kingdoms*, *Understanding Job*, at maraming mga inayos na mga mensaheng-text at mahigit 500 mga mensahe sa audio na tumatalakay sa malawak na saklaw ng mga paksa sa pangunahing mga usapin ng pananampalatayang Kristiyano, ang maaaring i-download nang walang bayad para sa personal na gamit o para ipamahagi.

Ang mga puna at mga komento tungkol sa aklat na ito ay malugod na tinatanggap at maaaring i-email sa: feedback@godandtruth.com.

Mga Nilalaman

<i>Paunang Salita</i>	1
<i>Panimula</i>	4
<i>Unang Mensahe</i> Nais ng Diyos na Tayo Ay Maging Mayaman Tungo sa Kanya	7
<i>Ikalawang Mensahe</i> Tunay na Kayamanan at Kapakanan	30
<i>Ikatlong Mensahe</i> Relasyon ng Materyal na Kayamanan at Tunay na Kayamanan	50
<i>Ikaapat na Mensahe</i> Praktikal na Pagsasakatuparan — Matalinong Pangangasiwa	69
<i>Ikalimang Mensahe</i> Tunay na Mayaman o Pagmimistulang Espiritwal na Mayaman	93
<i>Ikaanim na Mensahe</i> Sino ang Tunay na Dakila?	110
<i>Ikapitong Mensahe</i> Pag-abot sa Tunay na Kadakilaan at ang Kaugnayan Nito sa Pagiging-Lingkod	124
<i>Ikawalong Mensahe</i> Pagkatuto Mula sa Panginoong Jesu-Cristo — ang Ating Sakdal na Halimbawa ng Tunay na Kadakilaan	141
<i>Huling Pangungusap</i>	161

Paunang Salita

Ang pamagat na ito, *Truly Rich and Great* [Tunay na Mayaman at Dakila], ay ikalima sa mga inilathala ko mula noong 2003. Ang naunang apat na mga pamagat¹ ay nakarating sa mga kamay ng mga kapatid na Kristyano sa iba't-ibang mga bansa. Ang mainit na pagtanggap sa unang apat na mga pamagat ay naging pampalakas-loob sa akin, at kung pahihintulutan ako ng Panginoon, ay nais kong magpatuloy sa paggawa ng marami pang mga pamagat.

Ang pinakahuling aklat na ito ay batay sa walong magkakasunod na mga mensaheng² ipinangaral sa isang lokal na konggregasyon noong 1994–1995. Sa pamamagitan nito, ay nais kong makapag-ambag tungo sa isang makabuluhang pagkaunawa ng kung anong ibig sabihin ng pagiging tunay na mayaman at dakila — mula sa pananaw ng bibliya at sa buhay at pagtuturo ng Panginoong Jesus.

Gaya ng nasa aking naunang mga aklat, sinikap kong ipakita na ang mga katotohanang inilahad sa mga pahinang ito ay maingat na kinuha mula sa mga Kasulatan. Umaasa ako na sa pamamagitan ng paglalahad ng mga mensahe sa ganitong paraan, kayo ay matutulungang bumuo ng inyong personal na mga paniniwala sa mga usaping hinarap natin dito batay sa mga Kasulatan.

Sa panahon ng pagsusulat nito, ako ay mayroon nang apatnapung taon ng pakikisama at ministryo sa isang lokal na konggregasyon at dahil doon, ako ay talagang nagpapasalamat sa Panginoon. Ang aking mga aklat ay sumibol mula rito sa apatnapung taon ng buhay na kasama ng kapatiran. Marami sa mga kapatid ay nag-ambag sa iba't ibang paraan sa aking ministryo at sa paggawa ng mga aklat na ito. Kasama sa kanilang

mga iniambag ay ang pagre-record at pagsasalin ng mga mensahe at pagsasaayos ng mga ito para sa paglalathala.

Nais ko ring magpasalamat sa Diyos para sa pakikibahagi ng kapatiran sa ibang mga bansa. Ilan sa kanila ay tumulong sa pag-imprenta at pamamahagi ng mga aklat sa mga rehiyon sa ibayo — mula sa Pilipinas at India hanggang sa Africa at sa America. Ang ilan ay tumulong din na maisalin ang mga aklat sa ibang mga wika. Sa ngayon, ang unang apat na mga pamagat ay naisalin na sa Español, samantalang ang unang pamagat, *Understanding Job* [Pag-unawa sa Job], ay meron na sa Akha, ang wika ng isang tribung minorya sa Thailand, at ang ikaapat na pamagat, *Truly Strong* [Tunay na Malakas], ay kasalukuyang meron na sa wikang Koreano sa ebook.

Ang pakikisangkot ng kapatiran sa lokal na kongregasyon at yaong sa ibang mga bansa, para sa akin, ay isang makabuluhang pagpapakita ng pakikisama ng mga tao ng Diyos sa pangkalahatang iglesya.

Marami pang mga materyal mula sa aking ministryo ang nasa website ng www.godandtruth.com. Bukod sa limang mga aklat sa iba-ibang digital format, ay matatagpuan n'yo rin doon ang maraming mga nasusulat na mga mensahe at mahigit 500 mga mensahe sa audio tungkol sa mahahalagang mga isyu ng pananampalatayang Kristyano. Inaanyayahan ko kayong bumisita sa website at malayang mag-download ng mga materyal para sa personal ninyong gamit o para ipasa sa iba. Kung lolobin ng Diyos, ay nais kong magbigay ng marami pang makabuluhang mga materyal na hango sa kasulatan, upang makatulong sa mga Kristyano na lumago at maglingkod sa Panginoon.

Ito ay nagpapatuloy na proyekto at ako ay taos-pusong naniniwala na hindi ito maisasagawa at mapapanatili nang wala ang pagbibigay-kakayahan at probisyon ng Panginoon. Kung kaya't pinahalagahan ko ang inyong mga panalangin para sa patnubay ng Panginoon at sa pagsasagawa ng buong proyektong

ito upang ito ay talagang makapag-ambag sa espiritwal na paglago ng Kanyang mga anak. Taos-pusong ipinapanalangin ko, na ang mga anak ng Diyos ay maging tunay na mayaman at dakila sa Kanyang kaharian.

Lim Kou

¹ Understanding Job (2003), The Two Kingdoms (2005), Man of Faith (2010), Truly Strong (2014).

² Messages AR147–154 mula sa serye ng mensaheng *Appearance & Reality*.

Panimula

Ang kayamanan, kadakilaan, tagumpay, lakas at kapangyarihan — ang mga ito ay mga konseptong kadalasang iniuugnay sa taong makasanlibutan at ambisyoso. Ang mga bagay na ito ang itinuturing ng mga tao sa mundo bilang s'yang pinakamahalaga at kanilang pinagkakaabalahan. Ang mga Kristiyano ay maaari ding mabitag sa mga larangang ito at ang kanilang mga buhay ay maging walang silbi.

Gayunpaman, mayroong mahalagang puwang para sa totoong kayamanan, tagumpay, lakas at kapangyarihan mula sa pananaw ng kaharian ng Diyos. Itinuturo sa atin ng Bibliya na ang mga ito ay mahalagang bahagi ng masigla at mabisang pamumuhay-Kristiyano. Ngunit kailangan nating kilalanin ang pagkakaiba ng pananaw ng mundo at pananaw ng Diyos tungkol sa kayamanan, kadakilaan, tagumpay, lakas at kapangyarihan.

Pinagbulayan ko ang paksa ng tunay na tagumpay sa aking aklat na *The Two Kingdoms* [Ang Dalawang mga Kaharian], at ang tunay na lakas at kapangyarihan sa aking aklat na *Truly Strong* [Tunay na Malakas]. Tinalakay ko ang mga paksang ito tungkol sa tunay na tagumpay at tunay na kalakasan sa pamamagitan ng pag-aaral sa buhay at katuruan ng Panginoong Jesu-Cristo.

Sa aklat na ito ay pareho ring pamamaraan ang gagawin ko, kung saan ang mga isyu ng tunay na kayamanan at tunay na kadakilaan ay pangunahing titingnan sa pamamagitan ng mga lente ng buhay at katuruan ng Panginoong Jesus.

Dahil karamihan sa mga tao ay kadalasang tumitingin sa isyu ng buhay mula sa pananaw ng makasalanang sanlibutang ito, ay makikita nila ang buhay at ugali ng Panginoong Jesus, at ang marami sa Kanyang mga katuruan, na isang palaisipan. Ngunit kapag maunawaan natin ang pangunahing alalahanin sa puso

ng Panginoong Jesus, iyon ay ang kaharian ng Diyos, at kapag matutunan nating tingnan ang mga bagay mula sa pananaw ng kaharian ng Diyos, ay magkakaroon tayo ng mas malinaw na pagwawari sa maraming mga isyu, kasama na ang maraming mga isyung may kaugnayan sa kayamanan at kadakilaan, gaya ng:

- Bakit maraming mga tao sa mundo ang naghahangad ng kayamanan at kadakilaan?
- Anong ibig-sabihin ng pagiging tunay na mayaman at dakila?
- Paano isina-halimbawa ng buhay ng Panginoong Jesus ang buhay ng isang tunay na mayaman at dakila?
- Bakit mahalagang maghangad tayo na maging tunay na mayaman at dakila at kung ano ang ilang mga bitag na dapat nating ingatan?
- Paano tayo magiging tunay na mayaman at dakila?
- Paanong nakakaapekto and ating saloobin patungkol sa materyal na kayamanan sa ating pagiging tunay na mayaman at sa ating espiritwal at walang-hanggang kapakanan?
- Maaari bang ang isang tao ay maging mayaman sa materyal na mga bagay ngunit maging dukha sa espiritwal sa kaharian ng Diyos? At maaari bang ang isang tao ay maging dukha sa materyal na mga bagay ngunit tunay na mayaman sa kaharian ng Diyos?
- Mabuti ba at kapaki-pakinabang na magkaroon ng maraming materyal na kayamanan?
- Ano ba ang matalinong pamamaraan ng pangangasiwa sa materyal na kayamanan at ano ang ilang mga praktikal na pamamaraan upang ang matalinong pangangasiwa ay maipamalas?

- Ano ang mga maling konsepto ng kadakilaan at paano makakahadlang ang mga ito sa gawain ng Diyos?
- Bakit ang tunay na kadakilaan ay mahalagang nakaugnay sa pagkakaroon ng puso ng isang lingkod?

Malugod nawa ang Panginoon na gamitin ang nilalaman ng aklat na ito upang makapag-ambag tungo sa isang makabuluhang pagkaunawa ng kung ano ang kahulugan ng pagiging tunay na mayaman at dakila. At nawa ay tulungan Niya tayong lahat na maging tunay na mayaman at dakila sa Kanyang kaharian.

Nais ng Diyos na Tayo Ay Maging Mayaman Tungo sa Kanya

Sa buong mundo, ang mga tao ay abala sa materyal na kayamanan. Sa pambansang antas, ay mayroong malakas na pagbibigay-diin tungkol sa mga bansang mas yumayaman, at ang paglago ng kabuuan ng pambansang produkto o *gross national product* ay kadalasang itinuturing na sukatan ng pag-unlad at tagumpay ng isang bansa. Sa personal na antas, ang materyal na kayamanan ng isang tao ay kadalasang naging sukatan ng kung gaano kabuti ang kanyang kalagayan.

Maraming mga naghahangad na yumaman ang nahuhulog sa tukso, na nagreresulta sa kanilang pagkasira at pagkawasak. Sa mga pasilyo ng kasaysayan ay nakakalat ang maraming mga nagpursige sa landas na ito at nauwi sa kapahamakan.

Si apostol Pablo ay nagbababala sa atin tungkol dito sa 1 Timoteo 6:9.

1 Timoteo 6:9

Subalit ang mga naghahangad yumaman ay nahuhulog sa tukso at sa bitag ng kahangalan at nakapipinsalang pagnanasa. Ang mga ito ang magtutulak sa tao sa kapahamakan.

Ang paghahangad ng kayamanan ay nagpapahirap, sa kapwa mayayaman at sa mga dukha. Ang mahihirap ay gustong yumaman, at ang mayayaman ay gustong mas yumaman pa. Sa paghahanap na ito para sa kayamanan, marami ang handang maging hindi tapat, mandaya, magsinungaling, magplano ng masama at kahit pumatay.

Maraming mga krimen ang ginagawa ng mga taong naghahangad ng materyal na kapakinabangan. Nakakakita tayo ng lahat ng uri ng kasinungalingan at pagpapalano ng masama — mula sa “pandaraya ng mga estudyante” at “mga pipitsugin” na nandaraya sa mga timbangan o nagpapalusot ng mababang-uri at mga huwad na paninda bilang tunay, hanggang sa mga intriga at masasamang mga plano sa mataas na lipunan, kung saan malaki ang nakataya, at propesyunal na mga krimen at katiwalianang maaaring kinasasangkutan ng milyon-milyong salapi.

Bakit gusto ng mga taong kumita ng maraming pera? Pinag-isipan ko ang isyung ito noong ako ay bata pa. Hindi maaaring gusto ng mga tao ang pera dahil sa pera mismo dahil ang pera ay walang likas na halaga. Gusto ng mga tao ang pera dahil sa iniisip nilang magagawa nito para sa kanila. Makakabili ito para sa kanila ng materyal na mga bagay. Makakapagbigay din ito sa kanila ng katayuan sa buhay, impluwensya at maging kapangyarihan. Kung kaya, ang karaniwang kasabihang “money talks” [nagsasalita ang pera] — na hindi lang tumutukoy sa pera na nakakabili ng mga bagay-bagay, kundi sa kung paano rin maaaring gamitin ang pera upang magdulot ng impluwensya at makuha ng isang tao ang kanyang gusto.

Sa mas malalim na antas, marami ang naghahanap ng materyal na kayamanan dahil ito ay nagbibigay sa kanila ng pakiramdam ng may seguridad at iniisip nilang makakapagbigay ito sa kanila ng kaganapan, kasiyahan at kaligayahan. Iniuugnay nila ang materyal na kayamanan sa kabutihan at tagumpay sa buhay, ngunit hindi nila naiisip na ang maaaring matamo sa pamamagitan ng panlupang kayamanan ay hindi maaaring magbigay ng tunay na kasiyahan sa kaluluwa ng tao.

Ang pagsisikap na hanapin ang tunay na katuparan at punan ang kahungkagan ng ating mga buhay sa pamamagitan ng pagkakamit ng kayamanan ay maaaring ihambing sa isang taong naghuhukay ng butas. Habang patuloy siyang naghuhukay,

ay lalong lumalaki ang butas at higit pang lumalaki ang kahungkagan ng kanyang buhay. Nakakalungkot na bagaman ito ang katotohanan, marami pa rin ang patuloy na naghahangad magtamo ng kayamanan. At mas nakakalungkot na maraming mga mananampalataya, ang higit na nakakaalam sana, ang nakikiisa rin sa paghahanap na ito.

Pagbulayan natin ang buhay ng Panginoong Jesus at ang Kanyang katuruan tungkol sa kayamanan at kung anong kahulugan ng pagiging tunay na mayaman.

Ang Panginoong Jesus ay dukha ngunit tunay na mayaman

Sa Kanyang pamumuhay sa lupa, ang Panginoong Jesus ay dukha mula sa panahon ng Kanyang pagsilang. Ang Kanyang mga magulang ay dukha sa materyal. Ang Kanyang ama ay isang karpintero. Nang kanilang iharap ang Panginoong Jesus sa templo, ang inihandog nila ay ayon sa probisyon para sa mga dukha — ang isang pares ng mga batobato, o dalawang mga batang kalapati.

Levitico 12:8

“Kung hindi niya kayang bumili ng kordero, siya ay kukuha ng dalawang batobato o ng dalawang batang kalapati, ang isa’y bilang handog na sinusunog at ang isa’y handog pangkasalanan; at ang pari ay gagawa ng pagtubos para sa kanya, at siya’y magiging malinis.”

Lukas 2:22–24

22 Nang sumapit na ang araw ng kanilang paglilinis ayon sa Kautusan ni Moises, dinala ng kanyang mga magulang ang sanggol sa Jerusalem upang ihandog sa Panginoon.

23 Ito ay ayon sa nakasaad sa Kautusan ng Panginoon, “Ang bawat panganay na lalaki ay itatalaga sa Panginoon.”

24 Nag-alay din sila nang ayon sa sinabi sa Kautusan ng Panginoon, “dalawang batobato o dalawang batang kalapati.”

Ang Panginoong Jesus ay hindi nagkaroon ng isang maginhawa, maalwan o marangyang uri ng pamumuhay — wala Siyang mapaghiligan ng Kanyang ulo:

Lukas 9:58

Sinabi sa kanya ni Jesus, “May mga lungga ang mga asong gubat at may mga pugad naman ang mga ibon ng himpapawid, ngunit ang Anak ng Tao ay walang sariling matitirahan.”

Ngunit paanong ang Panginoong Jesus ay maaaring maging dukha samantalang Siya ang Anak ng Diyos at lumikha ng lahat ng mga bagay? Hindi ba sinasabi ni Pablo na “ang mga di-masukat na mga kayamanan ni Cristo” ay mahalagang bahagi ng mensahe ng ebanghelyo (Ef. 3:8)?

Sa nakikita, at temporal na larangan, at mula sa makasanlibutang pananaw, ang Panginoong Jesus ay tunay na dukha. Siya ay dukha sa materyal na kayamanan at mga ari-arian sa panahon ng Kanyang buhay sa lupa. Ngunit sa katotohanan, mula sa espiritwal at pangwalang-hanggang pananaw, Siya ay tunay at walang-hanggan ang yaman sa lahat ng panahon. Sapagkat na kay Cristo ang di-masukat na kayamanan.

Ang di-masukat na mga kayamanan ni Cristo ay hindi lang para sa Kanyang sarili, bagkus ay para rin sa atin. Ito ang direksyon na dapat nating pagsumikapan — ang maging tunay na mayaman sa Panginoon, sa paraang ang kayamanang espiritwal ng ating mga buhay ay aapaw sa positibong epekto at magpapayaman din sa buhay ng iba.

Ang turo ng Panginoong Jesus tungkol sa kayamanan

Ang wastong pananaw, saloobin at pamamaraang dapat nating taglayin tungkol sa kayamanan ay isang mahalagang tema sa pagtuturo ng Panginoong Jesus. Ang Mateo 6:19–24 ay isang susing talata sa paksang ito.

Pag-iipon ng mga kayamanan sa langit

Mateo 6:19–21

19 “Huwag kayong mag-impok para sa inyong mga sarili ng mga kayamanan dito sa lupa, kung saan ang bukbok at kalawang ay sumisira at kung saan ang mga magnanakaw ay nakapanloloob at nakapagnanakaw.

20 “Sa halip ay mag-impok kayo para sa inyong sarili ng mga kayamanan sa langit, kung saan ang bukbok at ang kalawang ay hindi makakapanira at kung saan ang mga magnanakaw ay hindi nakapanloloob at nakapagnanakaw;

21 Sapagkat kung saan nakalagak ang iyong kayamanan, doon din naman malalagak ang iyong puso.

Itinuturo ng Panginoong Jesus sa atin na huwag mag-ipon para sa ating mga sarili ng mga kayamanan sa lupa. Hindi Niya sinasabing ang pagkakaroon ng materyal na mga bagay ay mali. Ang sinasabi Niya ay hindi tayo dapat mag-ipon ng mga kayamanan sa lupa mula sa pansarili at makasariling mga hangarin. Ipinaliwanag Niya na ang ganoong mga kayamanan sa lupa ay hindi magtatagal, sapagkat dito “ang bukbok at kalawang ay sumisira at ang mga magnanakaw ay nakapanloloob at nakapagnanakaw”. Ang mga ito ay hindi tunay na mga kayamanan at hindi natin dapat itinutuon ang ating mga puso sa kanila.

Sa kabilang banda, sinasabi Niya sa talata 20: “Sa halip ay mag-impok kayo para sa inyong sarili ng mga kayamanan sa langit, kung saan ang bukbok at ang kalawang ay hindi makakapanira, at kung saan ang mga magnanakaw ay hindi nakapanloloob at nakapagnanakaw.” Dapat tayong mag-impok para sa ating mga sarili ng tunay na mga kayamanan pangwalang-hanggan. Kapag nag-impok tayo ng tunay na mga kayamanan, ay walang makakakuha ng mga ito mula sa atin. Ang panahon ay hindi makasisira nito at maging ang kapangyarihan ng kadiliman ay hindi maaagaw ang mga ito.

Sa mga talata 22 at 23, itinuturo ng Panginoong Jesus sa atin na kung ang ating mata ay malinaw, ang ating buong katawan ay mapupuno ng liwanag.

Isang malinaw na mata

Mateo 6:22–23

22 “Ang mata ang pinakatanglaw ng katawan. Kaya’t kung malusog ang iyong mata, mapupuno ng liwanag ang iyong buong katawan.

23 Subalit kung masama ang iyong mata, mapupuno ng kadiliman ang iyong buong katawan. Kaya’t kung ang liwanag na nasa iyo ay kadiliman, napakalaking kadiliman iyan!”

Ang “malinaw” ay maaari ding isalin na “malusog” o “nasa kondisyon”. Sa dalawang mga talatang ito, ay binibigyang diin ng Panginoong Jesus ang kahalagahan ng pagkakaroon ng malalim na espiritwal na pagka-unawa, ng tamang pananaw at uri ng puso. Ang agad-agad na pagsasabi ng prinsipyong ito matapos magsalita tungkol sa uri ng kayamanang dapat pagtuunan ng ating mga puso ay nagpapakita kung gaano kahalaga para sa atin na magkaroon ng wastong pagka-unawa at saloobin tungkol sa pagiging mayaman. Kapag tayo ay may tamang pang-unawang espiritwal, at kapag ang ating mga puso ay nakaayon sa katotohanan, ay hindi tayo mabibitag ng mapanlinlang na kayamanang materyal. Sa halip, ang ating mga puso ay maitutuon sa pagiging tunay na mayaman.

Sa kasunod na talata, ay itinuturo sa atin ng Panginoong Jesus ang isa pang mahalagang prinsipyo ukol sa wastong pananaw tungkol sa materyal na kayamanan.

Isang di-hating puso para sa Diyos

Mateo 6:24

“Walang taong maaaring maglingkod sa dalawang panginoon, sapagkat kamumuhian niya ang isa at mamahalin naman ang pangalawa, o kaya’y magiging tapat siya sa isa at hindi igagalang ang pangalawa. Hindi kayo maaaring maglingkod sa Diyos at sa salapi.”

Ang turo ng Panginoon ukol sa ating saloobin tungkol sa materyal na kayamanan ay napakalinaw at tiyak: Hindi tayo maaring maglingkod sa Diyos at sa kayamanan. Maraming mga mananampalataya ang hati sa kanilang mga puso sa bagay na ito, kung kaya't hindi lumalago nang maayos sa kanilang mga buhay. Mahal nila ang Panginoon, ngunit mahal din nila ang materyal na kayamanan. Kailangan nating gumawa ng malinaw na paninindigan sa larangang ito. Kung yumayakap tayo sa kayamanan ay hindi natin maaaring ibigin, sambahin at paglingkuran nang maayos ang Diyos.

Ang pagka-mapanlinlang ng kayamanan

Sa talinghaga ng maghahasik, ang Panginoong Jesus ay nagbabala laban sa pagka-mapandaya ng kayamanan, kasama ng iba pang mga bagay.

Mateo 13:22

“Tungkol sa naihasik sa may mga halamang tinikan, ito ang taong nakikinig ng salita ngunit ang mga alalahanin sa sanlibutan at ang panlilinlang ng mga kayamanan ay sumasakal sa salita, anupa't hindi ito nakapamumunga.”

Ipinapaliwanag ng Panginoong Jesus na ang pagka-mapanlinlang ng kayamanan ay sumasakal sa salita ng Diyos kaya ito ay hindi nakakapamunga. Kapag ang mga hindi mananampalataya ay abala sa paghahanap ng materyal na kayamanan, ay magiging mahirap para sa katotohanan ng ebanghelyo na magkaroon ng puwang sa kanilang mga puso. Gayundin, kapag ang mga mananampalataya ay mahigpit na hawak ng materyal na kayamanan, ang katotohanan ay hindi rin makakapamunga ng mabuting bunga sa kanilang mga puso. Kapag ang ating mga buhay ay sinasakal ng mga tinik ng kayamanan ay hindi tayo makikinabang nang husto.

Ang hangal na mayaman

Pakinggan natin kung ano ang sinasabi ng Panginoong Jesus sa paksang ito sa talinhaga ng hangal na mayaman.

Lukas 12:13–23

13 Isa sa mga tao ang nagsabi kay Jesus, “Guro, sabihin mo sa aking kapatid na bahaginan ako ng mana.”

14 Ngunit sumagot siya, “Lalaki, sino ang nagtalaga sa akin na maging hukom o tagahati ng mana ninyo?”

15 At sinabi niya sa kanila, “Mag-ingat kayo at bantayan ninyo ang inyong sarili sa lahat ng kasakiman. Sapagkat ang buhay ng tao ay hindi nakasalalay sa kasaganaan ng kanyang mga ari-arian.”

16 At isinalaysay niya sa kanila ang isang talinghaga, “Namumunga nang sagana ang lupain ng isang taong mayaman.

17 Napag-isip-isip niya sa sarili, ‘Ano ngayon ang gagawin ko? Sapagkat wala na akong mapaglagyan ng aking mga inani.’

18 Sabi niya, ‘Ito ang gagawin ko. Gigibain ko ang aking mga kamalig at magtatayo ako ng mas malalaki at doon ko iimbakin ang aking mga ani at ari-arian.

19 At sasabihin ko sa aking sarili, “Marami ka nang ari-ariang nakaimbak para sa maraming taon. Magpahinga ka, kumain, uminom at magpakasaya.”

20 Subalit sinabi sa kanya ng Diyos, ‘Hangal! Sa gabing ito ay babawiin sa iyo ang iyong buhay. Kanino ngayon mapupunta ang iyong mga inihanda?’

21 Gayon nga ang nagtitipon ng kayamanan para sa kanyang sarili ngunit hindi mayaman sa harap ng Diyos.”

22 At sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Kaya nga sinasabi ko sa inyo, huwag ninyong ikabalisa ang inyong ikabubuhay, o kung ano ang inyong kakainin, o kung ano ang inyong isusuot.

23 Sapagkat mas mahalaga ang buhay kaysa pagkain, at ang katawan kaysa pananamit.”

Sinabi ng Panginoong Jesus ang talinhagang ito nang ang isang alaki ay humiling sa Kanya na sabihan ang kanyang kapatid

na hatian siya sa ari-arian ng kanilang pamilya na kanilang minana. Sumagot ang Panginoong Jesus: “Lalaki, sino ang nagtalaga sa akin na maging hukom o tagahati ng mana ninyo?” Sa pamamagitan nito ay sinasabi ng Panginoon na ang pangunahing alalahanin ng Kanyang puso nang pumarito Siya sa daigdig ay hindi tungkol sa mga bagay na ito. At inilahad Niya ang talinhaga upang tulungan tayong makita kung ano ang tunay na mahalaga.

Ikinukwento ng talinhaga ang tungkol sa isang lalaking mayaman sa materyal na mga bagay. Ngunit sa katotohanan, siya ay napakahirap. Siya ay dukha sa mga bagay na talagang may halaga, sapagkat siya ay hindi mayaman sa Diyos. Ipinahayag ng Panginoon na siya ay isang hangal dahil sa uri ng kanyang pamumuhay. Sinabi Niya sa kanya: “Hangal! Sa gabing ito ay babawiin sa iyo ang iyong buhay.” Makinig tayong mabuti sa matalas na pananalita ng di-pagsang-ayon ng Diyos sa buhay ng lalaking ito, at sa babala ng Panginoong Jesus: Mag-ingat kayo at bantayan ninyo ang inyong sarili sa lahat ng kasakiman (t. 15).

Punahin natin ang ilang mahahalagang punto mula sa talinhagang ito.

1. Ang buhay ay hindi binubuo ng mga ari-arian

“Mag-ingat kayo at bantayan ninyo ang inyong sarili sa lahat ng kasakiman; sapagkat ang buhay ng tao ay hindi nakasalalay sa kasaganaan ng kanyang mga ari-arian.” (Lukas 12:15).

Hindi sinasabi ng talatang ito sa atin na hindi tayo dapat magkaroon ng materyal na mga ari-arian. Sinasabi nito sa atin na ang buhay ay hindi lang binubuo ng mga nakikita at ng materyal, at hindi tayo dapat namumuhay na para bang ang mga ito ang pinakamahalagang mga bagay sa buhay. Hindi tayo dapat nahahawakan nang mahigpit ng mga ito.

Ang mali ay hindi yaong ang lalaki ay mayaman, bagkus ay ang buong pananaw niya, pamamaraan at saloobin tungkol sa kayamanan. Sa mga talata 17–19, ang lalaki ay nangangatwiran sa kanyang sarili tungkol sa kung ano ang gagawin niya sa

kasaganaan ng kanyang mga ani. Sinabi niya: “Ito ang gagawin ko: Gigibain ko ang aking mga kamalig at magtatayo ako ng mas malalaki at doon ko iimbakin ang aking mga ani at ari-arian. At sasabihin ko sa aking sarili, ‘Marami ka nang ari-ariang nakaimbak para sa maraming taon. Magpahinga ka, kumain, uminom at magpakasaya’ ”.

Siya ay nakatuon sa pagpapalawak at pagkakamal ng kanyang materyal na kayamanan at sa pagpapasarap sa kasiyahan ng materyal na mga bagay sa buhay, na para bang ang mga iyon ang pinakamahalaga para sa kanyang kaluluwa. Hindi niya naisip na ang kanyang pagtutuon sa pagpapasarap sa materyal na mga bagay sa buhay ay nakakasira sa kanyang kaluluwa at mauuwi sa kapahamakan nito.

2. Mag-ingat sa pagiging pangahas

‘At sasabihin ko sa aking sarili, “Marami ka nang ari-ariang nakaimbak para sa maraming taon. Magpahinga ka, kumain, uminom at magpakasaya.” ’ (Lukas 12:19).

Ipinalagay ng lalaki na siya ay magkakaroon ng maraming mga taon ng ginhawa at kasaganaan sa hinaharap. Iniayos niya ang lahat ng kanyang mga plano at inisip niya na ang naipon niyang kayamanan ay magtatagal sa kanya para sa mahabang panahong darating. Siya ay naging pangahas. Hindi niya inisip na maaaring may anumang bagay na mangyari sa kanya. Hindi niya inisip na maaari siyang mamatay anumang oras at kailangan niyang magsulit ng kanyang buhay sa Diyos, o na maaaring mawala ang lahat ng kanyang mga ari-arian, o mayroong maraming mga taon ng lumbay, pasakit at pagdurusang naghihintay sa kanya. Hindi niya naisip na nang gabing iyon, ay sasabihin ng Diyos: “Hangal! Sa gabing ito ay babawiin sa iyo ang iyong buhay.”

3. Mag-ingat sa maling batayan para sa ating katiyakan

Ang lalaki ay nagmamay-ari ng isang produktibong lupain, kaya siya ay tiwala na ito ay mamumunga nang sagana sa loob ng

maraming taon. Iyon ang pinagkukunan niya ng seguridad. Iyon ay nasa larangan ng materyal, at siya ay nagplano batay sa kung anong nakikita niya.

Kapaki-pakinabang na itanong natin sa ating mga sarili: Ano ang batayan ng ating seguridad? Ang atin bang mga ari-ariang materyal o ang Diyos? Hindi ibig-sabihin na hindi tayo maaaring maglaan ng probisyon para sa hinaharap, ngunit kailangan ba natin ng nahahawakang mga bagay para makaramdam ng katiyakan? Makakapagtiwala ba tayo sa Panginoon anuman ang hinaharap? Napagpasyahan na ba natin ang isyung ito sa ating mga buhay?

Habang tayo ay sagana — may isang matatag na trabaho, may malaking pera sa bangko — ay madaling magsabi na ang ating katiyakan ay nasa Panginoon. Ngunit kapag nalagay sa panganib ang mga ito o nawala, tayo ba ay mayroon pa ring malalim na pakiramdam ng katiyakan sa Panginoon? Tayo ba ay handang gumawa ng hakbang na nakita natin ay siyang nais ng Diyos sa atin, ngunit nangangahulugan naman ng pagbitaw sa isang regular na pinagkukunan ng kita? Handa ba tayong gawin iyon at magtiwala sa Diyos na Siya ang magbibigay ng materyal nating mga pangangailangan?

Hindi natin madadagdagan ang ating pakiramdam ng katiyakan sa Panginoon sa pamamagitan lang ng pagsisikap na huwag ilagay ang ating seguridad sa ibang mga bagay. Ang tunay na seguridad sa Diyos ay natatamo lang kapag tayo ay mayroong tunay na batayan para sa ating kumpiyansa sa Kanya. Nangangailangan ito na tayo ay mamuhay na nakalulugod sa Diyos. Dapat maging matuwid tayo sa Diyos bago tayo magkaroon ng tunay na katiyakan. Yaong ang mga buhay ay hindi nakalulugod sa Diyos ay walang angkop na batayan para sa ganoong katiyakan sa Kanya. Kung maninindigan sila ng matibay na pananampalataya sa probisyon at pangangasiwa ng Diyos para sa kanilang buhay ay maaaring mauwi lang sa kanilang pagkabigo.

Marami ang tumitingin sa Awit 23 para sa kaaliwan at katiyakan ng probisyon at pangangasiwa ng Diyos: “Ang

Panginoon ay aking pastol; hindi ako magkukulang”. Maaari din nating sikaping aliwin at bigyang-katiyakan ang iba sa pamamagitan ng pagbanggit sa awit na ito. Ngunit ang pakiramdam ng kaaliwan ay maaaring huwad. Ang Awit 23 ay hindi nangangako o nagbibigay-katiyakan sa atin ng anuman sa mga bagay na iyon.

Ang Awit 23 ay isang patotoo ni David. Nagpapatotoo siya: “Ang Panginoon ay aking pastol; hindi ako magkukulang”. Ito ay totoo sa buhay ni David. Iniibig niya ang Panginoon at sinisikap niyang lumakad na kasama Niya. Bagaman siya ay may mga kahinaan, nagtiwala siya sa Diyos at lumakad na may kapakumbabaan kasama Niya. Siya ay isang lalaking pinahalagahan ng Diyos — isang lalaking kinalulugdan ng puso ng Diyos.

Walang mga pangako sa Awit 23 na maaari nating angkinin. Ngunit ang awit na ito ay maaaring maging malakas na pampalakas-loob para sa atin. Kung iniibig natin ang Panginoon at natutunan nating lumakad na kasama ang Diyos, kung paanong sinikap ni David na lumakad nang ganoon, tayo rin ay maaaring magkaroon ng isang malalim at angkop na katiyakan ng probisyon at paggawa ng Diyos.

Ang tunay na seguridad ay nasa Panginoon at sa Kanyang probisyon at pagkilos para sa atin. Ngunit ito ay totoo lang para sa isang umiibig sa Panginoon, at lumalakad na kasama Siya.

4. *Mag-ingat sa pagka-makasarili at kasakiman*

Ang malaking problema sa mayamang lalaki sa talinhaga ay ang kanyang pagka-makasarili at kasakiman. Bakit niya gustong magparami ng kanyang mga ari-arian? Dahil gusto niyang magipon ng mga kayamanan *para sa kanyang sarili*. Plano niyang magpasarap sa kanyang sarili sa maraming taon, kung saan maaari siyang “kumain, uminom at magpakasaya”.

Bagaman ang materyal na kayamanan ay maaaring maging isang bitag, ngunit hindi ito likas na masama. Sa ating tapat na paglakad kasama ang Panginoon, ay maaaring ipahintulot Niyang

pagkatiwalaan tayo ng materyal na mga ari-arian at kayamanan. Kapag ginawa Niya ito, ay gagamitin natin ito sa mabuting layunin. Ngunit hindi tayo dapat mangatwiran o mag-isip na ayos lang na ituon natin ang ating puso sa paghahangad ng kayamanan dahil gagamitin naman natin ito sa mabuting layunin.

5. Mag-ingat na hindi ka masabihan na isang hangal

“Subalit sinabi sa kanya ng Diyos, ‘Hangal! Sa gabing ito ay babawiin sa iyo ang iyong buhay. Kanino ngayon mapupunta ang iyong mga inihanda?’ ” (Lukas 12:20).

Sinabihan ng Diyos ang lalaking ito na “isang hangal” dahil sa kanyang makasariling saloobin at mga pag-uugali, Magiging kalunos-lunos kung ito rin ang sasabihin sa atin ng Diyos dahil sa paraan ng ating pamumuhay. Makinig tayo sa babala ng Panginoon at huwag nating ituon ang ating mga puso sa pagkakamal ng panlupang mga ari-arian o ilagak ang ating seguridad sa mga iyon.

6. Maging mayaman sa harap ng Diyos

“Gayon nga ang nagtitipon ng kayamanan para sa kanyang sarili ngunit hindi mayaman sa harap ng Diyos.” (Lukas 12:21)

Sa talatang ito ay inilalapat ng Panginoon ang katotohanang itinuturo Niya sa talinhaga sa sinumang nag-iipon ng kayamanan para sa kanyang sarili at hindi mayaman sa harap ng Diyos.

Ang mahalagang isyu na Kanyang binibigyang-diin ay yaong dapat tayong maging mayaman sa harap ng Diyos. Ang tunay na kayamanan ay wala sa larangan ng nakikita at pansamantala. Ang tunay na kayamanan ay tungkol sa sukat na nahubog sa atin ang panloob na mga katangiang mahalaga sa Panginoon. Kapag lumago tayo sa panloob na mga katangiang ito at sa yaman ng relasyon natin sa Diyos, at ipinamumuhay natin ang ating mga buhay na nagkakaroon ng mabuting bunga, tayo ay magiging tunay na mayaman.

7. Huwag mabalisa tungkol sa pangunahing mga pangangailangan ng buhay

“At sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad, “Kaya nga sinasabi ko sa inyo, huwag ninyong ikabalisa ang inyong ikabubuhay, o kung ano ang inyong kakainin, o kung ano ang inyong isusuot. Sapagkat mas mahalaga ang buhay kaysa pagkain, at ang katawan kaysa pananamit.” ” (Lukas 12:22–23)

Kung matutunan natin kung paano mamuhay na kasama ang Panginoon, ay hindi natin kailangang mabalisa tungkol sa mga pangangailangan sa buhay.

Sa Lukas 12:24, ay binanggit ng Panginoong Jesus ang mga ibon. Hindi kagaya ng lalaking mayaman, na abala sa pagkakamal ng marami pang kayamanan para sa maginhawang kinabukasan, ang mga ibon ay hindi nagtatanim o umaani, wala rin silang mga kamalig na imbakan ng kanilang pagkain. Ngunit sinasabi sa atin ng Panginoon na sila ay pinaglalaanang mabuti ng pagkain. Pinakakain sila ng Diyos. At tayo ay higit mahalaga sa Diyos kaysa sa mga ibon.

Narapat tayong magtiwala sa Diyos na magkakaloob sa atin, kung paanong binibigyan Niya ang mga ibon ng pagkain at dinadamitan ang mga liryo sa parang. Sinasabi ng Panginoon sa talata 29: “Kaya huwag kayong maghahanap ng kung ano ang makakain o maiinom. Huwag kayong mangangamba”. Marami ang nag-aalala sa mga bagay na ito, ngunit sinasabi ng Panginoon na huwag tayong mabalisa tungkol sa mga ito.

Hindi ipinangako ng Panginoon na ipagkakaloob Niya ang anumang ninanasa natin. Ngunit mapagkakatiwalaan natin Siya para sa pangunahing mga pangangailangan ng buhay. Ang pagtiwala at katiyakang ito ay nasa konteksto ng talata 31: “Ngunit pagtuunan ninyo ng pansin ang kanyang paghahari, at idaragdag sa inyo ang lahat ng mga ito.” Ang kahulugan nito ay yaong ang kaharian ng Diyos ay dapat magkaroon ng pangunahing prayoridad sa ating mga buhay.

Maaari nating sabihin na ito ay isang pangunahing isyu ng pagka-alagad — ang pagtitiwala sa Diyos para sa pangunahing mga pangangailangan sa buhay. Ngunit maraming mga mananampalataya ang hindi pa napagpapasyahan ang isyung ito sa kanilang mga puso. Kung hindi natin napagpasyahan nang maayos ang isyung ito, tayo ay maaaring mapigilan nang husto sa ating lakad na kasama ng Panginoon at sa ating espirital na paglago. Maaari din tayong madapa at magkumpromiso sa ating pamamaraan ng pagharap sa buhay.

Kaya dapat ay matutunan muna nating hanapin and Kanyang kaharian at ang Kanyang katuwiran. Sa ganoon lang tayo maaaring magtiwala nang wasto sa Kanya para sa lahat ng bagay. Nakakatulong kung isaalang-alang at ipanalangin ang isyung ito: Itinuon na ba natin ang ating mga puso sa mga bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos? Kung nagawa na natin, ay hindi na tayo dapat mabalisa pa tungkol sa pangunahing mga bagay sa buhay, at maaari tayong magtiwala nang lubos sa Diyos na magkakaloob para sa atin.

Hindi madali ang maging mayaman ngunit tapat

Abala sa materyal na kayamanan

Hindi lang mga taong pinagkaitan ng materyal ang abala sa pagtatamo ng materyal na mga bagay at pagkita ng mas maraming pera. Maraming mayayaman ang dinadapuan din ng ganitong “sakit”, kung hindi man mas malala pa. Ang gana para sa mas marami pa ay maaaring walang kasiyahan. Ito ay dahil sa pagkakaroon ng maling saloobin at mga panloob na pagkagusto.

Iniisip ng maraming mga tao na kapaki-pakinabang ang maging mayaman sa materyal, at sila ay masisiyahan kapag sila ay naging mayaman. Ngunit ang mayayaman ay kalimitang nahihirapang makuntento. Ang mga nakaririwasa sa materyal ay maaaring maging abala sa paghahangad na magtamo ng karagdagan pang kayamanan. Maaari din silang mabahala na ang kanilang kayamanan ay lumiit o masira.

Isang huwad na pakiramdam ng katiyakan

Yaong mga sagana ay maaaring mas mahirapan na hindi maglagak ng kanilang tiwala sa kayamanan kaysa sa mga kakaunti ang pag-aari. Kapag kakaunti ang meron tayo, ay maaari tayong mas magtiwala sa Panginoon. Ngunit habang tayo ay yumayaman sa materyal, ay maaaring magsimula tayong umasa sa ating kayamanan. Maging kahit ang ating kayamanan ay natamo sa konteksto ng tapat na lakad kasama ng Diyos, ay kailangan pa rin nating maging maingat na huwag itong maging isang bitag sa ating mga buhay.

Tingnan natin ang Kawikaan 18:11

Kawikaan 18:11

Ang yaman ng mayamang tao ang kanyang matibay na lunsod, at sa kanyang pag-iisip ay tulad ng pader na matayog.

Inilalarawan ng mayamang lalaki ang kanyang kayamanan bilang kanyang matibay na lunsod at matayog na pader. Siya ay may pakiramdam ng seguridad sa kanyang kayamanan at itinuturing niya ito na hindi kayang igupo. Ito ang direksyon ng pag-iisip ng mayamang lalaki na dapat niyang bantayan. Pansinin ang salitang ‘imahinasyon’ [pag-iisip]. Ang pakiramdam ng seguridad ng mayamang lalaki ay imahinasyon lang niya. Ito ay nasa isip lang. Sa katotohanan, ang kanyang kayamanan ay hindi lunsod na matibay o pader na matayog. Ang sinusundang talata ay nagbibigay sa atin ng kasalungat.

Kawikaan 18:10

Ang pangalan ng Panginoon ay isang toreng matibay; tinatakbuhan ng matuwid at doon siya’y tiwasay.

Sa Panginoon ay may tunay na seguridad. Ngunit pansinin na ang matuwid ang siyang ligtas sa Kanya. Maaari lamang tayong magkaroon ng tunay na katiyakan sa Panginoon at makatagpo sa Kanya ng isang toreng matibay kung iaayos natin nang tama ang ating mga buhay.

Ibinigay ni Pablo ang turong ito tungkol sa mga mananam-palatayang mayaman:

1 Timoteo 6:17

Utusan mo ang mayayaman sa kapanahunang ito na huwag silang magmataas o magtiwala sa kayamananang lumilipas at pansamantala lamang. Sa halip ay magtiwala sila sa Diyos na masaganang nagkakaloob ng lahat ng bagay para sa ating kasiyahan.

Pinapayuhan ni Pablo ang mayayaman na huwag maging palalo o umasa sa kanilang kayamanan sapagkat mayroong posibilidad na mangyari ito. Sa halip, ang mayayaman ay dapat magtuon ng kanilang pag-asa sa Diyos at matutong makuntento sa pagkain at pananamit (1 Tim. 6:8).

Pagpapanatili ng diwa ng tunay na pagka-alagad

Maaaring isipin ng marami na mabuti ang magparami ng kayamanan. Sa katunayan, kapag tayo ay mayaman, mas mahirap para sa atin ang magpanatili ng diwa ng tunay na pagkaalagad at gumamit ng mahusay na pamamahala ng kung anong meron tayo. Walang bayad na ipinagkaloob sa atin ng Panginoon, walang bayad ding padaluyin natin ayon sa kalooban ng Panginoon. Ngunit, kapag mayaman tayo sa materyal ay hindi madaling mamuhay nang may malalim na kamalayan ng kalayaan sa larangang ito.

Tukso at espiritwal na pagsalakay

Ang materyal na kayamanan ay isang pangunahing pinanggagalingan ng tukso sa makasalanang sanlibutan at pangunahin ding pinanggagalingan ng espiritwal na pagsalakay.

Matuto tayo mula sa salaysay ng kung paano tinukso ni Satanas ang Panginoong Jesus sa larangang ito at kung paano Niya pinagtagumpayan ang panunukso.

Mateo 4:8-10

8 Muli, dinala siya ng diyablo sa isang napakataas na bundok at ipinakita sa kanya ang lahat ng mga kaharian sa sanlibutan at ang dangal ng mga ito.

9 Sinabi nito sa kanya, “Ibibigay ko sa iyo ang lahat ng mga ito, kung yuyukod ka at sasamba sa akin.”

10 Sumagot sa kanya si Jesus, “Layas, Satanas! Sapagkat nasusulat, ‘Ang Panginoong Diyos ang iyong sasambahin at siya lamang ang iyong paglilingkuran.’”

Tinukso ng diyablo ang Panginoong Jesus sa pamamagitan ng pag-alok sa Kanya ng “lahat ng mga kaharian sa sanlibutan at ang dangal ng mga ito” kung Siya ay “yuyukod at sasamba” sa kanya. Kasama sa panunuksong ito ang kapangyarihan, katayuan at mga kayamanan ng mundong ito. Madalas na ginagamit ng masama ang materyal na mga kayamanan upang tuksuhin ang mga naghahangad na lumakad nang tapat na kasama ng Diyos. Kapag bumigay tayo sa kanya, tayo ay mahihila sa pagkakaroon ng relasyon sa kanya.

Maaaring hindi namamalayan ng marami na kapag hinayaan nila ang kanilang sarili na maakit sa materyal na kayamanan, sila ay nagpapaubaya sa panunukso ng masama, na naghahangad na sirain sila. Hindi ito basta isang bagay sa pagitan natin at ng kayamanan. May espiritwal na saklaw ito. Ang mga kapangyarihan ng kadiliman ay gumagawa. Ang mga naakit sa materyal na kayamanan ay nahihila nang papalalim nang papalalim sa pagkaalipin, at sila ay mapipigilan ng masama sa kanilang paglakad sa Panginoon.

Pagnilayan natin ang sagot ng Panginoong Jesus: “Layas, Satanas! Sapagkat nasusulat, ‘Ang Panginoong Diyos ang iyong sasambahin, at siya lamang ang iyong paglilingkuran.’” Ang sagot ng Panginoon ay tiyak at determinado. Mahalagang matuto tayo sa halimbawa ng Panginoon kung paano haharapin ang larangang ito ng tukso nang may matibay na pasya. Ang pagpayag sa

panunukso ng diyablo sa kung anong iniaalok niya ay makakapigil sa atin mula sa tunay na pagsamba sa Diyos. Dapat nating ihandog at itutok sa pagsamba sa Panginoon nating Diyos ang ating mga sarili at tayo ay sa Kanya lang maglingkod. Gaya ng sinasabi sa atin ng Panginoong Jesus, hindi tayo makakapaglingkod sa Diyos at sa kayamanan. Ang lubos na katapatan, pagsamba at paglilingkod sa Panginoon ay may pangunahing kahalagahan.

Ang Pag-ibig sa salapi

1 Timoteo 6:9–11

9 Subalit ang mga naghahangad yumaman ay nahuhulog sa tukso at sa bitag ng kahangalan at nakapipinsalang pagnanasa. Ang mga ito ang magtutulak sa tao ng kapahamakan.

10 Sapagkat ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan. Sa paghahangad na yumaman, may mga taong nalayo sa pananampalataya at nasadlak sa maraming kapighatian.

11 Ngunit ikaw na lingkod ng Diyos, layuan mo ang mga bagay na ito. Pagsikapan mong mamuhay sa katuwiran, kabanalan, pananampalataya, pag-ibig, pagtitiis, at kahinahunan.

Binabalaan ni Pablo ang mga mananampalataya na ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan (t. 10). Madalas na ginagamit ng masama ang salapi upang hatakin tayo tungo sa kasamaan. Ang mga naghahangad ng materyal na kayamanan ay madaling nabibitag at ang kanilang mga buhay ay nasisira (t. 9). Sa pag-asam sa salapi ay madali tayong napapalayo mula sa pananampalataya, at pinipinsala natin ang ating mga sarili ng maraming mga kalungkutan (t. 10).

Ang mga ito ay malinaw na mga babala ng Kasulatan, ngunit marami ang patuloy pa ring naliligaw dahil sa pag-ibig sa salapi. Tumingin tayo sa Panginoon, na may pananalanging tulungan tayo na pagpasyahan nang husto at may matibay na paninindigan ang bagay na ito.

Pag-iipon ng kayamananang may mabuting pundasyon para sa hinaharap

Tunay na kayamanan

Pakinggan natin ang tagubilin ni Pablo sa 1 Timoteo 6:11–12.

1 Timoteo 6:11–12

11 Ngunit ikaw na lingkod ng Diyos, layuan mo ang mga bagay na ito. Pagsikapan mong mamuhay sa katuwiran, kabanalan, pananampalataya, pag-ibig, pagtitiis, at kahinahunan.

12 Ipaglaban mong mabuti ang pananampalataya. Panghawakan mo ang buhay na walang hanggan na siyang dahilan ng pagkatawag sa iyo nang maipahayag mo ang mabuting pagpapahayag sa harapan ng maraming saksi.

Sa halip na paghahangad na yumaman at pag-asam ng materyal na kayamanan (t. 10), dapat tayong lumayo mula sa mga bagay na ito at tumutok sa pagsisikap tungo sa katuwiran, kabanalan, pananampalataya, pag-ibig, pagtitiyaga at kaamuan, na siyang tunay na kayamanan. Dapat tayong makipaglaban ng mabuting pakikipaglaban ng pananampalataya upang magtamo ng buhay na walang hanggan.

Sa 1 Timoteo 6:18–19, ay itinuturo ni Pablo na ang tunay na kayamanan ay tungkol sa paggawa ng mabuti, pagiging mayaman sa mabubuting gawa, at pagiging bukas-palad sa pamamahagi sa iba.

1 Timoteo 6:18–19

18 Turuan mo silang gumawa ng kabutihan at maging mayaman sa mabuting gawa, maging bukas-palad at nama-mahagi sa nangangailangan.

19 Sa ganitong paraan sila makapag-iipon ng kayamanan para sa matatag na bukas upang magkamit ng tunay na buhay.

Ang tunay na kayamanan ay may positibong espirital at walang-hanggang sukat. Kapag mayroon tayong tunay na kayamanan, tayo ay nag-iipon para sa ating mga sarili ng mabuting

pundasyon para sa hinaharap at talagang pinanghahawakan natin ang totoo ng buhay. Magkakaroon tayo ng saganang buhay — ang uri ng buhay na ninanais ng Diyos para sa atin, dito sa lupa at sa walang-hanggan.

Ang mahirap ngunit mayamang balo

Hindi lahat tayo ay mayaman sa materyal na kayamanan at hindi lahat tayo ay nasa katayuan na makakapag-ambag ng malaking salapi. Gayon pa man, mula sa pananaw ng bibliya, lahat ng mga mananampalataya ay maaaring maging tunay na mayaman at maaaring mag-ambag nang malaki sa kaharian ng Diyos.

Matuto tayo mula sa buhay ng mahirap ngunit mayamang balo, na pinuri ng Panginoong Jesus. Ang buhay ng mahirap na balong ito ay tahasang kasalungat ng nakita natin sa una na buhay ng mayamang lalaki na sinabihang hangal ng Diyos (Lukas 12:13–23).

Marcos 12:41–44

41 Naupo si Jesus sa tapat ng kabang-yaman ng templo at pinagmasdan kung paano naghuhulog ang mga tao ng kanilang handog na salapi. Maraming mayayaman ang naghuhulog ng malalaking halaga.

42 Dumating ang isang dukhang babaing balo at naghulog ng dalawang kusing, katumbas ng isang pera.

43 Tinawagniya ang kanyang mga alagad at sinabi, “Katotohanan ang sinasabi ko, ang dukhang balong ito ay naghulog ng higit kaysa lahat ng mga naghulog sa kabang-yaman.

44 Sapagkat lahat ay nagbigay mula sa kanilang kasaganaan, ngunit ang babaing ito, sa kabila ng kanyang kahirapan, ay nagbigay ng kanyang buong kabuhayan.”

Ang balo ay mahirap. May dalawa na lang siyang kusing ngunit inihulog niya ang lahat ng kanyang pag-aari.

Ang iniambag ng mahirap na balo ay parang walang halaga at ang kahulugan ng kanyang ginawa ay maaaring napakadaling malampasan. Wala sanang nakapansin sa kanya, ngunit itinangi siya ng Panginoong Jesus bilang isang taong nagbigay ng malaki.

Maraming mayayamang mga tao ang naglalagay ng malalaking halaga ng salapi. Ngunit itinuring ng Panginoon ang balo na siyang “nagbigay nang higit kaysa sa lahat ng mga nag-ambag sa kabang-yaman”. Paano nangyari ito samantalang ang ibinigay lang niya ay dalawang maliliit na baryang tanso? Siya ay napakahirap sa materyal na mga bagay, ngunit mula sa pananaw ng kaharian ng Diyos, siya ay napakayaman. Ang ibinigay niya ay napakahalaga sa mata ng Panginoon. At iyon ang talagang mahalaga. Nagawa niyang magbigay ng higit na malaki dahil sa kanyang saloobin at sa uri ng kanyang puso.

Hindi ang panlabas na kapahayagan ng ating ibinigay ang siyang nagpapasya ng halaga nito. Ang talagang may halaga sa Diyos sa ating naibahagi ay ang mga katotohanan at mga katangiang nasa loob natin, na siyang nagbibigay ng kahulugan at kahalagahan sa panlabas na mga ipinakikita. Upang maging tunay na mayaman, ay dapat nating tutukan ang pagpapalago ng mga katotohanan at mga panloob na katangian.

Pangwakas na mga pananalita

Hingin natin sa Panginoon na buksan ang mga mata ng ating puso upang maunawaan natin nang wasto kung paano haharapin ang mga isyu ng kayamanan. Sa pagkakaroon ng ganoong pang-unawa, ay maitutuon natin, pagkatapos, ang ating mga puso sa pagiging tunay na mayaman na nag-iipon ng mga kayamanan sa langit.

Hingin natin sa Panginoon na tulungan tayong makita kung sa anong paraan at antas tayo may problema sa larangang ito at kung paano natin malulutas ito nang tama. Maging mapagbantay tayo at huwag mahulog sa mga pakana ng diyablo, na nauuwi sa pagkasira ng ating mga buhay dahil sa panlilinlang ng kayamanan. Tumutok tayo sa kung ano ang tunay na may halaga sa paningin ng Diyos at mag-iipon tayo ng isang mabuting pundasyon para sa hinaharap.

Mga tanong para sa pagninilay at talakayan

1. Bakit maraming mga tao sa mundo ang abala sa materyal na yaman at paghahangad ng kayamanan? Ano ang ilang mga problemang kaakibat ng pagnanais na maging mayaman?
2. Ang Panginoong Jesus ba ay mayaman o mahirap sa panahon ng Kanyang buhay sa lupa? Ano ang mga implikasyon nito para sa ating mga buhay?
3. Ano ang matututunan natin sa turo ng Panginoon sa Mateo 6:19–24 at Mateo 13:3–9; 18–23 tungkol sa:
 - Pag-iipon ng mga kayamanan
 - Pagkakaroon ng malinaw na mata at pusong di-hati
 - Pagka-mapanlinlang ng kayamanan?
4. Ano ang hinahangad ng Panginoon na ituro sa atin sa talinhaga ng hangal na mayaman (Lukas 12:12–23)?
5. Sa palagay mo ba ay mas madali o mas mahirap na maging tapat sa Panginoon kapag tayo ay sagana sa materyal na yaman? Bakit?
6. Pinapayuhan tayo ng Kasulatan na tipunin para sa ating mga sarili ang kayamanan ng isang mabuting pundasyon para sa hinaharap (1 Tim. 6:19). Ano ang pagkaintindi mo rito at paano ito maisasagawa?

Ano pang karagdagang pagkaunawa ang nakuha mo sa paksang ito mula sa gawa ng mahirap na balo sa Marcos 12:41–44?

Tunay na Kayamanan at Kapakanan

Sa naunang mensahe ay napuna natin ang turo ng Panginoong Jesus na ang tunay na kayamanan ay wala sa materyal na yaman at tayo ay hindi dapat nag-iipon ng kayamanan sa lupa, sa halip ay dapat tayong mag-iipon ng tunay na kayamanan sa langit. Pinuna rin natin na maraming mga tao ang nagpapakaabala sa pagpapayaman, na nagtatamo ng materyal na yaman, at kasama noon ay ang kamalayan ng katayuan at pagmamataas. Bagaman naghahanap sila ng kasiyahan sa ganoong buhay, makikita nilang ang tunay na kasiyahan ay umiiwas sa kanila.

Sa mensaheng ito, ay susuriin natin ang iba pang mga talata sa paksang ito, simula sa turo ng Panginoong Jesus sa talinhaga ng mayamang lalaki at si Lazaro.

Ang talinhaga ng mayamang lalaki at si Lazaro

Lucas 16:19–31

19 “May mayamang tao na nagsusuot ng mamahaling damit at kumakain nang sagana araw-araw.

20 Isang pulubi namang nagngangalang Lazaro ang nakalupasay sa may pintuan ng mayaman. Marami siyang sugat sa katawan.

21 Masaya na siyang makakain mula sa mga nahuhulog sa hapag ng mayaman. Kahit ang mga aso ay lumalapit at dinidilaan ang kanyang mga sugat.

22 Namatay ang pulubi at dinala siya ng mga anghelsa sa kandungan ni Abraham. Namatay rin ang mayaman at inilibing.

23 Sa gitna ng pagdurusa niya sa Hades, tumingala siya at nakita niya sa kalayuan si Abraham at si Lazaro sa kandungan nito.

24 Kaya't pasigaw niyang sinabi, 'Amang Abraham, maawa ka sa akin! Isugo mo si Lazaro upang isawsaw ang kanyang daliri sa tubig at palamigin ang aking dila, sapagkat naghihirap ako sa apoy na ito.'

25 Ngunit sinabi ni Abraham, 'Anak, alalahanin mong sa iyong buhay ay nagtamasa ka ng mabubuting bagay, samantalang si Lazaro naman ay dumanas ng hirap. Ngayon siya ay inaaliw dito at ikaw naman ay nagdurusa.

26 Bukod dito, may inilagay na malawak na bangin sa pagitan natin upang ang gustong makatawid mula rito patungo sa inyo ay hindi makatatawid o makatawid mula ryan patungo rito.'

27 Sinabi ng mayaman, 'Kung gayon, ipinakikiusap ko sa iyo Ama, na isugo mo siya sa bahay ng aking ama,

28 sapagkat mayroon akong limang kapatid na lalaki, upang si Lazaro'y magpatotoo sa kanila at nang hindi sila humantong sa lugar ng kaparusahang ito.'

29 Ngunit sinabi ni Abraham, 'Nasa kanila si Moises at ang mga propeta. Hayaan mong ang mga kapatid mo'y makinig sa kanila.'

30 Sumagot ang mayaman, 'Hindi sapat ang mga iyon, Amang Abraham. Ngunit kung isa mula sa mga patay ang magpupunta sa kanila, magsisisi sila.'

31 Sinabi naman ni Abraham, 'Kung hindi sila nakikinig kay Moises at sa mga propeta, hindi rin sila makikinig kahit may isang bumangon mula sa mga patay.'"

Ang mayamang lalaki ay mukhang napakaayos ng buhay. Siya ay namuhay sa luho na siyang inaasam ng marami. Siya ay laging nakabihis ng mamahaling mga kasuotan, at nagpapasarap sa marangyang pamumuhay araw-araw.

Sa tahasang kabaligtaran, ay naroon si Lazaro, isang dukha. Ni wala kahit ang mga pangunahing pangangailangan sa buhay. Walang siyang bubong na masisilungan at walang makain. Siya ay nakahandusay sa tarangkahan ng mayamang lalaki at naghahangad na makakain ng mga nahuhulog mula sa hapag ng mayamang lalaki. Ang sa kanya ay isang buhay ng kasalatan at pagdurusa.

Ngunit pansinin ang kanilang mga kalagayan matapos na sila ay parehong mamatay. Sa kabilang buhay, si Lazaro, ang mahirap na lalaki, ay maayos na maayos, na nasa kandungan ni Abraham. Siya ay nasa napakahusay na kalagayan. Sa kabaligtaran, ang mayamang lalaki ay nasa Hades, isang lugar ng pagpapahirap. Siya ay matinding nagdurusa, at kailangang makiusap ng habag kay Abraham at ipadala si Lazaro para palamigin ang kanyang dila (t. 22–24).

Sa pamamagitan ng talinhagang ito, ay binibigyang diin sa atin ng Panginoong Jesus na hindi tayo dapat mamuhay na gaya ng mayamang lalaki dahil kung hindi ay magtatapos din tayo nang katulad niya sa kawalang-hanggan.

Ang iba ay nag-iisip na dahil si Lazaro ay nasa miserableng kalagayan habang nasa lupa, ay magkakaroon siya ng kaginhawahan sa kawalang-hanggan. Samantalang ang mayamang lalaki ay nagpasasa sa karangyaan habang nasa lupa kaya siya ay nagdusa sa kawalang-hanggan. Ngunit ang talinhagang ito ay hindi nagtuturo na magkakaroon ng pagkakabaligtad ng mga pangyayari sa kawalang-hanggan.

Tunay na kayamanan at kapakanan

Ang isang mahalagang aral na gustong ituro ng Panginoong Jesus sa atin sa pamamagitan ng talinhagang ito ay ang kahulugan ng tunay na kayamanan at kapakanan. Para makita ito nang malinaw ay dapat tayong tumingin nang lampas sa materyal at pinansyal na mga kalagayan ng isang tao.

Ang isang tao ay maaaring magdusa ng materyal na kakulangan, kasalatan at kahirapan, ngunit, gaya ni Lazaro, ay maaari siyang maging mayaman sa mata ng Diyos — kahit dito sa lupa. Sa kabilang banda, ang isang tao ay maaaring mamuhay sa materyal na kayamanan at kariwasaan, ngunit, gaya ng mayamang lalaki sa talinhaga, siya ay maaaring hindi mayaman para sa Diyos. Sa katunayan, siya ay maaaring namumuhay sa espirital na karukhaan at nasa miserableng kalagayan, kahit pa siya ay nakasuot ng pinong lino at namumuhay sa pisikal na karangyaan.

Pag-isipan natin ang tatlong mga puntong nagmumula sa talinhaga.

1. Ang mga mayayaman sa materyal na mga bagay ay maaaring hindi mayaman sa espiritwal

Ang mayamang lalaki ay mayaman sa materyal na mga bagay, ngunit siya ay dukha sa espiritwal. Siya ay nasa espiritwal na karukhaan, hindi dahil siya ay mayaman sa materyal, kundi unang-una dahil sa kanyang maling pag-uugali, karakter at pamumuhay.

Bagaman siya ay mayaman at namumuhay sa karangyaan, ay ni hindi man lang siya nagkusang tulungan ang mahirap, nagugutom at nagdurusang si Lazaro, na nakahandusay sa kanyang tarangkahan na umaasam na mapakain. Ang makikita natin sa mayamang lalaki ay isang taong sobra ang pagpapalayaw sa sarili, abala sa materyalismo, at lubos na nagkukulang sa habag para sa mga matindi ang pangangailangan.

2. Ang mga dukha sa materyal na mga bagay ay maaaring hindi rin mayaman sa espiritwal

Iniiisip ng ibang mga tao na dahil sila'y nagdurusa o pinagkaitan sa mundong ito, sila ay mapapabuti sa kawalang-hanggan. Ngunit hindi iyon totoo. Hindi lahat ng mahihirap sa materyal at nagdurusa sa mundong ito ay mapapabuti sa kawalang-hanggan.

Si Lazaro ay napabuti, hindi dahil sa siya ay mahirap sa materyal, bagkus ay dahil sa positibong katotohanang nasa kanyang kalooban. Bagaman hindi ito tahasang sinasabi sa talata, ay malinaw na itinuturo ng mga Kasulatan na kung magiging ano tayo sa mata ng Panginoon at sa kawalang-hanggan ay may kinalaman sa uri ng ating puso. Makikita natin ito sa turo ng Panginoong Jesus sa mga *Beatitudes* (Pagka-mapalad).

Mateo 5:3-12

3 “Pinagpala ang mga mapagpakumbabang-loob, sapagkat para sa kanila ang kaharian ng langit.

4 Pinagpala ang mga nagdadalamhati, sapagkat sila ay aaliwin.

5 Pinagpala ang mga maamo, sapagkat mamanahin nila ang lupa.

6 Pinagpala ang mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, sapagkat sila’y bibigyang-kasiyahan.

7 Pinagpala ang mga mahabagin, sapagkat sila ay kahahabagan.

8 Pinagpala ang mga dalisay ang kalooban, sapagkat makikita nila ang Diyos.

9 Pinagpala ang mga nagsisikap para sa kapayapaan, sapagkat sila ay ituturing na mga anak ng Diyos.

10 Pinagpala ang mga inaapi nang dahil sa katuwiran, sapagkat para sa kanila ang kaharian ng langit.

11 Pinagpala kayo kapag dahil sa akin, kayo’y inaalipusta, inaapi at pinararatangan ng lahat ng uri ng kasamaan na pawang kasinungalingan.

12 Magalak kayo at matuwa, sapagkat malaki ang gantimpala ninyo sa langit, sapagkat gayundin nila inusig ang mga propetang nauna sa inyo.

Itinatala ng *Beatitudes* ang mga taong pinagpala, at may kinalaman ito sa mabubuting ugali at mga katangiang nasa kalooban nila. Ang mga nagugutom at nauuhaw sa katuwiran, ang mga mahabagin at dalisay ang kalooban, at ang mga inuusig dahil sa kanilang pananampalataya kay Cristo ay magkakaroon ng gantimpala sa langit.

3. Ang mga katotohanang nasa talinhaga ay mailalapat sa atin kahit na ang ating mga karanasan ay iba sa mga kalagayan ng mayamang lalaki at ni Lazaro

Maaaring isipin natin na hindi kagaya ng sa mayamang lalaki ang uri ng ating pamumuhay at kung gayon ay hindi tayo kagaya niya. Ngunit hindi ibig-sabihin nito na ang mga katotohanan sa talinhaga ito ay hindi mai-uugnay sa atin.

Ang talinhagang ito ay inilahad sa matalas na pagkakasalungat — ang napakayamang lalaki na namumuhay sa matinding karangyaan at ang napakahirap na si Lazaro ay nagugutom at nagdurusa sa kanyang malalang mga sugat. Ito ay para mas malinaw nating makita ang mga isyung sangkot dito. Hindi natin

kailangang maging eksaktong kagaya ng mayamang lalaki o ni Lazaro para ang mga katotohanan at mga prinsipyong espiritwal ay mai-ugnay sa atin.

Ang talinhagang ito ay nagbababala sa atin laban sa anumang anyo ng pagpapasasa sa sarili. Maaaring hindi naman tayo nagpapasasa sa sarili nang gaya ng ginawa ng mayaman, ngunit ang atin bang saloobin tungkol sa materyal na mga bagay ay hinuhubog ng sanlibutan? Tayo ba ay nagpapakasawa sa mga bagay ng sanlibutan na ang ating pakikisama sa Diyos ay paimbabaw at ang ating gana sa espiritwal na mga bagay ay matabang? O ginagamit ba natin ang mga bagay ng sanlibutan sa diwa ng tunay na pagka-alagad, sa paraang angkop sa mga anak ng Diyos?

Ang talinhagang ito ay nagpapalitaw din ng usapin ng kahabagan. Maaaring hindi natin tinatrato ang iba na kagaya ng pagtrato ng mayamang lalaki kay Lazaro, ngunit may tunay na kahabagan ba ang ating puso at isinasaalang-alang ba natin ang iba? Mayroon ba tayong tunay na malasakit para sa mga nangangailangan o sa salita lang ang ating malasakit?

Pagbulayan pa natin ang maaari nating matutunan mula sa talinhagang ito.

Tunay na katiyakan at kapakanan

Ang lalaking mayaman ay nakaramdam ng kasapatan-sa-sarili at katiyakan sa kanyang kayamanan at karangyaan. Maaaring hindi tayo magkamal ng kayamanan na gaya ng mayamang lalaki, ngunit inilalagak din ba natin ang ating katiyakan sa materyal na mga pag-aari o sa ibang mga bagay sa nakikita at pansamantalang larangan? Tayo ba ay naiimpluwensyahan ng mga taong nakapaligid sa atin na humahawak sa ganoong mga pinahahalagahan, at kalaunan ay ganoon na rin ang ginagawa natin? Kapag ganoon, tayo ay magkakaroong maling pananaw sa katiyakan.

Kailangan nating magkaroon ng malinaw na pang-espiritwal at pangwalang-hanggang pananaw sa usaping ito. Ang mahalaga ay hindi ang ating materyal na mga pag-aari o ang iba pang mga bagay na mayroon tayo sa larangan ng nakikita at pansamantala.

Ang mahalaga ay kung tayo ba ay maayos ang kapakanan sa ating karakter at sa paglakad na kasama ang Diyos.

Ang tunay na katiyakan at kapakanan ay nangyayari kapag tayo ay lumalakad nang maayos na kasama ang Panginoon. Ang ating panlupang mga kalagayan ay maaaring hindi palaging mainam, kahit na kapag tayo ay lumalakad nang maayos na kasama Niya. Ngunit hindi tayo dapat panghinaan ng loob. Maaari pa rin tayong magalak sa Panginoon, at hangarin nating matutunan ang ninanais Niyang ituro sa atin. Kapag ginawa natin iyon, ay mararanasan natin ang tunay na kapakanan at magkakaroon tayo ng tamang batayan para sa tunay na pagtitiwala sa Kanya.

Namumuhay na may pangwalang-hanggang pananaw

Inilahad ng Panginoong Jesus ang talinhaga ng lalaking mayaman at ni Lazaro upang bigyang-diin ang punto na ang ating pananaw at pamamaraan sa buhay ay may mga pahiwatig hindi lang sa ating panahon sa lupa, kundi pati rin sa kawalang-hanggan. Ang mayamang lalaki ay nagsisi sa kung paano siya namuhay sa lupa, ngunit hindi niya iyon nabago sa kawalang-hanggan.

Taos-puso ba nating namamalayan ang espiritwal at pangwalang-hanggang larangan kapag tumitingin tayo sa mga tao at mga sitwasyon, at sa kung paano tayo namumuhay sa bawat araw? Paano natin ginagamit ang ating panahon at ginugugol ang ating lakas? Paano tayo gumagawa ng mga pagpapasya at tumutugon sa mga tao at mga usapin?

Ito lang ang nag-iisang pagkakataon na meron tayo sa buhay na ito sa lupa. Bawat sandali ng ating buhay ay mahalaga. Hindi natin maaaring ulitin na isabuhay ito. Dapat nating isabuhay nang maayos ang ating buhay at samantalahin itong mabuti. Anumang pagsisisi sa kawalang-hanggan ay walang nang saysay.

Huwag kaingitan ang mayaman

Maraming mayayamang tao ang hindi namumuhay nang wasto, at ang masasama ay walang pakialam sa mga pamamaraan ng

Diyos. Ngunit parang sila ang mas sagana: sa kayamanan sa lupa, sa katayuan, at sa masaya at madaling buhay. Sa kabilang banda, marami sa atin na nagsisikap maging tapat sa Diyos ay dumaranas ng mahirap na buhay. Dahil dito ay maaari tayong maguluhan at mainggit sa mayayaman. At ang diyablo ay magsisikap na pukawin ang ganoong mga kaisipan at damdamin sa ating kalooban. Mahalagang huwag tayong manatili sa negatibong mga kaisipan at mga damdamin bagkus ay sikapin nating panatilihin ang wastong pag-kilos sa harap ng Diyos at tanggihan ang lahat ng ganoong mga negatibong impluwensya. Matuto tayo mula sa talinhagang ito na huwag maguluhan o mainggit.

Nakikita ang mga bagay mula sa pananaw ng Diyos

Matuto rin tayo mula sa patotoo ng mang-aawit sa Awit 73. Nagsimula siya sa pamamagitan ng pagpapatotoo sa kabutihan ng Diyos sa Kanyang bayan, sa mga dalisay ang puso. Ngunit para sa kanya, ay muntik na siyang matalisod dahil siya ay nainggit sa kayamanan ng mga masasama.

Awit 73

- 1 Tunay na ang Diyos ay mabuti sa Israel,
sa mga taong ang puso'y malilinis.
- 2 Ngunit tungkol sa akin, ang mga paa ko'y halos natisod,
ang mga hakbang ko'y muntik nang nadulas.
- 3 Sapagkat ako'y nainggit sa palalo;
aking nakita ang kaginhawahan ng masama.
- 4 Sapagkat walang mga hapdi ang kanilang kamatayan,
at ang kanilang katawan ay matataba.
- 5 Sila'y wala sa kaguluhan na gaya ng ibang mga tao;
hindi sila nagdurusa na gaya ng ibang mga tao.

Ang masasama ay mayayaman at masarap ang buhay. Sila ay parang nakakalusot sa kanilang masasamang gawa. Hindi sila pinahihirapan ng anumang bagay. Kahit sa kamatayan ay parang hindi sila nakararanas ng anomang sakit.

6 Kaya't ang kanilang kuwintas ay kapalaluan,
ang karahasan ay tumatakip sa kanila bilang bihisan.
7 Ang kanilang mga mata ay lumuluwa sa katabaan,
ang kanilang mga puso ay umaapaw sa kahangalan.
8 Sila'y nanlilibak at nagsasalita na may kasamaan,
sila'y nagsasalita mula sa kaitaasan.
9 Kanilang inilagay ang kanilang mga bibig sa mga langit,
at ang kanilang dila ay nagpapagala-gala sa ibabaw ng lupa.
10 Kaya't bumabalik dito ang kanyang bayan,
at tubig ng kasaganaan ay iniinom nila.
11 At kanilang sinasabi, "Paanong nalalaman ng Diyos?
May kaalaman ba sa Kataas-taasan?"
12 Narito, ang mga ito ang masasama;
laging tiwasay, sa kayamanan ay sumasagana.

Sila ay palalo, marahas, mapang-api at mapagpalayaw-sa-sarili.
Sila ay nagsasalita laban sa Panginoon at walang pakialam para
sa mga bagay ng Diyos. Ngunit sila ay patuloy na nakakaranas
ng kasaganaan. Parang ang Diyos ay walang alam tungkol sa
kanilang kasamaan.

13 Sa walang kabuluhan ay pinanatili kong malinis ang aking
puso,
at ang aking mga kamay sa kawalang-sala ay hinuhugasan ko.
14 Sapagkat buong araw ako ay pinahihirapan,
at tuwing umaga ay napaparusahan.
15 Kung aking sinabi, "Ako'y magsasalita ng ganito;"
ako'y hindi magiging tapat sa salinlahi ng mga anak mo.

Sinikap ng mang-aawit na panatilihing dalisay ang kanyang
puso. May Katiyakang naramdaman niya na naging walang
kabuluhan iyon, dahil ang masama ay sumasagana sa kayamanan
at katiwasayan samantalang siya ay patuloy na nagdurusa. Ngunit
kinilala niyang siya ay mali na mainggit sa masama at iyon ay
pagtataksil sa mga anak ng Diyos na sabihing walang kabuluhan
ang pamumuhay na dalisay at walang sala.

16 Ngunit nang aking isipin kung paano ito uunawain,
sa akin ay parang napakahirap na gawain,
17 hanggang sa ako'y pumasok sa santuwaryo ng Diyos,
saka ko naunawaan ang kanilang katapusan.

Nahihirapan siyang unawain at pagpasyahan ang paksang ito hanggang siya ay humarap sa Panginoon at naisip niya ang kahihinatnan ng masama.

Gayundin, tayo ay maaaring maguluhan sa maraming mga bagay. Ngunit kapag tayo'y lumapit sa Diyos, ay maaari Niya tayong tulungang maunawaan nang mas malinaw ang mga bagay-bagay, at ang ating tugon sa mga bagay, mga tao at mga sitwasyon ay maaaring maging mas kanais-nais.

18 Tunay na sa madudulas na dako sila'y iyong inilalagay,
iyong ibinabagsak sila sa kapahamakan.
19 Gaya na lamang ang pagkawasak nila sa isang iglap,
tinatangay na lubusan ng mga sindak!
20 Sila'y gaya ng panaginip kapag nagigising ang isang tao,
sa pagkagising ang kanilang larawan ay hinahamak mo.

Ang mga talatang ito ay nagpapakita kung paano tinitingnan ng Diyos ang masama. Ang Diyos ay laban sa masama, at sa anumang oras, ay maaari Niya silang lipulin. Ngunit kapag tayo ay tumingin sa nangyayari sa daigdig, ang mga talata 18 hanggang 20 ay parang hindi nagbibigay ng sapat na kasagutan. Sa lupa, ang masasama ay hindi palaging napaparusahan, at ang mga umiibig sa Panginoon ay hindi palaging nakakaiwas sa mga problema. Ito ay parang hindi makatarungan.

21 Nang ang aking kaluluwa ay nagdamdam,
nang ang kalooban ko'y nasaktan,
22 ako'y naging hangal at mangmang;
ako'y naging gaya ng hayop sa harapan mo.
23 Gayunman ako'y kasama mong palagian,
inaalalayan mo ang aking kanang kamay.

Alam ng mang-aawit na hindi tama para sa kanya na sumama ang loob sa nakikita niyang kawalang-katarungan sa daigdig. Nakikita niya kung gaano ka-makabuluhan ang patuloy na maging kasama ng Panginoon, at akayin at gabayan Niya.

24 Sa iyong payo ako'y iyong pinapatnubayan,
at pagkatapos ay tatanggapin mo ako sa kaluwalhatian.

Minahalaga niya ang payo at patnubay ng Diyos at pagkatapos noon, ay matatanggap siya sa kaluwalhatian. At may katapatan niyang nasabi:

25 Anong mayroon ako sa langit kundi ikaw?
at liban sa iyo'y wala akong anumang ninanasa sa lupa.
26 Ang aking laman at ang aking puso ay maaaring manghina,
ngunit ang Diyos ang lakas ng aking puso at bahagi ko
magpakailanman.

Sa pagsasabing: “liban sa iyo'y wala akong anumang ninanasa sa lupa”, ay hindi ibig-sabihin ng mang-aawit na hindi mahalaga sa kanya ang iba pang mga bagay sa lupa. Ipinapahayag niya kung gaano kahalaga ang Diyos sa kanya kung ihahambing sa iba pang mga bagay sa lupa.

Sa kanyang pakikisama sa Diyos, ang mang-aawit ay mas naging panatag sa kanyang puso at pag-kilos. Kinilala niya na ang talagang mahalaga ay ang pagkakaroon ng isang malalim at makabuluhang ugnayan sa Diyos — isang ugnayang mananatili magpasawalang-hanggan.

Kapag ang Diyos ang pangunahin sa ating buhay, ay maaari nating tingnan at tugunin nang tama ang mga sitwasyon, mga tao at mga bagay.

27 Sapagkat narito, malilipol silang malayo sa iyo;
ang lahat na hindi tapat sa iyo ay winakasan mo.
28 Ngunit para sa akin, ang pagiging malapit ng Diyos ay
aking kabutihan;

ginawa kong aking kanlungan ang Panginoong Diyos,
upang aking maisaysay ang lahat ng iyong mga gawa.

Ang pangwakas na mga talatang ito ay nagpapakita sa atin na, sa kahulihan, ang mahalaga ay hindi ang kung gaano karami ang kayamanang meron tayo, kundi ang kung gaano kalalim ang ating relasyon sa Diyos. Ang mga hindi tapat at malayo sa Kanya ay mapapahamak.

Bagaman ang mang-aawit ay namuhay sa panahon ng Lumang Tipan, siya ay nakaabot sa napaka-makabuluhang lagay na ito ng pananampalataya. Para sa atin, sa pagparito ng Panginoong Jesus, sa pagbuhos ng Banal na Espiritu at sa kapahayagan ng Bagong Tipan, tayo ay may mas maraming liwanag at kaalaman. Kaya dapat ay maaari tayong humawak sa lagay ng pananampalataya na mas malalim ang antas.

Ang awit na ito ay tumutulong sa atin na makita nang mas malinaw ang pangunahing pinupunto ng talinhaga ng lalaking mayaman at si Lazaro. Ang hitsura ay maaaring napaka-iba sa katotohanan. Ang sa tiningin nating maayos ang mga buhay ay maaaring hindi sa katotohanan. Ang tunay na kayamanan ay hindi matatagpuan sa materyal at pansamantalang larangan. Ang mga ito ay matatagpuan sa katapatan sa Diyos at sa ating pakikisama sa Kanya.

Hindi tayo maaaring maglingkod sa Diyos at sa materyal na kayamanan

Inilahad ng Panginoong Jesus ang talinhaga ng lalaking mayaman at ni Lazaro sa konteksto ng pagtalakay sa paksang materyal na kayamanan sa Lukas 16.

Lukas 16:13-14

13 Walang aliping makapaglilingkod sa dalawang panginoon. Sapagkat kapopootan niya ang isa ngunit iibigin ang isa pa. O kaya naman ay magiging tapat siya sa isa ngunit kamumuhian ang isa pa. Hindi kayo maaaring maglingkod sa Diyos at sa salapi.”

14 Ngunit narinig ng mga Fariseong maibigin sa salapi ang lahat ng iyon kaya siya'y kanilang kinutya.

Sa talata 14, ay sinabi sa atin na ang mga Fariseo ay maibigin sa salapi. Sila ay nakikinig sa Panginoon, ngunit kinukutya rin nila Siya. Maaaring hindi naman tayo maibigin sa salapi na gaya ng mga Fariseo, ngunit paano natin pinakikinggan ang turo ng Panginoon? Ang materyal na mga bagay ba at ang salapi ay humihila pa sa ating mga puso? Kinukutya ba natin ang turo ng Panginoon bilang hindi makatotohanang ambisyon at hindi praktikal sa daigdig na ating ginagalawan?

Itinuturo sa atin ng mga Kasulatan na ang materyal na kayamanan ay hindi likas na masama. Ang pag-ibig sa salapi ang siyang ugat ng lahat ng uri ng kasamaan (1 Tim. 6:10). Hindi tayo makakapaglingkod sa Diyos at umiibig din sa materyal na kayamanan. Gusto ng ilan na matamo ang pinakamahusay sa dalawang mundo, at iniisip nila na sila ay nagiging mautak. Itinuturo ng Panginoon na hindi ito maaari. Hindi sinasabi noon na ang tapat na mga mananampalataya ay hindi maaaring magkaroon ng maraming materyal na kayamanan. Habang lumalakad tayo nang tapat sa Diyos, kung minsan ay pinagkakatiwalaan Niya tayo ng materyal na kayamanan. Ngunit, dapat nating tiyakin na hindi tayo yumaman dahil sa ating pag-ibig sa salapi.

Marami sa atin ay may ilang materyal na kayamanan at inaasahan ng Panginoon na gagamitin natin ng mahusay na pangangasiwa sa kung anong mayroon tayo. Ito ang paksa ng isa pang talinhaga sa Lukas 16.

Ang talinhaga ng tusong katiwala

Marami ang tumutukoy sa talinhaga sa Lukas 16:1–13 bilang ang talinhaga ng masamang katiwala (o “tagapamahala” gaya ng nasa binagong salin ng NASB). Ngunit sa aking palagay ang mas angkop na pamagat ay ang tusong tagapamahala. Gaya ng makikita natin, ang diin ng talinhagang ito ay hindi sa kasamaan

ng tagapamahala, kundi sa kanyang katusuhan.

Nang ilahad ng Panginoon ang talinhagang ito, ang kinakausap Niya ay ang mga alagad. Bagaman ang talinhaga ay hindi madaling maunawaan, ito'y may kapaki-pakinabang na mga aral sa paksang materyal na kayamanan at pamamahala na maaari nating matutunan mula rito.

Lukas 16:1-13

1 Sinabi rin niya sa mga alagad, “May isang mayaman na may katiwala. Isinusumbong sa kanya na nilulustay nito ang kanyang mga kayamanan.

2 Tinawag niya ito at tinanong, ‘Ano itong narinig ko tungkol sa iyo? Magbigay-sulit ka ng ipinagkatiwala sa iyo, sapagkat hindi ka na maaaring maging katiwala pa.’

3 Sinabi ng katiwala sa sarili, ‘Ano ang gagawin ko ngayong tinanggal na sa akin ang pangangasiwa? Hindi ko kayang magbungkal ng lupa at nahihiya naman akong mamalimos.

4 Alam ko na ang gagawin ko! Maalis man ako sa pangangasiwa, may tatanggap naman sa akin sa kanilang tahanan.’

5 Kaya’t isa-isa niyang tinawag ang mga may utang sa kanyang panginoon. Sinabi niya sa una, ‘Magkano ang utang mo sa aking panginoon?’

6 At sinabi nito, ‘Sandaang tapayan ng langis.’ Sinabi niya naman dito, ‘Kunin mo ang katibayan ng iyong pagkakautang, maupo ka at isulat mo agad na limampu.’

7 Pagkatapos ay sinabi naman niya sa isa pa, ‘Magkano ang utang mo?’ At sinabi nitong, ‘Sandaang kabang trigo.’ Sinabi niya rito, ‘Kunin mo ang katibayan ng iyong pagkakautang at isulat mo na walumpu.’

8 Pinuri ng panginoon ang madayang katiwala dahil sa katusuhan nito. Sapagkat ang mga anak ng sanlibutang ito ay mas tuso sa pamamahala ng kanilang pamumuhay kaysa mga anak ng liwanag.

9 At sinasabi ko sa inyo, makipagkaibigan kayo para sa inyong mga sarili sa pamamagitan ng mga kayamanan ng kalikuan upang kung ito’y maubos na, ay kanilang tanggapin kayo sa mga walang hanggang tahanan.

10 Ang tapat sa kaunti ay tapat din sa marami at ang hindi tapat sa kaunti ay hindi rin tapat sa marami.

11 Kayakunghindikayo naging tapat sa kayamanan ngsanlibutan, sino ang magtitiwala sa inyo sa tunay na kayamanan?

12 At kung hindi kayo naging tapat sa kayamanan ng iba, sino ang magbibigay sa inyo ng sarili ninyong kayamanan?

13 Walang aliping makapaglilingkod sa dalawang panginoon. Sapagkat kapopootan niya ang isa ngunit iibigin ang isa pa. O kaya naman ay magiging tapat siya sa isa ngunit kamumuhian ang isa pa. Hindi kayo maaaring maglingkod sa Diyos at sa salapi.”

Ang ginawa ng tagapamahala ay malinaw na hindi nararapat. Sinasabi sa atin ng talata 8 na siya ay isang masamang tagapamahala. Siya ay hindi tapat. Dahil nangangamba siya para sa kanyang kinabukasan, at naghahangad ng personal na kapakinabangan, nakipagsabwatan siya sa mga may-utang sa kanyang panginoon. Tinuruan niya sila na mandaya sa kanyang panginoon, upang kapag siya ay pinatalsik ng kanyang panginoon, siya ay may kinabukasan sa mga may-utang na ito.

Bakit pinuri ang masamang tagapamahala?

Ang talata 8 ay mahirap maunawaan. Sabi nito: “Pinuri ng panginoon ang madayang katiwala dahil sa katusuhan nito. Sapagkat ang mga anak ng sanlibutang ito ay mas tuso sa pamamahala ng kanilang pamumuhay kaysa mga anak ng liwanag.” Iba-ibang paliwanag ang naibigay na tungkol dito. Ibabahagi ko ang pagkaunawa ko rito.

Malinaw na hindi kinukunsinti ng Panginoon ang ginawa ng tagapamahala, dahil inilarawan Niya siya na “masama”. Bakit kung ganun pinuri ng Panginoon ang tagapamahala? Iyon ay dahil ang tagapamahala ay kumilos nang may katusuhan. Nang sabihin sa kanya na hindi na siya magiging tagapamahala, ay pinag-aralan niya ang kanyang kalagayan at gumawa siya ng mga hakbang para tiyakin na ang kanyang kalagayan sa hinaharap ay magiging kanais-nais sa kanya. Ngunit ang pamamaraang ginawa niya tungkol dito ay hindi nararapat.

Ang mga anak ng panahong ito ay mas tuso kaysa sa mga anak ng liwanag

Sa ikalawang bahagi ng talata 8, ay ikinukumpara ng Panginoong Jesus ang mga mananampalataya sa mga tao ng mundong ito. Sabi Niya: “Sapagkat ang mga anak ng sanlibutang ito ay mas tuso kaugnay sa kanilang sariling mga ka-uri kaysa mga anak ng liwanag.” Sa pagsasabi nito, ay hindi hinihingi ng Panginoong Jesus na gayahin natin ang tagapamahalang ito. Binibigyang-diin Niya ang punto na ang mga tao ng sanlibutan ay matalinong nagpapakana at nagpaplano batay sa kanilang pananaw at mga pagpapahalaga. Gusto nilang makinabang nang husto sa mundong ito at sila ay mautak sa pagsasagawa nito. Ngunit paano tayo, na mga anak ng liwanag? Tayo ba ay “tuso o mautak” kaugnay sa kaharian ng Diyos? Bilang mga anak ng liwanag. Tayo ay dapat mas marunong kaysa sa mga tao ng sanlibutang ito, dahil ang Espiritu ng Diyos ay naninirahan sa atin. Ngunit ganoon nga ba tayo? Tayo ba ay marunong sa pamumuhay ayon sa pananaw at mga pagpapahalaga ng kaharian ng Diyos?

Tayo ay mga mamamayan ng kaharian ng Diyos. Kinikilala natin na ang mga bagay ng sanlibutang ito ay maglalaho, at tanging ang mga bagay ng kaharian sa Diyos ang may tunay na halaga at mananatili. Ngunit namumuhay ba tayo ayon sa pagkakilalang ito? Tayo ba ay nagtutuon ng ating mga lakas sa mga bagay ng kaharian ng Diyos? Nagpaplano ba tayo sa direksyong ito? Tayo ba ay namumuhay sa sanlibutan na may pananaw sa kawalang-hanggan? Tayo ba ay namumuhay na may karunungan sa mata ng Diyos?

Marunong na gamit ng materyal na kayamanan at walang-hanggang kapakanan

Hinaharap ng Panginoong Jesus ang isyu ng materyal na kayamanan sa talinhagang ito. Sa talata 9, ay sinasabi Niya: “At sinasabi ko sa inyo, makipagkaibigan kayo para sa inyong mga sarili sa pamamagitan ng mga kayamanan ng kalikuan, upang kung ito’y maubos na, ay kanilang tanggapin kayo sa mga walang hanggang mga tahanan.”

Bakit “kayamanan ng kalikuan”? Ito ay sapagkat ang salapi, bagaman hindi ito likas na masama, ay madalas na nauugnay sa kalikuan.

Sa talatang ito, sinasabi ng Panginoon sa atin na gamitin nang maayos ang materyal na kayamanan. Ang paraan ng pagkakasabi ng Panginoon ay nagpapakita sa atin na gusto Niyang makinig tayong mabuti sa isyung ito. Ito ay dahil ang ating saloobin at pananaw sa materyal na kayamanan at ang ating pangangasiwa rito ay may kinalaman sa ating kapakanan sa kawalang-hanggan. Kung paano natin gamitin ang materyal na mga bagay ay magpapakita kung tayo ba ay marunong o di-marunong bilang mga anak ng liwanag. Tayo ba ay matalinong mga tagapamahala ng kayamanan ng kalikuan?

Katapatan sa paggamit ng materyal na kayamanan at tunay na kayamanan

Lukas 16:10

“Ang tapat sa kaunti ay tapat din sa marami at ang hindi tapat sa kaunti ay hindi rin tapat sa marami.”

Sa talatang ito ay sinasabi ng Panginoong Jesus sa atin na ang materyal na mga bagay ay hindi mahalaga sa kaharian ng Diyos. Ito ay “kakaunting bagay”. Ngunit, dapat tayong maging tapat sa “kakaunting bagay” na ito. Kapag hindi tayo tapat sa “kakaunting bagay” na ito, ito ay di-mainam na sasalamon sa ating saloobin at pagkatao.

Lukas 16:11

“Kaya kung hindi kayo naging tapat sa kayamanan ng sanlibutan, sino ang magtitiwala sa inyo sa tunay na kayamanan?”

Ang “tunay na kayamanan” ay tumutukoy sa mga bagay na may kaugnayan sa kaharian ng Diyos. Sinasabi ng Panginoon: Kung hindi tayo maging tapat kahit sa materyal na kayamanan,

paano ipagkakatiwala ng Diyos sa atin ang mahalagang mga bagay na pinahahalagahan Niya sa Kanyang kaharian? Ibabahagi kaya Niya sa atin kung ano ang nasa Kanyang puso? Dadalhin ba Niya tayo sa Kanyang pagtitiwala at ipagkakatiwala sa atin ang mahalagang gawain at mga tungkulin?

May isa pang sangkap na mahalaga sa larangang ito ng tunay na kayamanan, na magiging mas malinaw pag tiningnan natin sa talata 12.

Lukas 16:12

“At kung hindi kayo naging tapat sa kayamanan ng iba, sino ang magbibigay sa inyo ng sarili ninyong kayamanan?”

Anong ibig-sabihin ng talatang ito? Ang “naging tapat sa kayamanan ng iba” ay tila tumutukoy sa paggamit ng materyal na kayamanang pag-aari ng iba. Ngunit, sa aking pagkaunawa, ang tinutukoy ng Panginoong Jesus ay ang materyal na kayamanang meron tayo. Ang kayamanang iyon, bagaman nabibilang sa atin, ay hindi talaga sa atin, dahil iyon ay ipinagkakatiwala ng Diyos sa atin. Sa usapang legal, iyon ay talagang nabibilang sa atin, ngunit sa espirital na pananaw, iyon ay ipinagkakatiwala ng Diyos sa atin. Tayo ay mga tagapamahala ng Diyos.

“Sino ang magbibigay sa inyo ng sarili ninyong kayamanan?” — ito ay tumutukoy sa ipagkakaloob sa atin ng Panginoon sa Kanyang walang-hanggang kaharian. Ang ating mga gantimpala sa langit, ang mararanasan natin, at ang mga papel at mga tungkuling matatanggap natin mula sa Panginoon sa Kanyang walang hanggang kaharian, ay may kinalaman sa natutunan natin mula sa Panginoon, gaano tayo lumago sa moral at espirital na katayuan, at kung paano natin ipinamuhay ang ating buhay sa lupa. Ang mga bagay na ito ang may mahalaga at may kabuluhan.

Pangwakas na mga pananalita

Samantalang ang materyal na kayamanan ay maaaring maging

bitag sa atin at maaaring makasira sa ating mga buhay, ay hindi kailangang maging ganoon. Sa katunayan, ito ay maaaring maging kapaki-pakinabang. Sa Lukas 16:9, ay sinasabi ng Panginoong Jesus na gamitin ito nang maayos, “upang kung ito’y maubos na, ay tatanggapin kayo sa mga tahanang walang hanggan”.

Ang talatang ito ay kasunod na pahayag sa talinhaga ng tusong tagapamahala. Dito, ay itinuturo ng Panginoong Jesus na ang marunong sa pangangasiwa ng materyal na kayamanan ay may positibong mga implikasyon para sa atin sa kawalang-hanggan. Kung paano natin ginamit ang materyal na kayamanan — ang ating saloobin at pamamaraan tungkol dito at ang ating pangangasiwa rito — ay magkakaroon ng kinalaman sa ating kapakanan sa kawalang-hanggan.

Sa Mga Gawa 20:35, ay inalala ni Pablo ang turo ng Panginoong Jesus na “higit na mapalad ang magbigay kaysa tumanggap”. Habang nagbibigay tayo, ay nag-aambag tayo sa mga buhay ng iba. Kasabay noon, tayo ay pinagpapala at ang ating sariling buhay-espiritwal ay sumasagana. Tunay, na ang matalinong pangangasiwa ng materyal na mga bagay na ipinagkatiwala ng Diyos sa atin ay makakatulong sa pagsulong ng kaharian ng Diyos.

Kaya samantalang ang materyal na mga bagay ay hindi mahalaga sa kanilang sarili mismo, ang saloobin natin at ang paraan ng paggamit natin sa kanila ay may mahalagang mga implikasyon.

Ipinahayag ng Panginoong Jesus na hindi tayo maaaring makapaglingkod sa dalawang panginoon. Kung gusto nating maglingkod sa Diyos ay hindi tayo maaaring maglingkod sa materyal na kayamanan (Lukas 16:13). Kailangan nating magpasya kung alin ang paglilingkuran natin. Nawa ay tulungan tayo ng Panginoon na maging masugid sa Kanya at maglingkod sa Kanya lang.

Mga tanong para sa pagninilay at talakayan

1. Sa talinhaga ng lalaking mayaman at ni Lazaro (Lukas 16:19–31), sino ang siyang tunay na mayaman at bakit? Ano pa ang maaari nating matutunan mula sa talinhaga?
2. Paano makakatulong sa atin ang patotoo ng mang-aawit sa Awit 73 tungkol sa ating pananaw at saloobin ukol sa materyal na kayamanan at sa buhay sa pangkalahatan?
3. Ano ang maaari nating matutunan mula sa talinhaga ng tusong tagapamahala sa Lukas 16:1–14 tungkol sa marunong na gamit ng materyal na kayamanan, sa relasyon nito sa pagiging tunay na mayaman at sa ating kapakanan sa walang-hanggang kaharian ng Diyos?

Pag-isipan ang Lukas 16:8. Ano ang magiging kahulugan nito para sa atin bilang mga anak ng liwanag upang maging mas marunong kaugnay ng kaharian ng Diyos kaysa sa mga anak ng sanlibutang ito kaugnay ng sarili nilangka-uri?

Relasyon ng Materyal na Kayamanan at Tunay na Kayamanan

Nakita natin na ang isang taong mayaman at nabubuhay nang mainam sa daigdig ay maaaring sa katotohanan ay mahirap dahil siya ay hindi mayaman sa Diyos, kung ganon ay hindi mayaman sa mata ng Diyos at mula sa pananaw ng walang-hanggan. Ang katotohanang ito ay malinaw na nakikita sa talinhaga ng mayamang hangal at sa talinhaga ng lalaking mayaman at ni Lazaro.

Ang isang mahirap at hindi mainam ang buhay sa pananaw ng mundo ay maaaring maging tunay na mayaman at maayos ang buhay. Ang perpektong halimbawa nito ay ang Panginoong Jesus. Ang iba pang mga halimbawa ay sina Lazaro sa talinhaga, at ang mahirap na babaeng balo na nag-ambag ng dalawang baryang tanso.

Sa mensaheng ito ay gusto kong tumutok sa relasyon ng materyal na kayamanan at ng tunay na kayamanan, ng espiritwal na kalusugan at walang-hanggang kapakanan. Babalikan natin ang ilang mga talata sa Bibliya na tinalakay natin sa naunang mga mensahe.

Kapag iiisipin natin ang mga isyung gaya ng paglago sa moral at espiritwal na katayuan, espiritwal na kalusugan at pangwalang-hanggang kapakanan, ang lagi lang nating iniisip ay ang mga larangang gaya ng panalangin, pagbabasa ng Bibliya, pakikisama sa Diyos at pakikisama sa kapatiran. Maaaring hindi natin iniisip ang larangan ng materyal na kayamanan. Sa mensaheng ito ay makikita natin na ang larangang ito ay may mahalagang

kaugnayan sa espiritwal na paglago at sa ating pangwalang-hanggang kapakanan.

Ang turo ng Panginoon tungkol sa tunay na pagka-alagad at materyal na kayamanan

Ang Panginoon Jesus ay malimit magturo tungkol sa kaugnayan ng tunay na pagka-alagad at materyal na kayamanan, at ang saloobing dapat magkaroon ang isang tao tungkol sa materyal na kayamanan. Ito ay dahil ang ating saloobin at pamamaraan tungkol sa materyal na kayamanan ay may kinalaman sa ating relasyon sa Diyos, sa ating espiritwal na kalusugan at pangwalang-hanggang kapakanan.

Ito ay malinaw na nakita sa talinhaga ng lalaking mayaman at ni Lazaro. Ang uri ng pamumuhay ng lalaking mayaman ay sumasalamín sa kanyang mga saloobin, na nakaapekto sa kung paano siya tiningnan ng Diyos, at may mga implikasyon iyon para sa kanyang pangwalang-hanggang kapakanan. Gayundin, sa talinhaga ng hangal na mayaman, ang lalaking mayaman ay hindi mayaman sa Diyos dahil sa kanyang pangit na saloobin sa larangan ng materyal na kayamanan, at ipinahayag ng Diyos na siya ay isang hangal.

Pag-isipan pa natin lalo ang turo ng Panginoon Jesus sa isyung ito sa talinhaga ng tusong tagapamahala.

Lukas 16:8–13

8 Pinuri ng panginoon ang madayang katiwala dahil sa katusuhan nito. Sapagkat ang mga anak ng sanlibutang ito ay mas tuso sa pamamahala ng kanilang pamumuhay kaysa mga anak ng liwanag.

9 Sinasabi ko sa inyo, makipagkaibigan kayo gamit ang kayamanan ng sanlibutan upang kung maubos na ito ay tatanggapin kayo sa walang hanggang mga tahanan.

10 Ang tapat sa kaunti ay tapat din sa marami at ang hindi tapat sa kaunti ay hindi rin tapat sa marami.

11 Kaya kung hindi kayo naging tapat sa kayamanan ng sanlibutan, sino ang magtitiwala sa inyo sa tunay na kayamanan?

12 At kung hindi kayo naging tapat sa kayamanan ng iba, sino ang magbibigay sa inyo ng sarili ninyong kayamanan?

13 Walang aliping makapaglilingkod sa dalawang panginoon. Sapagkat kapopootan niya ang isa ngunit iibigin ang isa pa. O kaya naman ay magiging tapat siya sa isa ngunit kamumuhian ang isa pa. Hindi kayo maaaring maglingkod sa Diyos at sa salapi.”

Pinuri ng panginoon ang di-matuwid na tagapamahala sapagkat kumilos siya nang may katusuhan. Sa pagpuna sa talinhagang ito, sinabi ng Panginoong Jesus: “Sapagkat ang mga anak ng sanlibutang ito ay mas tuso kaugnay sa kanilang uri ng pamumuhay kaysa mga anak ng liwanag”. Isang pangunahing isyu na gustong ipabatid ng Panginoong Jesus sa talinhagang ito ay ang katusuhan ng mga tao ng sanlibutan kumpara sa kahangalan ng mga mananampalataya.

Pagpapatuloy pang sinabi ng Panginoong Jesus: “At sinasabi ko sa inyo, makipagkaibigan kayo gamit ang kayamanan ng kalikuan upang kung maubos na ito ay tatanggapin kayo sa walang hanggang mga tahanan” (t. 9). Itinuturo sa atin ng Panginoong Jesus ang ugaling dapat tayong magkaroon kaugnay ng materyal na mga bagay: na gamitin ng may karunungan ang materyal na kayamanan, sa paraang makakapag-ambag ito sa ating pang-walang-hanggang kapakanan. Maraming mga mananampalataya ang hindi marunong sa paggamit ng materyal na kayamanan. Sila ay namumuhay sa paraang hindi naaayon sa kanilang pagiging mga anak ng Diyos.

Pamamahala ng materyal na kayamanan at pangwalang-hanggang kapakanan

May malapit na kaugnayan sa pagitan ng kung paano natin pinamamahalaan ang ating materyal na kayamanan at ang ating pang-walang-hanggang kapakanan.

Sinasabi ng Panginoong Jesus sa talata 10: “Ang tapat sa kaunti ay tapat din sa marami; at ang hindi tapat sa kaunti ay hindi rin tapat sa marami”. Ginawa Niya ang pahayag na ito kaagad pagkatapos magpahayag tungkol sa kung paano natin gagamitin ang materyal na kayamanan, Sinasabi nito sa atin na kung paano tayo gumagamit ng materyal na kayamanan ay nagpapakita ng uri ng ating katapatan sa Diyos.

Maaari nating isipin na tayo ay tapat sa mga larangang gaya ng panalangin, pagbabasa ng Kasulatan, pakikisama sa kapatiran, pagdalo sa mga pagtitipon ng iglesia at iba pa. Ngunit tapat din ba tayo sa matalinong paggamit ng materyal na kayamanan? Kung hindi, ito ay maaaring nagpapakita na merong hindi tama sa ating kalooban. Maaaring hindi tayo kasing-tapat ng iniisip natin.

Itinatanong ng Panginoong Jesus sa talata 11: “Kaya kung hindi kayo naging tapat sa kayamanan ng sanlibutan, sino ang magtitiwala sa inyo sa tunay na kayamanan?” Pinagkukumpara ng Panginoon ang ating pamamahala ng materyal na kayamanan at ng tunay na kayamanan, na tumutukoy sa kaharian ng Diyos at siyang mananatili. Ang ating saloobin at tugon sa materyal na kayamanan ay nagpapahayag ng tunay na uri ng ating mga buhay at nakakaapekto sa kung paano tayo tinitingnan ng Panginoon. Maaari rin nitong maapektuhan ang kalayaan ng Diyos na gamitin ang ating mga buhay at kung anong ipagkakatiwala Niya sa atin sa kawalang-hanggan.

Ang materyal na kayamanan ay maaaring maging kapaki-pakinabang at magamit na mabuti, ngunit hindi ito dapat maging panginoon natin at magkaroon ng kontrol sa atin. Nililina ito ng Panginoong Jesus sa talata 13: “Walang aliping makapaglilingkod sa dalawang panginoon ... Hindi kayo maaaring maglilingkod sa Diyos at sa salapi.” Kung hahayaan natin ang materyal na kayamanan na maging panginoon natin, ito ay makakasira sa ating relasyon sa Diyos at sa ating paglilingkod sa Kanya.

Tingnan natin ang Mateo 6:19–24, na nagpapatibay sa puntong ito.

Pag-iipon ng mga kayamanan sa langit

Mateo 6:19–24

19 “Huwag kayong mag-impok para sa inyong mga sarili ng mga kayamanan dito sa lupa, kung saan ang bukbok at kalawang ay sumisira at kung saan ang mga magnanakaw ay nakapanloloob at nakapagnanakaw.

20 Sa halip ay mag-impok kayo para sa inyong sarili ng mga kayamanan sa langit, kung saan ang bukbok at ang kalawang ay hindi makakapanira at kung saan ang mga magnanakaw ay hindi nakapanloloob at nakapagnanakaw.

21 Sapagkat kung saan nakalagak ang iyong kayamanan, doon din naman malalagak ang iyong puso.

22 “Ang mata ang pinakatanglaw ng katawan. Kaya’t kung malusog ang iyong mata, mapupuno ng liwanag ang iyong buong katawan.

23 Subalit kung masama ang iyong mata, mapupuno ng kadiliman ang iyong buong katawan. Kaya’t kung ang liwanag na nasa iyo ay kadiliman, napakalaking kadiliman iyan!

24 “Walang taong maaaring maglingkod sa dalawang panginoon, sapagkat kamumuhian niya ang isa at mamahalin naman ang pangalawa, o kaya’y magiging tapat siya sa isa at hindi igagalang ang pangalawa. Hindi kayo maaaring maglingkod sa Diyos at sa salapi.

Sa mga talata 19 at 20 ay isinasalungat ng Panginoong Jesus ang pag-iipon ng kayamanan sa lupa sa pag-iimpok ng mga kayamanan sa langit. Kung tututok tayo sa pag-iipon para sa ating mga sarili ng materyal na kayamanan sa lupa ay hindi tayo magiging mabuti sa pag-iimpok ng espiritwal na mga kayamanan sa langit.

Ang Panginoong Jesus ay nagpatuloy sa talata 21: “Sapagkat kung saan nakalagak ang iyong kayamanan, doon din naman malalagak ang iyong puso.” Malinaw na nag-aalala ang Panginoong Jesus tungkol sa ating puso. Ang ating puso ay tututok sa kung nasaan ang ating kayamanan, at iyon ay magkakaroon ng kinalaman sa ating pang-walang-hanggang kapakanan, at sa kahihinatnan ng ating mga buhay sa kawalang-hanggan.

Sa mga talata 22 at 23, ay binabanggit ng Panginoon ang tanglaw ng katawan. Dito, Siya ay nagsasalita tungkol sa espiritwal na pananaw at pang-unawa. Sinasabi Niya: “Ang mata ang pinaka-tanglaw ng katawan; kaya’t kung malinaw ang iyong mata, mapupuno ng liwanag ang iyong buong katawan. Subalit kung masama ang iyong mata, mapupuno ng kadiliman ang iyong buong katawan. Kaya’t kung ang liwanag na nasa iyo ay kadiliman, ganoon kalaki ang kadiliman iyan!”

Ang kalinawan ng espiritwal na pagkaunawa ay napakahalaga. Ito ay may kabuluhan sa bawat bahagi ng ating buhay. Dito ay binibigyang-diin ng Panginoong Jesus ang kahalagahan ng pagkakaroon ng malinaw na espiritwal na pananaw kaugnay ng kayamanan sa lupa at kayamanan sa langit. Gusto Niyang malaman natin ang kahalagahan ng nakikita natin nang malinaw ang mga isyu tungkol sa ating saloobin tungkol sa materyal na kayamanan at sa kahulugan nito sa ating kayamanan sa langit. Tahasang sinasabi Niya na walang makakapaglingkod sa dalawang panginoon. May katiyakang hindi natin mapaglilingkuran ng sabay ang Diyos at ang materyal na kayamanan.

Ang materyal na kayamanan, sa sarili nito ay walang nagtatagal na halaga sa kaharian ng Diyos. Ngunit ang ating paraan ng pagharap at saloobin tungkol dito ay nagpapakita ng uri ng diwa ng pagka-alagad natin at ng kahulugan ng ating pagpapahayag ng pananampalataya sa Diyos, ng ating pagpapasakop sa Diyos, at ng katotohanan ng ating pag-ibig at malasakit para sa iba. Maaari nating sabihing iniibig natin ang Panginoon, iniibig natin ang ating kapwa, at mayroon tayong pang-walang-hanggang pananaw sa buhay. Ngunit kung iniibig din natin ang materyal na kayamanan, ay mapagdududahan ang kahulugan at katotohanan ng ating pagpapahayag, ng ating mga pinahahalagahan at ang kalagayan ng ating puso.

Ang materyal na kayamanan ay may mahalagang kinalaman sa ating lakad na kasama ang Diyos at ng pang-walang-hanggang kapakanan natin. Kung ang ating paraan ng pagharap sa materyal

na kayamanan ay maayos, ito ay magpapalakas sa positibong mga katangiang nasa loob natin at makakatulong sa atin na mapagyman pang lalo ang mga ito. Ngunit kung ang paraan ng pagharap natin dito ay nakasentro-sa-sarili, ito ay makakapinsala sa ating paglago at mauwi sa pagkasira ng ating mga buhay.

Kaya dapat nating maisip na kung tayo ay hindi maayos sa bahaging ito ng ating materyal na kayamanan, ito ay maaaring nagpapakita na ang ipinapahayag ng ating mga labi ay ganoon nga lang. Maaaring walang katotohanan sa ating mga puso. Maaaring iniisip natin na talagang iniibig natin ang Panginoon nang buong puso, ngunit maaaring iyon ay pakiramdam lang.

Mahalaga para sa bawat isa sa atin na may pananalangin pagbulayan ang ating saloobin tungkol sa salapi at materyal na mga ari-arian. Anong saloobin meron tayo at ano ang ipinapahayag nito tungkol sa uri ng ating pagka-alagad?

Ano ang hinihingi sa atin ng Panginoong Jesus?

Pagbulayan natin ngayon ang isang mahalagang isyu na inihayag ng ating Panginoon tungkol sa materyal na kayamanan. Hindi madaling maunawaan kaagad ang kahulugan nito, at lalo pang mahirap isabuhay ito.

Lucas 18:18–22

18 Tinanong siya ng isang pinuno, “Mabuting Guro, ano ang dapat kong gawin upang magmana ng buhay na walang hanggan?”

19 Sinabi sa kanya ni Jesus, “Bakit mo ako tinatawag na mabuti? Walang mabuti maliban sa Diyos.

20 Alam mo ang mga autos: ‘Huwag kang mangalunya. Huwag kang pumatay. Huwag kang magnakaw. Huwag kang magsinungaling sa iyong patotoo. Igalang mo ang iyong ama at ina.’”

21 At sinabi ng lalaki, “Tinupad ko na ang lahat ng ito mula pa sa pagkabata.”

22 Nang marinig ito ni Jesus ay sinabi sa kanya, “Isa pa ang kulang sa iyo. Ipagbili mo ang lahat ng mayroon ka at ipamahagi

mo ito sa mahihirap at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit. Pagkatapos ay bumalik ka at sumunod sa akin.”

Sa salaysay na ito, isang mayamang pinuno ang nagtanong sa Panginoong Jesus kung ano ang dapat niyang gawin upang magmana ng buhay na walang-hanggan. Sinabi sa kanya ng Panginoon na ipagbili ang lahat ng kanyang ari-arian at ipamahagi ito sa mahihirap. Nang marinig niya ang sagot ng Panginoon, siya ay nalungkot nang husto, dahil sya ay napakayaman (t. 23). Isang talata sa Marcos 10:22, na malamang ay tumutukoy sa pareho ring pangyayari, ay ganito ang sinasabi: “Nanlumo ang lalaki dahil sa sinabing ito, at umalis siyang nalulungkot sapagkat marami siyang ari-arian”.

Narito ang isang napakayamang lalaki. Ngunit hindi siya tunay na mayaman, sapagkat wala siyang kayamanan sa langit. Gusto niyang magkaroon ng buhay na walang-hanggan, ngunit mabigat sa kalooban niyang gawin ang iniuutos ng Panginoon. Umalis siyang nalulungkot at nalulumbay. Nakakalungkot na ang lalaking ito ay mahigpit na hinawakan ng kayamanan na siya’y nahadlangan sa pagiging tunay na mayaman.

Bakit inilatag ng Panginoong Jesus ang kundisyong ito — na kailangan niyang ipagbili ang lahat ng kanyang pag-aari at ipamigay ito sa mahihirap — bago siya magkaroon ng kayamanan sa langit, at pagkatapos ay sumunod sa Kanya?

Ipagbili ang lahat ng pag-aari natin at ipamigay sa mahihirap?
Hinihingi ba ito ng Panginoon sa ating lahat? Kailangan ba nating ipagbili ang lahat ng ating mga ari-arian at ipamigay ito sa mahihirap bago tayo maaaring maging mga alagad Niya, bago tayo maaaring makapasok sa kaharian ng Diyos?

Kung totoo ito, paano natin ito itutugma sa Kanyang turo na “makipagkaibigan kayo gamit ang kayamanan ng sanlibutan”? Ito ay nasa talinhaga ng tusong tagapamahala (Lukas 16:9). Magiging mahirap itugma ang pagkaunawang ito sa turo ng Panginoon tungkol sa kahalagahan ng ating pagiging mabuting mga katiwala sa materyal na kayamanan.

Hindi hiningi ng Panginoong Jesus kay Zaqueo na ipamigay ang lahat ng kanyang mga pag-aari.

Lucas 19:8-9

8 Tumayo si Zaqueo at sinabi sa Panginoon, “Panginoon, masdan po ninyo, ibibigay ko sa mahihirap ang kalahati ng aking pag-aari. At kung mayroon man akong dinaya, ibabalik ko iyon nang apat na ulit.”

9 At sinabi sa kanya ni Jesus, “Sa araw na ito, ang kaligtasan ay dumating sa bahay na ito, sapagkat ang taong ito ay anak din ni Abraham.

Sinabi ng Panginoong Jesus na si Zaqueo ay nakaranas ng kaligtasan matapos ipahayag ni Zaqueo na ibibigay niya ang kalahati ng kanyang mga pag-aari sa mahihirap. Pansinin na walang hinihingi na dapat niyang ipamigay ang lahat.

Malamang na inutusan ng Panginoong Jesus ang mayamang pinuno na ipagbili ang lahat ng meron siya at ipamigay ang salapi sa mahihirap sapagkat alam ng Panginoon na may problema siya sa bagay na ito. Hindi ito hinihingi ng Panginoon sa lahat ng Kanyang mga tagasunod.

Kung ganoon, ibig bang sabihin nito na ang Lukas 18:22 ay hindi makabuluhan sa atin? Hindi, ito ay makabuluhan pa rin sa atin. Bilang isang pangkalahatang prinsipyo, mahalaga na huwag nating bale-walain agad ang mga turo ng Panginoon na may hinihingi o mukhang may hinihingi sa atin.

Diwa ng tunay na pagka-alagad

Ang tugon ng Panginoong Jesus sa mayamang lalaki ay nagbibigay diin sa napakahalagang prinsipyo na maliwanag na umaakma sa lahat ng mga mananampalataya. Ang prinsipyong ito ay makikita sa isa pang talata sa katuruan ng Panginoong Jesus.

Lucas 14:33

“Kaya nga’t sino man sa inyo na hindi magtatakwil sa lahat ng kanyang pag-aari ay hindi maaaring maging alagad ko.”

Tingnan natin ang konteksto ng talatang ito.

Lucas 14:25–32

25 Sumama sa paglalakbay ni Jesus ang napakaraming tao. Humarap siya sa kanila at sinabi,

26 “Hindi maaaring maging alagad ko ang sinumang lumalapit sa akin na hindi napopoot sa kanyang ama, ina, asawa, mga anak, mga kapatid, o maging sa kanyang sariling buhay.

27 Hindi maaaring maging alagad ko ang sinumang hindi nagpapasan ng kanyang sariling krus at sumusunod sa akin.

28 Sapagkat sino ba sa inyo na nagnanais magtayo ng tore ang hindi muna nauupo at inaalam ang magugugol upang matiyak kung mayroon siyang sapat na halaga hanggang matapos ito?

29 Baka kung nailagay na ang pundasyon at hindi ito makayang tapusin, kukutyain siya ng lahat ng makakakita sa kanya.

30 Sasabihin nila, ‘Nagsimulang magtayo ang taong ito pero hindi naman niya kayang tapusin iyon.’

31 O sinong hari ang makikipagdigma sa ibang hari ang hindi muna nauupo at sumasangguni sa kanyang mga tagapayo kung kayang manalo ng kanyang sampung libong kawal laban sa kalaban niyang sumusugod na may dalawampung libong kawal?

32 Kung hindi niya kaya, habang malayo pa ang kaaway ay magpapadala na siya ng sugo upang makipagkasundo para sa kapayapaan.

Tinatalakay dito ng Panginoong Jesus ang tungkol sa halaga ng pagka-alagad. Sinasabi Niya sa talata 33: “Kaya nga’t, walang sino man sa inyo ang maaring maging alagad ko kung hindi magsusuko ng lahat ng kanyang pag-aari”. Malinaw na ang talatang ito ay akma para sa lahat ng may gustong maging mga alagad Niya.

Gusto ng Panginoon na isuko natin ang lahat ng ating mga pag-aari at tayo ay sumunod sa Kanya. Ang diwa ng tunay na pagka-alagad ay kinabibilangan ng pagtalikod sa lahat upang sumunod sa Panginoon. Ang mga salitang ito ng Panginoong Jesus ay makakatulong sa atin na maunawaan ang kahulugan ng sinabi Niya sa mayamang pinuno sa Lukas 18:22: “Ipagbili

mo ang lahat ng mayroon ka at ipamahagi mo ito sa mahihirap, at magkakaroon ka ng kayamanan sa langit; at pagkatapos ay sumunod ka sa Akin”.

Ano ang hinihingi ng Panginoon sa atin nang sabihin Niya na ang Kanyang mga alagad ay dapat magsuko ng lahat ng kanilang mga pag-aari?

Pagsusuko ng lahat ng ating sariling mga pag-aari

Nakita natin na hindi hiningi ng Panginoong Jesus kay Zaqueo na ipagbili o ipamigay ang lahat ng kanyang mga ari-arian at itinuturo Niya rin ang kahalagahan ng mabuting pangangasiwa ng kung anong meron tayo.

Mayroong dalawang pangunahing aspeto ang hinihingi ng Panginoon: “isuko” at ang “lahat ng ating mga ari-arian.”

Ang orihinal na salitang isinalin na “isuko” ay may kaugnay sa pagsasabi ng “paalam”. Nangangahulugan ito na hindi na natin itinuturing ang anumang pag-aari bilang sarili natin. “Nagpaalam” na tayo sa kanila. Itinakwil na natin silang lahat.

“Itakwil ang lahat ng inyong sariling mga pag-aari” ay mangangahulugan kung gayon na hindi natin ituturing ang anuman na meron tayo bilang ating sariling pag-aari, na gagawin natin ang kahit anong maibigan natin. Bagaman ang pag-aari ay legal na nabibilang sa atin, ang mga ito ay itinalaga ng Panginoon para gamitin Niya nang ayon sa Kanyang kaluguran. Tayo ay pawang mga katiwala lamang Niya. Tayo ang mamamahala, gagamitin at dadalhin natin ang mga ito sa antas na nauunawaan natin ang nais ng Panginoon, sa anumang anyo na ayon sa Kanyang kalooban. Ito ang makatwiran at makabuluhang paraan ng pag-unawa sa mga salitang ito ng Panginoong Jesus at siyang naaayon sa itinuturo ng mga Kasulatan sa paksang ito.

Ang prinsipyong ito ay napakahalaga. Maaaring pamilyar tayo sa konsepto ng pangangasiwa, ngunit napakahalagang makiisa tayo sa diwa ng kung anong hinahangad ng Panginoong Jesus na ipaunawa sa atin dito.

Maraming mga Kristiyano ang malayang nagsasabi, “Hindi ko itinuturing na akin ang mga bagay na ito; ang mga ito ay itinalaga para sa Panginoon; ako ay tagapamahala lang ng Diyos.” Ngunit kadalasang napakaliit ng katotohanan ng diwa at kalagayan ng pag-iisip na siyang layunin ng Panginoon nang sabihin Niyang isuko ang lahat ng ating sariling mga pag-aari.

Hindi madaling magkaroon ng uri ng diwa at saloobin tungkol sa materyal na kayamanan na gaya ng sinasabi ng Panginoong Jesus at ang ilan sa atin ay mas nahihirapan tungkol sa bagay na ito.

Bahagi ng mas malawak na isyu ng pagtatalaga at tunay na pagka-alagad

Itoong uri ng saloobin at diwang hinihingi ng Panginoong Jesus na pinag-uusapan natin ay bahagi ng mas malawak na isyu ng pagtatalaga at tunay na pagka-alagad. Sa sinusundang mga talata, ay sinasabi rin Niya: “Hindi maaaring maging alagad ko ang sinumang lumalapit sa akin na hindi napopoot sa kanyang ama, ina, asawa, mga anak, mga kapatid, o maging sa kanyang sariling buhay.” at “Hindi maaaring maging alagad Ko ang sinumang hindi nagpapasan ng kanyang sariling krus at sumusunod sa akin.” (Lukas 14:26–27).

Nililinaaw ng Panginoong Jesus na kung gusto nating maging alagad Niya, ay kailangan nating itatalaga ang ating mga buhay sa Kanya at magpasakop sa Kanya sa bawat bahagi ng ating mga buhay. Siya ang dapat maging pangunahin sa ating mga buhay. Ang kabuuan ng paraan ng pagharap natin sa buhay ay dapat magbago nang todo. Ang ating mga relasyon dito sa lupa ay dapat magkaroon ng bagong pananaw. Ang ating pag-ibig para sa ating mga magulang, asawa, at mga anak ay magiging parang pagkamuhi kung ihahambing sa pag-ibig na dapat tayong magkaroon para sa Panginoon.

Kapag nag-iisip tayo tungkol sa “sariling-buhay”, madalas na iniisip natin ay mga kapahayagan na tahasang negatibo o

lapastangan, ngunit maaari ding kasali rito ang mga larangang hindi halatang hindi katanggap-tanggap, gaya ng ating malasakit para sa iba at ang ating hangaring maglingkod sa Diyos.

Ang sariling-buhay ay nagmumula sa sarili. Ang pinagsisimulan ng gayong paraan ng pagharap sa buhay ay ang ating paghahangad na gumawa ng mga bagay ayon sa ating sariling karunungan at pag-iisip, at sa ating sariling lakas.

Ngunit ang pagsisimulan natin dapat ay ang ating relasyon sa Diyos at ang ating paninindigan na gawin ang lahat ng mga bagay sa pakikisama sa Kanya. Ang kabuuan ng ating pagharap sa buhay ay hindi dapat nakabatay sa ating sariling pag-iisip at pagsisikap. Ang ating pananaw sa buhay, hangaring lumago, saloobin sa iba at pag-ibig para sa kanila, ay dapat nakabatay sa kalooban ng Diyos kung paano tayo dapat haharap at gagawa sa mga larangang ito.

Gaya rin sa iba pang larangan ng buhay, ang ating paraan ng pagharap sa materyal na kayamanan ay hindi dapat ayon sa ating sariling pag-iisip, mga pagkiling o mga hangarin. Hindi natin maaaring ituring ang materyal na kayamanan bilang ating pag-aari, na gagamitin o gagastusin ayon sa gusto natin. Ito ay dapat itakwil, italaga sa Panginoon, na gagamitin sa matalinong pangangasiwa.

Kung sinasabi nating tayo ay nagpasakop sa Panginoon ngunit hindi tayo tunay na masunurin sa Kanya sa larangan ng materyal na kayamanan, kung ganoon ay may kakulangan sa ating pagpapasakop sa pagka-panginoon ni Cristo. Kung meron tayong diwa ng tunay na pagka-alagad, magiging handa tayo na literal na itakwil ang lahat at susunod sa Panginoon kapag hihingin Niya ito sa atin.

Tingnan natin ang Mateo 4:18–22

Mateo 4:18–22

18 Habang naglalakad sa baybayin ng lawa ng Galilea, nakita ni Jesus ang magkapatid na si Simon (na binansagang Pedro)

at si Andres, na naghuhulog ng lambat sa dagat, sapagkat sila ay mga mangingisda.

19 At sinabi niya sa kanila, “Sumunod kayo sa akin at gagawin ko kayong mangingisda ng mga tao.”

20 Kaagad nilang iniwan ang kanilang mga lambat at sumunod sa kanya.

21 Sa paglalakad pa niya ay nakita niya ang magkapatid na Santiago at Juan, mga anak ni Zebedeo. Nasa bangka silang kasama ang kanilang ama at nag-aayos ng mga lambat. Tinawag niya ang magkapatid.

22 Agad nilang iniwan ang bangka pati ang kanilang ama, at sumunod sa kanya.

Nang tawagin ng Panginoon si Pedro, Andres, Santiago at Juan na sumunod sa Kanya, ay kaagad nilang iniwan ang lahat at sumunod sa Kanya. Iniwan nina Pedro at Andres ang kanilang mga bangka at mga lambat, na kanilang ikinabubuhay, at sa kaso nina Santiago at Juan, iniwan din nila ang kanilang ama. Ipinakita nila ang diwa ng tunay na pagka-alagad sa pamamagitan ng kanilang tugon sa tawag ng Panginoon.

Kung papasok tayo sa katotohanan ng tunay na pagtatalaga ng bawat bahagi ng ating mga buhay, tayo ay magkakaroon ng tunay na kalayaan sa larangan ng materyal na kayamanan at sa lahat ng iba pang larangan.

Ang binibigyang-diin ko ay ang uri ng *diwa* na hinihingi sa atin ng Panginoon. Maaaring hingin Niya sa atin na literal na iwanan ang lahat upang sumunod sa Kanya o maaaring hindi. Ngunit hihingin Niya sa lahat ng Kanyang mga alagad na magkaroon ng diwa ng pagtatakwil sa lahat ng kanilang sariling mga pag-aari upang sumunod sa Kanya.

Ang Panginoong Jesus ay nagbigay-diin at nagsalita nang husto tungkol sa isyu ng materyal na kayamanan dahil ito ay isang isyu na kumakaharap sa lahat ng mga mananampalataya at ito ay maraming mga patibong. Ang mga mananampalataya ay maaaring madaling mabitag, mailigaw at mapigilan sa kanilang paglakad

kasama ng Diyos dahil sa pagkukulang na “itakwil ang lahat ng ating sariling mga pag-aari”. Ngunit upang magkaroon ng makabuluhang pagkaunawa ng aral ng Panginoon tungkol sa paksang ito, kailangan din nating isaalang-alang ang positibong kahalagahan.

Ang matalinong paggamit ng materyal na kayamanan ay may positibong kahalagahan

Lucas 16:9

“Sinasabi ko sa inyo, makipagkaibigan kayo gamit ang kayamanan ng sanlibutan upang kung maubos na ito ay tatanggapin kayo sa walang hanggang mga tahanan.”

Sinasabi ng Panginoong Jesus na kailangan nating makipagkaibigan para sa ating mga sarili na gamit ang kayamanan ng kasamaan, upang “kung ito ay bumagsak, tatanggapin kayo sa walang hanggang mga tahanan.” Ang pagkaunawa ko sa sinasabi ng Panginoon dito ay yaong bagaman ang materyal na kayamanan ay “kayamanan ng kasamaan”, kung paano natin gamitin iyon ay may pangwalang-hanggang kahalagahan. Kapag ginamit natin ito nang may karunungan, sa positibong paraan, iyon ay magkakaroon ng positibong halaga at kabuluhan sa walang-hanggang kaharian. Sa kawalang-hanggan, kapag ang ating materyal na kayamanan sa lupa ay naglaho na, ang walang-hanggang halaga na naging resulta ng matalinong paggamit ng mga iyon ay mananatili. Kung paano natin gamitin ang materyal na kayamanan sa lupa ay may kinalaman sa kung paano tayo ituturing sa kaharian ng Diyos sa kawalang-hanggan.

Kung pananatilihin natin ang diwa ng tunay na pagka-alagad sa kung paano tayo mangasiwa ng “kayamanan ng kasamaan”, ito ay mag-aambag sa paglago ng ating karakter at sa pagkalinga ng mga katangian ng ating panloob na pagkatao. Matututo tayong umiwas sa pagpapalayaw sa sarili at magmalasakit tayo para sa mga pangangailangan ng iba at ng gawain ng Panginoon. Sa

ganoong paraan, tayo ay matututo at lalago. Kasabay noon, ang mga pangangailangan ng iba ay matutugunan at may maiaambag iyon sa pagsulong ng kaharian ng Diyos.

Alam natin na sa maraming mga bahagi ng daigdig ay mayroon pa ring malaking pangangailangan para sa mga Kasulatan, para sa magagandang literaturang Kristiyano, at para sa suporta ng tapat na mga manggagawang Kristiyano. May pangangailangan din para sa mga kagamitan sa pagsusulong ng gawain ng Panginoon. Ang materyal na kayamanan kapag nagamit nang maayos ay makakapag-ambag sa pagsulong ng kaharian ng Diyos. Kaya ito ay mayroong positibong kahalagahan.

Bawat mananampalataya ay maaaring mag-ambag nang malaki sa pagbibigay

Huwag nating isipin na dahil lang sa hindi tayo nakakariwasa sa materyal na mga bagay, ay bahagya lang o wala talagang kahalagahan sa atin ang larangang ito. Kung ganito ang iniisip natin ay maaaring makalampas sa atin ang kagalakan at pagkapinagpala ng pagbibigay.

Alalahanin natin ang balong dukha na nag-ambag ng dalawang kusing. Malaki ang posibilidad na siya ang pinakamahirap sa lahat ng mga taong nagbigay. Ngunit hindi niya kinalimutan ang kanyang tungkulin. At sinasabi sa atin ng Panginoong Jesus na siya ay nag-ambag ng higit kaysa sa kanilang lahat. Ang kanyang ibinigay ay mas mahalaga sa Diyos kaysa sa mga ibinigay ng iba.

Ang kahalagahan ng ating ibinigay ay hindi sinusukat sa kung magkano ang ating ibinigay, kundi sa kahulugan nito sa ating mga puso at kung tayo ay kumikilos ng may matalinong pangangasiwa ayon sa patnubay ng Diyos.

Bawat isa sa atin ay dapat pag-isipan nang may panalangin kung paano magiging mabuting mga tagapangasiwa ng lahat ng ipinagkatiwala ng Panginoon sa ating pangangalaga — yaong mga nasa ating kapamahalaan at impluwensya.

Huwag tayong maghambing sa isa't isa, at huwag pabaya

lang sa iba ang pagbibigay para sa gawain ng Diyos. Gusto kong bigyang diin ang mahalagang katotohanang ito: ang bawat isa sa atin ay maaaring mag-ambag nang malaki sa pagbibigay. Walang isa man sa atin ang dapat magpabaya sa bagay na ito. Bawat isa sa atin ay maaari at dapat makaranas ng kagalakan at pagka-mapalad ng pagbibigay.

Sa Mga Gawa 20:35, ang sabi ni Pablo, na binabanggit ang Panginoong Jesus: “Higit na mapalad ang magbigay kaysa tumanggap.” Kung nagbibigay tayo nang may tamang saloobin, tayo ay pumapasok sa kagalakan at pagkamapalad ng pagbibigay. Maging mabuting mga tagapangasiwa tayo at magbigay nang may bukas palad at may katalinuhan upang tayo ay maging pagpapala sa iba at tayo ay pagpalain din.

Maging tayo man ay mayroong marami o kakaunti ng materyal, ay hindi iyon ang napaka-halagang isyu. Ang napakahalaga ay ang uri ng diwa ng pagka-alagad na nasa atin. Kung tayo ay mayroong kakaunti, iyon ba ay dahil nilustay natin ang ipinagkatiwala ng Panginoon sa atin? Kung tayo ay mayroong marami, iyon ba ay dahil tayo ay nagkakamal at nag-iimbak para sa atin mga sarili?

Nasa kaibuturan ng isyu ay ang marunong na pamamahala at paggamit ng materyal na kayamanan para sa pagsulong ng kaharian ng Diyos. Ito ay bahagi ng isang makabuluhang paraan ng pagharap sa buhay.

Pangwakas na mga pananalita

Unawain natin na ang ating saloobin at pamamaraan ng pagharap sa materyal na kayamanan at mga ari-arian ay may kaugnayan sa tunay na kayamanan, espiritwal na kalusugan at pangwalang hanggan kapakanan. Ito ay isang larangan na madalas hinaharap ng Panginoong Jesus, at ito ay tuwirang iniuugnay Niya sa isyu ng tunay na pagkaalagad at ng mga implikasyon nito para sa ating pang-walang-hanggang kalagayan.

Kailangan nating hingin sa Panginoon nang may pananalangin na tulungan tayong maunawaan kung ano ang hinihingi Niya sa atin. Anong ibig Niyang sabihin nang hingin Niya sa Kanyang mga alagad na itakwil ang lahat ng kanilang mga ari-arian at sumunod sa Kanya? Anong diwa ang gusto Niyang magkaroon tayo? Paano ito magiging makatotohanan sa ating mga puso?

Hingin natin sa Panginoon na suriin ang ating mga puso at tulungan tayong limiin nang tama ang kabuuan ng ating pamamaraan, saloobin at gawa kaugnay ng materyal na kayamanan.

Tunay na wala ba tayong itinuturing na sarili natin na gagawin kung anong gusto natin, at ang lahat bilang itinalaga sa Panginoon para gamitin ayon sa Kanyang kaluguran? Tayo ba ay tunay na Kanyang mga tagapangasiwa? O ang mga ito ay pamilyar na mga parirala lang na sinasabi nang hindi taos sa puso, na hindi naman totoong naisasagawa?

Hingin natin sa Panginoon na tulungan tayong kilalanin ang ating kalagayan kaugnay ng larangang ito at gumawa tayo ng pagtutuwid kung saan kailangan. Ang mabuting pangangasiwa ng materyal na kayamanan ay maaaring magkaroon ng mahalagang mga implikasyon para sa ating relasyon sa Diyos at sa Kanyang gawain.

Mga tanong para sa pagninilay at talakayan

1. Anong kinalaman ng ating saloobin tungkol sa materyal na kayamanan sa ating pagiging tunay na mayaman, sa ating relasyon sa Diyos, sa ating espiritwal na kalusugan at sa ating pangwalang-hanggang kapakanan?
2. Sa Lukas 18:22, ay sinabihan ng Panginoong Jesus ang mayamang pinuno na ipagbili ang lahat ng kanyang ari-arian at ipamigay sa mahihirap. Ito ba ay hinihingi ng Panginoon sa lahat ng Kanyang mga alagad?

Ano ang ibig sabihin nga Panginoon nang ituro Niya sa Lukas 14:33 na “sino man sa inyo na hindi magtatakwil sa lahat ng kanyang pag-aari ay hindi maaaring maging alagad ko”? Ano ang hinihingi Niya sa atin at paanong ang turong ito ay bahagi ng mas malawak na isyu ng pagtatalaga at tunay na pagka-alagad?

3. Sa konteksto ng paglalahad ng talinhaga ng tusong tagapamahala, ay sinabi ng Panginoong Jesus: “Sinasabi ko sa inyo, makipagkaibigan kayo gamit ang kayamanan ng sanlibutan upang kung maubos na ito ay tatanggapin kayo sa walang hanggang mga tahanan.” (Lukas 16:9) Anong naintindihan mo sa pahayag na ito? Paano ito nagsasabi sa atin ng tungkol sa positibong kahalagahan ng marunong na paggamit ng materyal na kayamanan?
4. Ang malaking ambag ba sa pagbibigay ay puwede lang para sa mayayaman o para rin sa bawat isang mananampalataya? Ipaliwanag.

Praktikal na Pagsasakatuparan — Matalinong Pangangasiwa

Sa nakaraang mensahe ay pinagbulayan natin ang relasyon sa pagitan ng materyal na kayamanan at tunay na kayamanan. Ang matalinong pangangasiwa ng materyal na kayamanan ipinagkatiwala ng Diyos sa atin ay isang pagpapatunay ng tunay na pagka-alagad at katapatan sa Diyos at magkakaroon ng tuwirang kinalaman sa ating espiritwal na kalusugan, paglago, pagiging tunay na mayaman at paglalatatag ng isang mabuting pundasyon para sa ating kinabukasan sa walang-hanggang kaharian ng Diyos. Sa mensaheng ito, ay pag-aaralan natin kung paanong ang diwa ng marunong na pangangasiwa ng materyal na kayamanan ay maaaring maipahayag nang makabuluhan at naaangkop.

Praktikal na pagsasakatuparan ng ating saloobin tungkol sa materyal na kayamanan

1. Maingat na paggastos sa ating mga sarili at mga mahal sa buhay
Ang ilang mga gastusin ay kailangan, gaya ng pagkain at pananamit para sa ating mga sarili at para sa ating mga mahal sa buhay. Ang dapat nating ingatan ay ang hindi kailangan o sobrang paggastos, lalo na sa mga bagay na hindi nag-aambag sa paglilingkod o sa ating kapakanan.

Kailangan nating mag-ingat sa pagpapalayaw sa ating sarili o sa ating mga mahal sa buhay. Iyon ay isang pag-aaksaya, at iyon ay nakakapinsala rin sa ating diwa ng pagka-alagad at sa ating kapakanan. Kung tayo ay tunay na nagmamalasakit para sa ating

mga mahal sa buhay, ay hindi natin nanaisin na bigyang-layaw sila dahil iyon ay magkakaroon ng negatibong epekto sa kanilang mga buhay.

Kasama ng lumalagong kasaganaan, ang diwa ng konsumerismo ay nasa paligid natin. Hindi tayo dapat nadadala ng diwang ito. Ngunit hindi ibig-sabihin na kapag matipid tayo sa paggastos para sa ating mga sarili o sa ating mga mahal sa buhay, tayo ay maayos sa larangang ito. Ang napakahalaga ay ang dahilan para sa ating matipid na paggastos. Ang madamot ay hindi rin gumagastos ng malaki — para sa kanyang sarili o sa kanyang pamilya. Maaari nating imbakin ang meron tayo, magkamal ng mga ito para sa pakiramdam ng seguridad. O maaaring gusto lang nating kapitan ang ating pera at mga ari-arian.

Ang sobra at maaksayang paggastos sa ating mga sarili at sa ating mga mahal sa buhay, at hindi natin pinapansin ang apurahang mga pangangailangan ng iba at ng gawain ng Panginoon, ay hindi pangkaraniwang mga bagay. Alalahanin ang talinhaga ng mayamang lalaki at ni Lazaro. Ang mayamang lalaki ay namuhay na maaksaya, na iniisip na ang lahat ay maayos. Ngunit sa katotohanan, siya ay nasa isang walang kasiguruhang kalagayan.

2. Tunay na kagustuhang magbigay

Maaaring hindi hingin ng Panginoon sa atin na ibigay ang lahat ng meron tayo. Maaaring gustuhin Niyang magbigay tayo ng malaking halaga ng pera, o gustuhin Niyang magkaroon tayo ng malaking halaga para padaluyin sa iba't-ibang paraan sa tamang panahon. Anuman ang sitwasyon, ay hindi tayo dapat kumapit sa ating mga ari-arian. Hindi natin dapat hayaan na ang mga ito ay magkaroon ng kontrol sa atin. Dapat ay mayroong tunay na pagkukusang magbigay ng kung anong nararapat, sa anumang oras.

Huwag nating bigyan ng katwiran ang anumang mga maling saloobin sa ating mga puso. Ayusin muna natin ang saloobin at diwa na meron tayo sa ating kalooban sa mga bagay na ito at

matutunan nating hawakan ang lahat ng mga bagay na bukas ang mga kamay, hindi kuyom na mga kamao.

Mayroon ba talaga tayong saloobin na hindi natin pag-aari ang materyal na kayamanang meron tayo, at tayo ay mga katiwala lamang? Alalahanin natin, ipagsusulit natin sa Diyos ang ating pangangasiwa sa lahat ng bagay, kasama itong larangang ito ng materyal na kayamanan.

Mag-ingat tayo sa paghawak sa kung anong ipinagkatiwala sa atin, namimigay ng kaunti at itinatabi ang marami para sa sarili. Sa halip ay matutunan nating alagaan ang diwa ng pagiging bukas-palad at kasabay nito, ay maging marunong tayo sa pagpapakita nito.

Sa lumalagong kasaganaan, ang pananagutan natin sa pangangasiwa ng materyal na kayamanan ay lalaki rin ang kahalagahan. Ang ibinibigay natin ay maaaring isang malaking bagay sa mga taong nangangailangan at sa mga gumagawa ng gawain ng Panginoon sa iba't ibang larangan. Ang ating iniaambag ay maaaring gumawa ng malaking pagkakaiba, lalo na sa mga hindi maunlad na mga bansa kung saan ang halaga ng pamumuhay ay lubhang napakababa. Ang maliit na halaga ng pera ay malayo ang mararating sa pagsuporta sa manggagawang Kristiyano sa mas mahihirap na rehiyon sa mundo.

3. Ang Pinag-isipang pagbibigay

Sa ating praktikal na paggawa ng bagay na ito, ay dapat nating pag-isipan nang may pananalangin sa Panginoon kung paano at sa anong larangan tayo maaaring magbigay paminsan-minsan. Kailangan natin ng karunungan sa pamamahagi ng kung anong meron tayo. Dapat ay pinag-iisipang pamimigay, hindi walang ingat na pagbibigay.

4. Pagsasaalang-alang at pagpapalano para sa hinaharap

Maaaring akayin ng Panginoon ang ilang mga mananampalataya sa mga panahon kung kailan wala silang sapat para sa malapit na hinaharap at hindi nila alam kung saan at kung kailan sila

magtatamo ng probisyon para sa kanilang pang-araw-araw na mga pangangailangan. Ang buhay ng pananampalataya ay maaaring kasama ang pagkatutong magtiwala sa Panginoon araw-araw para sa Kanyang probisyon. Maaaring naisin ng Panginoon na ang ilan ay magtiwala sa Kanya sa ganitong paraan sa mahabang mga panahon.

Ngunit hindi ibig sabihin na ang buhay ng pananampalataya ay dapat laging ganito. Hindi laging mainam na mabuhay nang pang-araw-araw na walang anumang iniisip kung paano tutugunan ang ating mga pangangailangan para bukas o sa isang taon. Ang ganitong paraan ng pamumuhay ay hindi tanda ng pagiging espirituwal. May puwang sa atin ang pag-iisip at pagpapalano para sa hinaharap para sa ating mga sarili at mga mahal sa buhay. Ang hindi paggawa nito, kung minsan ay maaaring magpakita ng kawalang-pakialam o pagiging iresponsable. Maaari tayong maging tamad at walang pakialam sa ating mga buhay at hindi gumagawa ng kailangang mga hakbang upang tiyaking tayo at ang ating mga mahal sa buhay ay masustentuhan. At mayroon pang ibang mga larangan ng pangangailangan na maaaring ipaisip sa atin ng Panginoon.

Ang mahusay na maybahay

Pagnilayan natin ang mahusay na maybahay na inilalarawan sa Kawikaan 31. Ang matututunan natin mula sa mga talatang ito ay kapaki-pakinabang, hindi lang para sa mga maybahay, kundi para sa lahat ng mga babae — at mga lalaki rin.

Kawikaan 31:10–31

10 Sinong makakatagpo ng isang butihing babae?

Sapagkat siya'y higit na mahalaga kaysa mga batong rubi.

11 Ang puso ng kanyang asawa, sa kanya'y nagtitiwala, at siya'y hindi kukulangin ng mapapala.

12 Gumagawa siya ng mabuti sa kanya at hindi kasamaan sa lahat ng mga araw ng kanyang buhay.

13 Siya'y humahanap ng balahibo ng tupa at lino,

at kusang-loob ang kanyang mga kamay ay nagtatrabaho.
 14 Siya'y gaya ng mga sasakyang dagat ng mangangalakal,
 nagdadala siya ng kanyang pagkain mula sa kalayuan.
 15 Siya'y bumabangon samantalang gabi pa,
 at naghahanda ng pagkain para sa kanyang pamilya,
 at nagtatakda ng mga gawain sa mga babaing alila niya.
 16 Tinitingnan niya ang isang bukid at ito'y binibili niya,
 sa bunga ng kanyang mga kamay ay nagtatanim siya ng ubasan.
 17 Binibigkisan niya ng lakas ang kanyang mga balakang,
 at pinalalakas ang kanyang mga bisig.
 18 Kanyang nababatid na kikita ang kanyang kalakal,
 ang kanyang ilaw sa gabi ay hindi namamatay.
 19 Kanyang inilalagay ang kanyang mga kamay sa panulid,
 at ang kanyang mga kamay ay humahawak ng panghabi.
 20 Binubuksan niya sa mga dukha ang kanyang kamay,
 iniaabot niya ang kanyang mga kamay sa nangangailangan.
 21 Hindi siya natatakot sa niyebe para sa sambahayan niya,
 sapagkat ang buo niyang sambahayan ay nakadamit na pula.
 22 Gumagawa siya ng mga saplot para sa sarili,
 ang kanyang pananamit ay pinong lino at kulay-ube.
 23 Kilala ang kanyang asawa sa mga pintuang-bayan,
 kapag siya'y nauupong kasama ng matatanda sa lupain.
 24 Gumagawa siya ng mga kasuotang lino at ito'y ipinagbibili,
 at nagbibigay ng mga pamigkis sa mga negosyante.
 25 Kalakasan at dangal ang kanyang kasuotan,
 at ang panahong darating ay kanyang tinatawanan.
 26 Binubuka niya ang kanyang bibig na may karunungan;
 at nasa kanyang dila ang aral ng kabaitan.
 27 Kanyang tinitingnang mabuti ang mga lakad ng kanyang
 sambahayan,
 at hindi siya kumakain ng tinapay ng katamaran.
 28 Tumatayo ang kanyang mga anak, at tinatawag siyang
 mapalad;
 gayundin ang kanyang asawa, at kanyang pinupuri siya:
 29 "Maraming anak na babae ang nakagawa ng kabutihan,
 ngunit silang lahat ay iyong nahigitan."

30 Ang alindog ay madaya, at ang ganda ay walang kabuluhan,
ngunit ang babaing natatakot sa Panginoon ay papupurihan.

31 Bigyan siya ng bunga ng kanyang mga kamay,
at purihin siya ng kanyang mga gawa sa mga pintuang-bayan.

Sa talata 10 ay ipinapakilala ang mahusay na maybahay na ito. Nakikita natin ang isang kapuri-puring babaeng may takot sa Diyos. Ang kanyang asawa ay nagtitiwala sa kanya dahil ginagawan niya siya ng kabutihan at hindi kasamaan. Inaalagaan niyang mabuti ang kanyang sambahayan at tinutulungan niya ang mahihirap at nangangailangan. Hindi siya tamad bagkus ay masipag siyang nagtatrabaho.

Pinag-aaralan ng mahusay na babae ang isang bukirin at binibili niya ito. Nagtatanim siya ng isang ubasan sa pamamagitan ng kanyang mga kinita. Siya ay nagbebenta ng mga damit at sinturon. Kalakasan at karangalan ang kanyang kasuotan, at nginingitian niya ang kinabukasan.

Malinaw mula sa konteksto na ang paraan ng pagharap niya sa kanyang mga tungkulin ay tama at makabuluhan. Pinag-iisipan niya ng wasto ang kinabukasan at nagpaplano siya para rito. Pinag-aaralan niya ang higit sa kung merong sapat para sa kasalukuyan. Kung magka-gayon, kapag nagpaplano tayo para sa hinaharap, tandaan natin na hindi natin gagawin iyon sa pamamagitan ng pagtitiwala sa ating sariling mga kakayahan.

Paglalaan para sa iba't-ibang mga pangangailangan

Bukod sa paglalaan para sa personal na mga pangangailangan at sa ating pamilya, ay dapat din tayong maglaan para sa mga pangangailangan ng ibang mga mananampalataya. Sa 1 Corinto 16:1–2, ay makikita nating hinihikayat ni Pablo ang mga mananampalataya na gawin ito.

1 Corinto 16:1–2

1 At tungkol naman sa ambag para sa mga banal: gawin din ninyo kung ano ang itinagubilin ko sa mga iglesia sa Galacia.

2 Tuwing unang araw ng linggo, ang bawat isa sa inyo ay magbukod at maglaan ng halaga ayon sa kanyang kinita, upang huwag nang magkaroon ng mga ambagan pagpunta ko.

Dito ay inuudyukan ni Pablo ang mga mananampalataya sa Corinto na palagiang magtabi ng halaga ayon sa kanilang kakayahan upang ito ay magamit sa pagtugon sa mga pangangailangan ng kapatiran sa ibang lugar.

Kahalagahan ng pananampalataya

Kung paano gagawin ang pagtustos para sa iba't ibang mga pangangailangan ay maaaring magkaiba sa iba't-ibang mga tao sa iba't-ibang mga kalagayan. Halimbawa, sa ibang mga tao ay maaaring angkop na kumuha ng *insurance*, samantalang sa iba ay hindi. Kahit ano pa man iyon, kapag tayo ay nagplano para sa hinaharap, isipin natin ang puwang ng pananampalataya at pagtitiwala sa Panginoon para sa Kanyang probisyon. Hindi natin dapat ibinabatay ang ating seguridad sa materyal na mga bagay o sa kung anong itinabi natin.

Maraming mga mananampalataya ang nahihirapang magtiwala sa Diyos para sa Kanyang probisyon. Ang iba ay walang inimpok para sa biglaang mga pangangailangan at sa panghinaharap na mga pangangailangan kaya ang pakiramdam nila ay wala silang katiyakan. Ang ibang may kasaganaan ay maaaring mag-isip na ang kanilang katiyakan ay nasa Diyos. Ngunit kapag sinubok, halimbawa, kapag nawalan sila ng trabaho at matagal na hindi makahanap ng trabaho, sila ay maaaring mamroblema, mababalisa at mababahala. Maging tayo man ay sagana o naghihirap, kailangan nating matutong magtiwala sa Diyos para sa Kanyang probisyon.

Hanapin muna ang Kanyang kaharian at ang Kanyang katuwiran
Napakalinaw na itinuturo ng Panginoong Jesus sa atin na hanapin muna natin ang kaharian ng Diyos at ang Kanyang katuwiran at

“ang lahat ng mga bagay na ito” ay idaragdag sa atin (Mat. 6:33). Tingnan natin sandali sa konteksto ng talatang ito upang makita natin ang kahalagahan nito sa atin.

Sinasabi sa atin ng Panginoong Jesus sa Mateo 6:25, na huwag mabalisa para sa ating mga buhay — sa kung anong kakainin, iinumun o isusuot. Sinasabi Niyang ang buhay ay higit kaysa pagkain, at ang katawan ay higit kaysa damit. Itinuturo Niya ang ating mga mata sa mga ibon sa himpapawid at sinasabing ang ating Ama sa langit ang nagpapakain sa kanila. Gaano pa kaya sa atin na mas mahalaga kaysa mga ibon (t. 26). Pagkatapos ay sinasabi Niya sa atin na obserbahan kung paano tumutubo ang mga liryo sa parang.

Mateo 6:30

“At kung gayon nga binibihisan ng Diyos ang damo sa parang na ngayon ay buháy ngunit bukas ay inihahagis sa kalan, kayo pa kaya ang hindi niya bihisan, kayong mahina ang pananampalataya?”

Nagtapos ang Panginoon sa pamamagitan ng paghimok sa atin na magtiwala sa Diyos:

Mateo 6:33

“Subalit pagsikapan muna ninyong matagpuan ang kaharian ng Diyos at ang kanyang katuwiran, at ang lahat ng mga bagay na ito ay idaragdag sa inyo.”

Kung tayo ay may diwa at saloobin ng “pagsisikap na matagpuan muna ang kaharian ng Diyos at ang kanyang katuwiran,” ay kaya nating magtiwala nang wasto sa Diyos na tutugon sa ating mga pangangailangan.

Maraming mga mananampalataya ang nagsasabi na sila ay nagtitiwala sa Diyos, ngunit ang mga ipinapamalas ng kanilang pananampalataya ay maaaring hindi tunay na pananampalataya. Kapag tayo ay abala sa makasariling mga hangarin at sa mga

bagay ng sanlibutan, ang ating pananampalataya ay maliligaw. Ngunit kapag ang ating mga puso ay nakatuon sa tama, at may katapatang hinahanap muna ang kaharian ng Diyos at ang Kanyang katuwiran ay kaya nating magtiwala nang wasto sa Diyos na Siya ay gagawa para sa ating mga buhay at magkakaloob sa atin ayon sa Kanyang ganap na karunungan. Hindi ibig-sabihin na hindi na tayo dadaan sa mga kahirapan o kaya magkakaroon na tayo ng materyal na kasaganaan. Ngunit habang nakatutok tayo sa Kanyang kaharian at sa Kanyang katuwiran, ay kaya nating magtiwala sa Kanya na magkakaloob para sa atin ayon sa nakikita Niyang angkop.

Para sa karamihan sa atin, ang pagkakaroon ng angkop na trabaho ay maaaring bahagi ng kalooban ng Panginoon para sa atin. Para sa iba, ay maaaring gabayan sila ng Panginoon sa paraang hindi natin alam kung anong kinabukasan o kung paano matutugunan ang ating materyal na mga pangangailangan. Subalit kung ano man iyon, ang pinakamahalagang punto ay ang matuto tayong hanapin ang Panginoon, malaman ang Kanyang kalooban para sa atin, tumutok sa Kanyang kaharian at magtiwala sa Kanya na magkakaloob para sa atin.

Kaya tiyakin natin na patuloy tayong nakatutok sa Panginoon at sa Kanyang kaharian. Ang ating personal na mga pangangailangan sa materyal na mga bagay at sa mga mahal natin sa buhay ay hindi dapat maging sanhi ng kaabalahan, kaguluhan ng isip o pinagmumulan ng kabalisahan. Maging responsable tayo ngunit huwag mabalisa.

Tayong mga namumuhay sa mayamang mga bansa, kung minsan, ay hindi nasisiyahan sa kung anong meron tayo kapag inihahambing natin ang ating mga sarili sa mga nasa palibot natin. Maaaring maramdaman natin na anong meron tayo ay hindi sapat. Ngunit kapag namumuhay tayo sa hindi maunlad na mga bansa, kung saan maraming pangunahing mga pangangailangan ang wala, ay maaaring hindi ganoon ang maramdaman natin.

Kaya huwag tayong maghambing nang di tama sa pamumuhay ng iba, bagkus ay hangarin nating mamuhay ng isang pamumuhay na angkop para sa atin at nakalulugod sa Panginoon.

5. Marunong na mga pamumuhunan

Kaugnay ng ating responsibilidad na magplano para sa kinabukasan ay ang isyu ng marunong na pamumuhunan. Hindi natin dapat isipin na ang larangang ito ay hindi angkop sa mga talagang nagtitiwala sa Diyos at mga naninindigan sa Kanya. Ang marunong na pamumuhunan ay maaaring maging bahagi ng pagpapamalas natin ng mabuting pangangasiwa ng kung anong ipinagkatiwala sa atin ng Panginoon — iyon ay, ang marunong na pangangasiwa ay kinasasangkutan ng mahusay na pamumuhunan.

Pinag-aralan ng mahusay ng maybahay na inilarawan sa Kawikaan 31 ang isang bukirin at binili niya iyon, at mula sa kanyang mga kinita, siya ay nagtanim ng isang ubasan (t. 16). Ang makikita natin dito ay ang prinsipyo ng pamumuhunan. Ang mahusay na maybahay ay namuhunan sa bukid na ito para sa kikitain sa hinaharap.

Ang mga panganib ng pamumuhunan at ang pangangailangan ng pagbabantay

Tungkol sa bagay na ito ng pamumuhunan, ay kailangan din nating maging mapagbantay dahil madali itong maging bitag at katitisuran sa atin. Maaari nitong pukawin sa ating kalooban ang isang gahamang pagnanasa na magkaroon ng papalaki nang papalaking kita.

Bagaman ang matalinong pangangasiwa ng ating pinansyal na yaman ay maaaring kasangkutan ng pamumuhunan, hindi natin dapat hayaang guluhin tayo nito at pahinain ang ating pagtutok sa kaharian ng Diyos. Ang pamumuhunan ay maaaring makabawas ng malaki sa ating panahon at lakas, na magreresulta sa ating pagkatali sa mga ito. Ang mga ito ay maaari ding makapigil sa

atin sa pagtugon sa totoong mga pangangailangan, dahil maaari nating isipin na ang ating yaman ay “nakatali”, maaaring hindi tayo makatugon nang malaya sa Panginoon kung matanto natin na nais Niyang mag-ambag tayo sa partikular na mga larangan.

Kung paano tayo magtamo ng kayamanan ay mahalaga sa Panginoon

Hindi tayo dapat masangkot sa mga haka-haka at sugal, na maaaring umako ng iba’t-ibang mga anyo, na kalimitang pinagagana ng kasakiman. Isang halimbawa ay ang paghahaka-haka sa stock market — masusing pagsubaybay sa presyo ng stock, pagbili at pagbebenta ng mga ito, na nakatingin sa pagtatamo ng mabilis at madaliang kita.

Bukod sa maapektuhan ang pinagtutuunan natin sa buhay, ang paghahaka-haka at sugal ay maaaring magresulta sa matinding mga pagkalugi at iba pang seryosong mga problema para sa atin at sa ating pamilya. Kahit pa madalas tayong kumikita, ang paghahaka-haka sa stock market ay isang anyo ng pagsusugal at hindi tamang pamumuhunan. Hindi ito ang tamang paraan ng pagsisikap na mapalago ang ating kayamanan.

Ang pagtatamo ng mas maraming kayamanan dahil sa kasakiman ay malinaw namang mali. Kahit pa na ang kayamanang natamo ay nakalaan para sa gawain ng Panginoon, hindi pa rin ito mabuti o tama. Pinahahalagahan nang husto ng Panginoon ang tungkol sa ating pamamaraan sa buhay, sa mga bagay-bagay, sa mga isyu. Kaya mahalaga sa Kanya kung paano tayo magtamo ng kayamanan.

Maaaring mayroon tayong mga mabuting intensyon, at may plano tayong gamitin sa gawain ng Panginoon ang kayamanang natamo, ngunit kung ang paraan ng pagtatamo natin nito ay hindi makabuluhan, ang Diyos ay hindi malulugod sa atin. At maging kahit ang pamamaraang ginamit natin ay lehitimo, ang Panginoon ay hindi pa rin malulugod sa atin kapag sa pagsasagawa natin ay naguluhan tayo at nawala ang ating tutok sa kaharian

ng Diyos, at kinakaligtaan natin ang panahong kasama Siya at ang ibang mga tao.

Ang panlabas na ipinakikita ay dapat dumaloy mula sa panloob na katotohanan

Bagaman pinag-aaralan natin ang praktikal na mga bagay, ay dapat nating matanto na hindi natin basta mahaharap ang panlabas na mga ipinakikita nang ganoon na lang. Dapat muna nating harapin ang mga katotohanang nasa ating mga puso. Kung tututok lang tayo sa panlabas na mga ipinakikita, ay maraming iba't-ibang mga uri ng problema ang lilitaw. Bukod sa katotohanan na ang Diyos ay hindi malulugod kung ang ating mga saloobin ay hindi tama, ay maaari ding magkaroon ng pakiramdam ng pagtatalo, kalituhan at kabiguan sa loob natin.

Halimbawa, kapag sinubukan nating maki-ayon sa mga inaasahan ng iba, o ipahayag ang ating pananampalataya gaya ng sa kanila, na walang kaukulang katotohanan sa panloob, ay maaari tayong mabigo. Hindi tayo magkakaroon ng kamalayan ng kalayaan at kagalakan sa ginagawa natin dahil hindi natin ginagawa ang mga ito ng may tunay na pag-ibig sa Diyos.

Kapag tunay na iniibig natin ang Panginoon at sinisikap nating ipakita ang ating pag-ibig sa praktikal na paraan, tayo ay magkakaroon ng malalim na kamalayan ng kalayaan sa Panginoon. Ang panlabas na mga ipinakikita ay tutugma sa mga katotohanan sa loob. Ngunit kapag kinaligtaan natin ang mga katotohanan sa loob natin, at sa halip ay tumutok tayo sa pakikiayon sa panlabas na mga ipinakikita, ang ating ginagawa ay maaaring panlabas na pakitang-tao lang, at ang pakiramdam natin ng pagiging-espiritwal ay magiging huwad na espiritwalidad.

Ang ating panlabas na mga ipinakikita ay maaaring makaapekto sa iba

Bagaman ang ating mga buhay ay hindi dapat maging panlabas na pakitang-tao lang, kailangan din nating intindihin kung paanong

ang ating panlabas na mga ipinakikita ay maaaring makaapekto sa iba. May mga nakakatulong na mga prinsipyo tungkol dito sa Roma 14.

Roma 14:12–13

12 Kaya, ang bawat isa sa atin ay magbibigay-sulit ng sarili sa Diyos.

13 Kaya nga huwag na tayong humatol sa isa't isa. Sa halip, pagpasyahan natin ito, na huwag tayong maglagay ng hadlang sa daan ng ating kapatid o maging sanhi ng pagkakasala ninuman.

Ipinapaalala ni Pablo sa atin na ang bawat isa ay magbibigay-sulit sa Diyos, at dahil doon, ang pangunahing dapat nating tinututukan ay ang maayos nating pamumuhay sa harap Niya. Dapat tayong maging mabubuting mga tagapangasiwa ng lahat ng ipinagkatiwala Niya sa atin.

Kasabay nito, dahil ang ating mga buhay ay maaaring makaapekto sa iba, ay dapat tayong maging maingat na huwag maglagay ng hadlang o katitisuran sa dinadaan ng ating kapatid. Ang isang maluhong pamumuhay o pagkapit sa ating materyal na kayamanan ay hindi lamang mahinang uri ng pangangasiwa ng ating materyal na mga ari-arian, iyon din ay maaaring magkaroon ng nakakasirang impluwensya sa ibang mga mananampalataya at sa kanilang saloobin sa pinagmumulan ng kanilang pananalapi. May mga pagkakataong may ibang natitisod kahit na kumilos tayo sa paraang kalugod-lugod sa Panginoon. Sila ay natisod nang hindi natin kasalanan. Ngunit kailangan pa rin nating mag-ingat sa ating pagkilos upang ang iba ay hindi matisod nang hindi dapat.

Panlabas na mga ipinakikita na ayon sa kung anong angkop sa pang-isahang mga kalagayan

Mahalagang ang bawat isa sa atin ay gumawa ayon sa kung anong makabuluhan at angkop sa ating sariling kalagayan, ayon sa kung

ano ang nauunawaan nating ninanais ng Panginoon sa atin, at ayon sa antas ng ating paglago. Ang ating mga kalagayan ay hindi pare-pareho, gayundin ang antas ng ating paglago. May iba-ibang mga prinsipyong mailalapat sa ating lahat, halimbawa, ang mga prinsipyo ng pangangasiwa at pagtitiwala sa Diyos. Ngunit maging sa larangan ng pagtitiwala sa Diyos, ay dapat alam natin na hindi lahat ay may pare-parehong antas ng pananampalataya. Kaya ang pagkakaiba-iba sa panlabas na mga ipinakikita ay dapat nasa kaayusan.

Tingnan natin ang dalawang mga talata sa Roma 14 tungkol sa mahalagang prinsipyong ito:

Roma 14:22

Anuman ang paniniwalaan mo, hayaan mong ikaw na lamang at ang Diyos ang makaalam. Maligaya ang taong hindi sinusumbatan ang kanyang sarili dahil sa mga bagay na itinuturing niyang tama.

Roma 14:5

May taong nagpapahalaga sa isang araw nang higit kaysa ibang araw. May iba namang pare-pareho lamang ang turing sa bawat araw. Maging panatag ang bawat isa sa kanyang sariling pag-iisip.

Pansinin ang dalawang mga pariralang ito: “anuman ang paniniwalaan mo, hayaan mong ikaw na lamang at ang Diyos ang makaalam” (t. 22) at “maging panatag ang bawat isa sa kanyang sariling pag-iisip” (t. 5). Ang mga ito ay nagsasabi sa atin na dapat ay matutunan nating mamuhay nang ayon sa kung anong kinikilala at nauunawaan natin, ayon sa ating mga ipinananindigan, at sa ating pagkaunawa ng kung anong angkop sa ating kalagayan. Ito ay mahalaga upang tayo ay makagawa nang makabuluhan, may paninindigan at pakikipag-kaisa sa Panginoon.

Kung paano isinasagawa ang mga katotohanan at mga prinsipyo ay maaaring may pagkakaiba-iba ayon sa pang-isahan o indibidwal na mga kalagayan. Maaaring makita ng iba na makabuluhang magtiwala sa Panginoon para sa kanilang materyal na mga pangangailangan nang hindi magtatabi ng salapi para sa naturang mga pangangailangan. Sa iba't-ibang panahon sa kanilang mga buhay, ang kanilang mga pag-aari ay maaaring may malaking pagkakaiba. Kung minsan, sila ay maaaring magkaroon ng medyo marami, hindi dahil sa kawalan nila ng pananampalataya, bagkus ay dahil sa ibang mga isinaalang-alang nila. Kung minsan naman, ay maaaring kumportable na sila sa pagkakaroon ng halos walang kahit na ano.

Ngunit hindi tayo dapat mamuhay ng “isang buhay ng pananampalataya” sa hindi makatotohanang antas, ang higit sa kung anong maaari nating gawin nang may kabuluhan. Hindi natin dapat sikaping gayahin ang iba. Maaaring angkop iyon sa iba, ngunit hindi makatotohanan sa atin. Kung sisikapin nating gayahin ang iba, ay maaari tayong mamroblema at mabalisa dahil wala tayong pananampalataya at paninindigang mamuhay sa ganoong paraan.

Halimbawa, sa isang sandali ng kasigasigan, ay maaari nating ipamigay ang lahat ng meron tayo, at sa isang panahon, ang ating puso ay payapa. Ngunit kasunod noon, kapag ang pakiramdam natin ay pinagkaitan tayo, o kapag nahihirapan na tayo sa buhay, ay maaari tayong mabagabag o magising sa katotohanan at masama ang loob. Ang ating pananampalataya ay maaaring wala sa antas na makahulugang makakatawid sa mga kahirapan. Ang ating kalagayan ay maaaring lumala kapag makita natin ang iba na sagana at maaaring sisihin natin ang iba sa ating kawawang kalagayan. Ngunit kung tayo ay tunay na namumuhay ayon sa ating mga paninindigan, ay hindi mangyayari ang ganito. Ang iba ay maaaring makipagpaliwanagan, magbahagi at magpalakas-loob sa atin, ngunit sa kahulihan, dapat tayong mamuhay ayon

sa kung anong naunawaan at ipinaninindigan natin. Sa ganoon lang tayo makakagawa nang may kagalakan, may kabuluhan, at may payapang pagtitiwala sa Panginoon. At yamang malaya pinili nating mamuhay sa ganoong paraan dahil naniniwala tayo roon, anuman ang kahinatnan, ay walang puwang ang paninisi sa sinuman.

Iniibig ng Diyos ang masayang nagbibigay

2 Corinto 9:6-7

6 At ito ang ibig kong sabihin: Ang nagtatanim ng kaunti ay kaunti rin ang aanihin, at ang nagtatanim ng marami ay marami rin ang aanihin.

7 Ang bawat isa ay magbigay ayon sa ipinasya ng kanyang puso, hindi nanghihinayang, o napipilitan lamang sapagkat iniibig ng Diyos ang masayang nagbibigay.

Iniibig ng Diyos ang masayang nagbibigay, na bukas-palad ang pagbibigay at hindi nanghihinayang. Ang pagbibigay ay dapat maging pagpapakita ng pag-ibig na dumadaloy mula sa puso at hindi pinipilit o pinupwersa. Dapat itong gawin nang may pananalangin, pinag-aralang mabuti, at hindi padalus-dalos o bugso lang ng damdamin.

Paghahangad ng mas mataas na antas ng pananampalataya

Ang pamamaraang pinipili natin at ang praktikal na pagsasagawa sa larangang ito ng materyal na mga bagay ay hindi dapat magpakita ng maliit na pananampalataya sa Diyos o ng pagiging nahahawakan ng materyal na mga bagay.

Sabi ni Pablo sa Roma 14:22: “Maligaya ang taong hindi sinusumbatan ang kanyang sarili dahil sa mga bagay na itinuturing niyang tama.” Dapat ay tiyakin natin na kung ano ang pinayagan natin sa ating sariling buhay, kung paano natin isasaayos ito at isasabuhay, ay kalugod-lugod sa Panginoon. Hindi tayo dapat mauwi sa pagkondena sa ating mga sarili.

Kaya, samantalang hindi tayo maghahangad ng bagay na

hindi natin makabuluhang maisasabuhay at pagkatapos ay sasama ang loob natin, ay hindi rin natin hahangaring mamuhay sa paraang magpapakita ng mahinang pananampalataya sa Diyos. Matuto tayong magtiwala sa Diyos, itaguyod ang tamang espiritu, at hangaring lumago ng papataas nang papataas na antas ng pananampalataya sa Panginoon. Hindi mabuti para sa atin na mamuhay sa mababang antas ng pananampalataya.

Hindi mapanghusga

Napakahalaga rin na tayo ay hindi mapanghusga o padalus-dalos sa ating pagtingin sa mga hindi umaayon sa ating mga gawain o mga inaasahan.

Oo nga't mayroong puwang para sa atin na mag-alala para sa iba. Hindi natin dapat kaligtaan ang nangyayari sa ating mga kapatid, na iniibig natin. Sa pakikisama, ay maaari tayong magbahagi, makipag-usap at makihalubilo sa kanila. Ngunit huwag maging mabilis sa paghusga sa kanila at sa kanilang mga gawa nang walang sapat na pagkaunawa sa kanilang mga kalagayan.

Hindi matigas at legalistiko

Kailangan nating mag-ingat sa pagiging legalistiko sa ating sariling mga buhay, gayundin sa ating mga inaasahan sa iba. Gusto ng Panginoon na tayo ay magkaroon ng makabuluhang pakiwari ng kalayaan at kagalakan habang tayo ay nagtitiwala at nakikipagkaisa sa Kanya. Sa halip ng pagbibigay-diin sa mahigpit na pagsunod sa partikular na mga panlabas na ipinapakita, mga panuntunan at mga alituntunin, ang dapat nating bigyang-diin ay mga prinsipyo, mga pinaninindigan at panloob na katotohanan.

Dapat tayong maging maingat tungkol sa pagiging matigas na di-nababali. Ang mga kalagayan sa buhay ay iba-iba, at ang praktikal na mga ipinapakita sa iba't-ibang mga kalagayan ay maaaring iba-iba rin. Kaya ang mga mananampalataya ay dapat magkaroon ng kalayaan na pag-aralan sa harap ng Panginoon kung ano ang angkop na ipapakita sa bawat sitwasyon at katayuan sa buhay.

Halimbawa, maaaring hindi kapaki-pakinabang na ipilit ng mga mananampalataya ang huwag gumastos ng lampas sa isang partikular na halaga para sa mga damit o sapatos, o yaong mga umiibig sa Panginoon ay hindi dapat kumain sa mamahaling mga kainan. Ang mabuting pangangasiwa ay hindi nangangahulugan na laging bumili ng murang mga gamit, maaaring madaling maluma o masira. Ngunit syempre, ang mamahaling mga bagay ay hindi rin laging mahusay.

Sa halip na matibay na mga alituntunin, ay maaaring magkaroon lang tayo ng ilang mga gabay na mayroong dahilan para sa mga ito. Sa pangkalahatang prinsipyo na hindi tayo dapat maging magarbo at huwag gumastos ng sobra sa pagkain, damit o iba pang mga bagay, ay maaari tayong magkaroon ng kakayahang umangkop sa iba't ibang mga sitwasyon sa buhay. Maaari nating isaalang-alang sa harap ng Panginoon, sa anumang partikular na kalagayan, kung ano ang makatwirang bagay na dapat gawin.

Kung paano natin isabuhay ang larangang ito ay makakatulong sa atin na maunawaan kung anong nasa loob natin. Kung tayo ay maingat sa praktikal na mga ipinakikita, ang positibong mga pananaw at mga katangian sa loob natin ay mapapatibay at mas mapapalalim. Ngunit kung tayo ay walang ingat, ito ay maaaring magpakita na ang mga katotohanang nasa loob natin ay hindi makabuluhan. Kung magpapatuloy tayo sa walang ingat na pamumuhay, ang ating panloob na mga katotohanan ay maaaring bumaba ang antas. Kaya samantalang ang dapat nating tinututukan ay ang pagpapalago ng espiritu ng tunay na pagkaalagad at tamang mga pag-uugali sa ating kalooban, dapat din nating pagtuunan ng pansin ang praktikal na paggawa at panlabas na mga ipinakikita.

Ang praktikal na paggawa ay nakakaapekto sa pangkalahatang paglago

Hindi lahat ng larangan ng ating mga buhay ay lumalago at umuunlad nang magkakasabay. Hindi lahat ng bahagi ay

pantay-pantay na malusog. Anuman ang antas ng ating gulang, ay mayroong ilang bahagi ng ating mga buhay na lumalago nang mahusay at may ilang nagkukulang.

Para sa ilan sa atin, ang ating paglago at pamumuhay tungkol sa materyal na kayamanan at pangangasiwa ay maaaring hindi kasing husay ng ating paglago at pamumuhay sa ibang mga larangan at maaaring hindi rin ito umaayon sa ating pangkalahatang paglago. Ang kakulangan sa larangang ito ay makakahadlang sa ating pangkalahatang paglago. Kaya upang makaagapay nang mas mahusay, ay kailangan natin itong bigyan ng sapat na pansin. Habang ginagawa natin ito, ay makakatulong ito sa ating pangkalahatang paglago.

Ang diyablo ay madaling makapagsamantala sa ating kahinaan sa larangang ito at maging sanhina tayo ay matisod at mabitag. Pag-aralan natin nang may pananalangin sa harap ng Panginoon ang ating mga saloobin at mga ginagawa sa larangang ito. Mayroon bang aspeto kung saan tayo ay nagpapabaya at ano ang dapat nating gawin upang makaagapay tayo rito nang mas mahusay?

Pagtulong at pagtutuwid sa isa't-isa na may pag-ibig

Samantalang mahalaga na hindi natin dapat pilitin ang iba na umayon sa ating mga paniniwala o mga inaasahan, ay hindi tayo dapat magkaroon ng saloobin na kung ano ang ginagawa ko sa aking buhay ay sarili kong pananagutan at hindi dapat makialam ang iba.

Gusto ng Panginoon na tayo, bilang mga kapwa mananampalataya sa katawan ni Kristo, ay matuto at lumago nang magkakasama. Kaya tayo ay dapat magmalasakit para sa paglago at pag-unlad ng isa't isa. Mayroong puwang upang magbahagi, maglabas at magtalakayan ng mga isyu sa espiritu ng pag-ibig. Upang makatulong, ay kailangan nating isipin ang damdamin ng ating mga kapatid. Kailangan nating maunawaan ang kanilang kalagayan. Maging mapanalanginin tungkol sa kung anong angkop, at kung kailan at paano ipapakita ang pag-ibig at malasakit.

Maaari nating asahan ang iba na magpakita ng kanilang pag-ibig at malasakit sa isang partikular na paraan. Kapag hindi nila ginawa, ay iniisip nating wala silang pakialam, at makakaramdam na tayo'y pinabayaan at tayo'y magagalit. Ngunit kapag ang ating mga kapatid ay tunay na magmalasakit sa atin at magtangkang tumulong na tayo ay mas mapabuti, ay maaaring tingnan natin sila na nakikialam sa ating mga buhay, at tayo'y maghihinakit. Ang ganoong negatibong damdamin ay nagpapakita ng pagkamakasarili, nakapipinsalang espiritu, at pagtaliwas sa maayos na pakikisama sa Panginoon at sa katotohanan. Kapag ang iba ay naglabas ng mga isyu dahil sa pagmamalasakit sa atin, ay dapat tayong maging mapagpasalamat at pag-isipan ang mga iyon nang may pananalangin at pagkatapos ay gumawa tayo ng ating sariling mga paniniwala.

Pag-isipan nating mabuti ang mga bagay na ito upang magkaroon tayo ng maayos na paninindigan. Oo, gusto nating mamuhay ayon sa ating mga paninindigan, at ayaw nating iatang sa atin ng iba. Ngunit alalahanin natin na mayroong puwang para sa magkakapatid na magpalakasan ng loob ng isa't isa sa direksiyon ng katotohanan. Ang wastong pagpapakita ng pag-ibig at malasakit ay hindi dapat kaagad-agad isinasantabi o tinatanggihan bilang pakikialam, lalo na kapag ipinapakita iyon ng mga umiibig at nagmamalasakit sa atin, at mga maiingat at mapanalangin sa kanilang pamamaraan.

Pangwakas na mga pananalita

Ang materyal na kayamanan ay maaaring ihambing sa apoy. Ang apoy ay maaari at dapat gamitin nang maayos, ngunit ito rin ay maaaring maging mapanganib at nakakapinsala. Kapag ito ay naging napakalapit sa atin, maaring tayo ay masunog ng malala. Maaari pa itong makamatay. Gayundin, ang materyal na kayamanan ay maaari at dapat na gamitin nang kapaki-pakinabang. Ngunit kapag inibig natin ito o kumapit tayo

rito, ito ay makakapinsala sa ating mga buhay. Makinig tayo sa babala ni Pablo: “Ang pag-ibig sa salapi ay ugat ng lahat ng uri ng kasamaan.”

Madaling matisod sa larangan ng materyal na kayamanan. Paulit-ulit tayong binabalaan ng Panginoong Jesus tungkol dito. Tinuturuan Niya tayo na huwag magtipon para sa ating mga sarili ng kayamanan sa lupa, bagkus ay magtipon ng kayamanan sa langit, at huwag mabalisa tungkol sa materyal na mga bagay sa buhay, bagkus ay tumutok sa paghahanap muna ng kaharian ng Diyos. Mag-ingat tayo, baka tayo nga ay mayaman sa materyal na mga bagay ngunit mahirap sa espirital sa paningin ng Panginoon.

Napakadaling pangatwiranang maling mga hangarin at mga pamamaraan, dinadamitan ito ng magandang pakinggang mga dahilan, gaya ng, “O sa aking kalagayan, ay angkop na mamuhay sa ganitong paraan; para sa iba ay hindi, ngunit para sa akin ay pwede. Wala sa inyong makakaintindi; ang Diyos lang ang makakaunawa ng aking sitwasyon, at wasto para sa akin na mamuhay sa ganitong paraan.” Mag-ingat! Kapag mangangatwiran tayo, ay ginagawa natin ito sa ikapipinsala ng ating sarili, na maaaring mauwi sa espirital na kahirapan. Kahit mahikayat natin ang lahat ng tao, anong pakinabang noon kung hindi naman nalugod ang Panginoon?

Minsan ay sinabi umano ni Benjamin Franklin na, “Sino ang mayaman?” At sumagot siya, “Siya na kuntento.” At pagkatapos ay nagtanong siya uli, “Sino ang taong iyon?” At sumagot siya, “Wala kahit na sino.”

Ang taong tunay na mayaman ay ang taong marunong maging makuntento. Ngunit sino ang kuntento? “Wala kahit sino.” Sa mundo ay kakaunti ang mga taong kuntento. Para sa marami, gaano man karami ang meron sila, ay gusto pa rin nila ng mas marami pa at walang humpay silang nagpupursige para sa materyal na kayamanan.

Ang iba ay maaaring mag-isip na para maging kuntento

ay basta tatanggapin na lang nila ang mga bagay-bagay, at ang nagiging resulta noon, sila ay nagiging tamad o iresponsable. Ngunit mali ang ganoong paniniwala. Sa katunayan, ang pagiging kuntento ay tanda ng isang maayos na lakad kasama ng Diyos at ang mga mananampalataya ay dapat matutong maging kuntento sa Panginoon.

Huwag nating isipin na ang pagkakaroon ng maraming materyal na mga bagay ay laging kalamangan. Syempre, kung pinagkatiwalaan tayo ng Panginoon ng marami, hindi tayo dapat tumakbo mula sa pananagutan. Sa halip, ay dapat nating gampanan ito nang maayos. Ngunit ang mga nasa ganoong kalagayan ay dapat mag-ingat na huwag mabitag ng materyal na kayamanan o abusuhin ito sa anumang paraan.

Mula sa Kristiyanong pananaw, ang pagkakaroon ng materyal na kayamanan ay kinasasangkutan ng pananagutan. Ang maging mabuting tagapangasiwa ng kung anong meron tayo ay hindi madali. Iyon ang dahilan kung bakit gumugol tayo ng panahon na pagbulayan ang isyung ito ng pangangasiwa.

Kaugnay nito, magbulay-bulay tayo sa mga salitang ito ni Matthew Henry:

“May dalahin ng alalahanin sa pagiging mayaman:
takot sa pangangalaga sa kanila;
tukso sa paggamit sa kanila;
panunurot ng budhi sa pag-abuso sa kanila;
kalungkutan sa pagkawala nila;
at dalahin ng pagsusulit sa huli
na kailangang ibigay tungkol sa kanila.”

Kapag may kayamanan tayo at iningatan natin ang mga ito, ay maaaring matakot tayo na maling gawin natin ito, at matakot na mawala ang mga ito. Kapag ginamit natin ang kayamanan, ay maaari tayong matukso na gamitin ang mga ito sa hindi tama para sa ating mga sarili. Kapag inabuso natin ang mga ito ay maaaring

makaramdam tayo ng pangungunsinsya Kapag ginamit natin nang hindi tama ang mga ito at naubos, ay may kalungkutan. At pagkatapos ay may dalahin ng pagsusulit sa Panginoon kung paano natin ginamit ang mga ito.

Ngunit huwag nating tingnan ang materyal na mga bagay mula sa negatibong anggulo lang. Mayroong isang positibong anggulo. Ang materyal na mga bagay ay maaaring ilaan sa mabuting gamit — para sa ating mga sarili, para sa ating mga mahal sa buhay, at para sa gawain ng Panginoon.

Isang pangunahing isyu na dapat nating ilagay sa ating isip ay ang pagpapalago ng espiritu ng tunay na pagkaalagad. Mahalaga rin ang isyu ng karunungan sa pangangasiwa — kung paano natin pamahalaan ang materyal na kayamanang ipinagkatiwala sa atin. Kailangan nating hanapin ang gabay ng Diyos kung paano natin padadaluyin ang kung anong meron tayo, upang maisagawa natin ito nang may karunungan, pang-unawa, paninindigan at maturidad. Kailangan nating iwasan na pumunta sa kalabisan, at sa halip, panatilihin natin ang pamamaraang makabuluhan at balanse.

Habang gumagawa tayo nang may katapatan sa mga larangang ito, mag-iipon tayo ng kayamanan sa langit para sa ating mga sarili. Gaya ng mahusay na maybahay sa Kawikaan 31, ay maaari nating harapin ang kinabukasan nang may malalim na kamalayan ng katiyakan at pagtitiwala sa Panginoon — hindi lang para sa ating panahon sa lupa, kundi maging sa kawalang-hanggan din.

Habang nagbubulay-bulay tayo sa ating mga buhay, maging bukas at tapat tayo sa harap ng Panginoon. Ano ang katotohanan sa ating panloob tungkol sa materyal na kayamanan at pangangasiwa? Ano ang tunay na saloobin natin? May mga larangan ba na kailangan nating itama? Sa anong mga paraan natin maaaring itaguyod ang isang maayos na saloobin at lumago sa praktikal na mga ipinakikita?

Mga tanong para sa pagninilay at talakayan

1. Ibahagi ang inyong pagkaunawa sa kung paanong ang matalinong pangangasiwa ng materyal na kayamanan ay maaaring maipakita nang makabuluhan sa sumusunod na mga larangan:
 - Paggastos para sa ating mga sarili at sa ating mga mahal sa buhay
 - Pagbibigay
 - Pagsasa-alang-alang at pagpapalano para sa hinaharap
 - Pamumuhunan
2. Sa pagpapakita ng pangangasiwa sa praktikal na mga paraan, bakit mahalagang asikasuhin natin ang panloob na katotohanan bago natin asikasuhin ang panlabas na mga ipinapakita? Anong mga problema ang maaaring lumitaw kung ang pangunahin nating tinututukan ay ang panlabas na mga ipinapakita?

Paano maaaring mangyari na ang paraan natin ng pagsasagawa ng ating pangangasiwa sa materyal na kayamanan ay makakaapekto sa ibang mga mananampalataya?
3. Sa larangan ng paggamit ng materyal na mga bagay, ano ang ilang mga nagpapakita ng isang mapanghusga at legalistikong diwa? Bakit mahalagang huwag tayong magkaroon ng ganoong diwa?
4. Ibahagi ang inyong pagkaunawa tungkol sa:
 - Kung paanong ang ating pag-unlad at praktikal na mga ipinapakita kaugnay ng materyal na kayamanan at pangangasiwa ay maaaring makaapekto sa ating pangkalahatang paglago
 - Puwang ng pagtulong at pagtutuwid sa isa't isa sa larangan ng matalinong pangangasiwa.

Tunay na Mayaman o Pagmimistulang Espiritwal na Mayaman

Hayaang magsimula ako sa isang tanong: Dumadalo ka ba nang palagian sa pagtitipon ng iglesya, nananalangin at nagbabasa ng Kasulatan nang madalas at may kahandaang nagbibigay sa gawain ng Panginoon?

Kung ang sagot mo ay oo, maaari mong isipin na ikaw ay espiritwal na malusog. Ang iba ay maaaring mag-isip na ikaw ay maayos ang kalagayan. Ngunit totoo nga ba?

Sa pagtuturo ng Panginoon, may makikita tayong dalawang uri ng mga tao na mistulang mayaman ngunit sa katotohanan ay dukha. Ang isang uri ay ang mga mayayaman sa materyal. Sila ay kagaya ng lalaking mayaman sa talinhaga ng mayaman at ni Lazaro — itinuring ng mga tao sa mundo na mariwasa dahil sa materyal na kayamanan, ngunit dukha sa espiritwal.

Ang isa pang uri ay ang mga taong mistulang mayaman sa espiritwal o itinuturing ang kanilang mga sarili na ganoon nga sila. Ipinapakita nila ang hitsura na sila ay mayaman sa espiritwal samantalang hindi naman sila ganoon. Ang mapasa-ganitong kalagayan ay mas malala pa kaysa sa mga nakakaalam na sila ay dukha sa espiritwal. Mahirap tulungan ang ganoong mga tao na mapabuti ng kalagayan.

Sa mensaheng ito, ay pagtutuunan natin itong ikalawang uring ito.

Pagmimistulang mayaman sa espiritwal — ang iglesya sa Laodicea

Sa Apokalipsis 3:14–22, ang Panginoong Jesus ay may matapang

na mga pananalita para sa iglesya ng Laodicea.

Apokalipsis 3:14–22

14 “At sa anghel ng iglesya sa Laodicea, isulat mo: Ang sinasabi ng Amen, ang tapat at totoong saksi, ang pinagmulan ng mga nilikha ng Diyos:

15 “Alam ko ang mga gawa mo; hindi ka malamig ni mainit. Nais ko sanang ikaw ay malamig o kaya’y mainit.

16 Kaya dahil ikaw ay maligamgam, hindi malamig ni mainit man, iluluwa kita.

17 Sapagkat sinasabi mo, ‘Mayaman ako, masagana, at wala nang kailangan pa.’ Hindi mo alam na ikaw ay aba, kawawa, dukha, bulag, at hubad.

18 Kaya’t, pinapayuhan kita na bumili sa akin ng gintong dinalisay sa apoy para yumaman ka, at ng puting kasuotan na maidadamit sa iyo upang hindi malantad ang nakahihiya mong kahubaran, at bumili ka rin ng gamot na pampahid sa iyong mga mata upang makakita ka.

19 Sinasaway ko at dinidisciplina ang mga minamahal ko. Kaya magsikap ka at magsisi.

20 Narito ako! Ako’y nakatayo sa may pintuan at kumakatok; sinumang makinig sa aking tinig at magbukas ng pintuan, papasok ako sa kanya at kakaing kasalo niya, at siya’y kasalo ko.

21 Ang nagtatagumpay ay bibigyan ko ng karapatang makasama ko sa aking trono, kung paanong nagtagumpay ako at umupo kasama ng aking Ama sa kanyang trono.

22 Ang may pandinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesya.”

Iniiisip ng mga mananampalataya sa Laodicea na sila ay mayaman sa espirital (t. 17), kung kaya’t hindi nila kailangan ang anuman. Ipinahayag ng Panginoong Jesus sa kanila ang katunayang sila ay “aba, kawawa, dukha, bulag, at hubad.” Sila ay bulag sa kanilang dukhang kalagayan sa espirital. Kailangan nilang makita ang kanilang tunay na kalagayan at magsisi, kung hindi, ay “iluluwa” sila ng Panginoong Jesus.

Kailangan nating mag-ingat sa pagkakaroon ng maling pakiramdam ng espiritwal na kapakanan. Alalahanin natin ang mga Fariseo. Nananalangin sila ng mahahabang mga panalangin, palaging nag-aayuno at tapat na nag-iikapu. Itinuturing nila ang kanilang mga sarili na mga pinunong espiritwal sa kanilang panahon at itinuturing din silang ganoon ng marami. Ngunit sila'y hinatulan ng Panginoong Jesus.

Kung paanong mataas ang tingin nila sa kanilang mga sarili, ay tinitingnan naman nila ang iba na kaawa-awa, nang may pangmamaliit at paghamak. Ang talinhaga ng Fariseo at maniningil ng buwis sa Lukas 18:9–14 ay naglalarawan ng ugali ng mga Fariseo.

Lukas 18:9–14

9 Isinalaysay naman ni Jesus ang talinghagang ito sa mga mapagtiwala sa sarili, mapanghamak sa iba sa paniniwalang sila ay matuwid.

10 “Dalawang lalaki ang pumunta sa templo upang manalangin — isang Fariseo at isang maniningil ng buwis.

11 Ganito ang panalangin ng Fariseo habang mag-isa siyang nakatayo, ‘Diyos ko, pinasasalamatan kita na hindi ako tulad ng ibang tao — mga magnanakaw, mandaraya, mangangalunya o gaya ng maniningil ng buwis na ito.

12 Dalawang ulit akong nag-aayuno sa isang linggo. Nagbibigay ako ng ikasampung bahagi mula sa lahat ng aking kinikita.’

13 Samantala, ang maniningil ng buwis ay nakatayo sa malayo, hindi man lamang makatingin sa langit at binabayo ang kanyang dibdib sa pagsasabing, ‘Diyos ko, mahabag po kayo sa akin na isang makasalanan.’

14 Sinasabi ko sa inyo, umuwi ang taong iyon na itinuring na matuwid ng Diyos at hindi ang Fariseo. Sapagka’t ang bawat nagtataas ng kanyang sarili ay ibababa at ang bawat nagbababa ng sarili ay itataas.”

Inilarawan ng Panginoong Jesus ang Fariseo na nananalangin sa “kanyang sarili”, nagpapasalamat sa Diyos na hindi siya kagaya

ng iba, na tinitingnan niya nang may paghamak. Pinuri niya ang kanyang sarili sa kanyang sariling katapatan — nag-aayuno siya ng dalawang beses sa isang linggo at nagbabayad ng ikapu ng lahat ng meron siya. Ngunit ipinahayag ng Panginoong Jesus na hindi ang Fariseo, bagkus ay ang maniningil ng buwis, ang itinuring na matuwid ng Diyos.

Paano natin malalaman kung tayo ay tunay na mayaman?

Paano makikilala ang tunay na mayaman mula sa mga nagkukunwaring ganoon nga? Paano natin matitiyak na tayo ay tunay na mayaman? Tayo ba ay gumagawa ng maayos mula sa pananaw ng kaharian ng Diyos? Mahalagang magkaroon tayo ng malinaw na pang-unawa sa mga sagot sa mga tanong na ito. Ang pangunahing isyu na magpapasya kung tayo ay tunay na mayaman ay ang katotohanan na nasa ating mga puso. May kasigasigan at pag-ibig ba tayo sa Diyos? Mayroon ba tayong positibong mga dahilan sa ating kalooban?

Kasigasigan at pag-ibig para sa Diyos

Ang mga mananampalataya sa Laodicea ay maligamgam. Kulang sila sa tunay na sigasig at pag-ibig para sa Panginoon, kaya Niya sila tinanggihan.

Maaari tayong gumawa ng maraming panlabas na mga bagay at maaaring ginagawa pa natin nang may buong sigla ang mga ito. Maaari nga nating isipin na ang ating pag-ibig sa Diyos ay malalim, at ipinakikita natin nang taos-puso ang hangarin nating gumawa ng dakilang mga bagay para sa Diyos. Ngunit sa katotohanan, ang ating sigla ay maaaring paimbabaw at pandamdamin lang, at ang ganoong kasiglahan ay hindi dapat pagkamalang tunay na sigasig.

Ang tunay na sigasig at pag-ibig para sa Diyos ay lumilitaw mula sa isang malalim na tugon sa Banal na Espiritu na gumagawa sa ating mga puso, at ang malalim na tugon ay nagbubunga ng tunay at matibay na mga paninindigan. Hindi lang ito masiglang tugon ilang panlabas na mga pang-udyok. Ito ay tugon na batay sa

matibay na paninindigang matatag na nakasalig sa katotohanan. Ang mga ganoong paninindigan ay mag-iingat sa atin mula sa pagiging madaling madaya o panghinaan ng loob.

Positibong panghikayat

Ang naghihikayat para sa ating ginagawa ay napakahalaga dahil kung ano ang nakahikayat sa atin ay siyang nagbibigay ng tunay na kabuluhan sa ating panlabas na mga ipinakikita.

Halimbawa, isipin natin kung ano ang naghikayat sa atin para magbasa ng Kasulatan, pananalangin at pagdalo sa mga pagtitipon. Ginagawa ba natin ang mga ito dahil sa nakaugalian, dahil inaasahan tayo ng iba, o kaya dahil gusto nating magpasikat sa iba? Kung ginagawa natin ang mga ito ayon sa mga kadahilang ganito, tayo ay nasa espiritwal na dukhang kalagayan.

Kung anong sinasabi at ginagawa natin — ito man ay pagbabasa ng Kasulatan, pananalangin o pakikisama sa kapatiran — ay dapat inudyukan ng ating pag-ibig para sa Diyos, para sa katotohanan at sa ating kapwa. Ang ating ipinapakitang malasakit sa iba ay makabuluhan lang kung ito ay tunay na ibinubunsod ng pag-ibig — ng tunay na malasakit at pagbibigay-ng-sarili para sa kanilang ikabubuti.

Karagdagang pagbubulay sa mga salita ng Panginoong Jesus sa iglesya ng Laodicea

Espiritwal na pagkabulag, espiritwal na pagmamataas at ang pangangailangang magsisi

Ang mga mananampalataya sa Laodicea ay maligamgam sa kanilang pananampalataya at hindi nila namamalayan iyon. Sila ay bulag sa kanilang tunay na kalagayan at iniisip nilang sila ay mayaman sa espiritwal.

Higit pa sa kanilang hindi tamang pagtataya ng kanilang mga sarili at ng kanilang maling pagkaintindi sa mabuting kapakanan, sila ay mayabang. Pakiramdam nila ay wala na silang kailangan.

Ang espiritwal na pagmamataas ay isang malubhang kahinaan sa pag-uugali at espiritu, at isang malaking hadlang sa pagkatuto at pagtanggap. Ang mga tunay na mayaman ay hindi magkakaroon ng ganitong negatibong saloobin.

Kahit tayo ay lumalagong mabuti, ay hindi pa rin angkop na magsabing hindi na natin kailangan ang anuman. Sa katunayan, tayo ay magkakaroon ng mas malakas na damdamin ng ating pangangailangan sa Diyos at tumitinding pagkagutom na makilala siya nang lubusan. Malalaman natin na tayo ay napakalayo sa mga intensyon ng Diyos para sa atin kay Cristo. Tayo ay maghahangad ng mas higit pang karanasan ng walang hanggang biyaya at mga kayamanan ng Diyos. Gugustuhin natin na umakyat pa sa mas mataas na antas ng espiritwal na kalagayan.

Kapag ang pakiramdam natin ay wala na tayong kailangan, ito ay nagpapahiwatig na tayo ay naging kampante na sa espiritwal. Iniisip natin na alam na natin ang lahat, at wala na tayong kasabikang matuto. Darating ang panahon, na ang espiritwal na pagmamataas ay magsasara ng ating mga puso sa katotohanan. Kung tayo ay may bakas man lamang ng saloobin na alam na natin talaga at kakaunti na lang ang maaaring ituro sa atin ng iba, tayo ay nasa kahabag-habag na kalagayan.

Ang mga Kristiyano sa Laodicea, sa katotohanan ay “aba, kawawa, dukha, bulag, at hubad”. Sila ay dukha sa espiritu at kailangan nila ng tulong para makita nila ang kanilang tunay na kalagayan at sila ay magsisi. Pinayuhan sila ng Panginoon na “bumili sa akin ng gintong dinalisay sa apoy para yumaman ka, at puting kasuotan na maidadamit sa iyo, upang hindi malantad ang nakahihiya mong kahubaran; at bumili ka rin ng gamot na pampahid sa iyong mga mata upang makakita ka” (t. 18).

Gintong dinalisay ng apoy — tunay na kayamanan

Sinabi ng Panginoong Jesus sa mga Kristiyano sa Laodicea na kailangan nilang “bumili” sa Kanya ng gintong dinalisay ng apoy upang sila ay maging tunay na mayaman. Ang ginto rito ay

tumutukoy sa tunay na espiritwal na kayamanang magtatagal. Ang ganoong espiritwal na kayamanan ay dadating lang kapag nanatili tayo kay Cristo.

Sa Juan 15, ay itinuturo ng Panginoong Jesus sa atin kung paano tayo magkakaroon ng mabuting bunga.

Juan 15:4-5

4 Manatili kayo sa akin at ako'y mananatili sa inyo. Hindi makapamumungang mag-isa ang sanga malibang manatili ito sa puno, gayundin naman, hindi kayo makapamumunga malibang manatili kayo sa akin.

5 Ako ang puno ng ubas, kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa akin at ako rin sa kanya ay namumunga nang sagana, sapagkat hindi kayo makagagawa ng anuman kung kayo'y hiwalay sa akin.

Ang tanging paraan na tayo ay tunay na makakapamunga nang walang maliw na halaga ay sa pamamagitan ng ating pananatili kay Cristo at sa Kanyang pananatili sa atin. Ito ang tanging paraan upang tayo ay maaaring maging tunay na mayaman.

Putting kasuotan — matuwid na buhay

Ang mga taga-Laodicea ay “hubad”. Pinayuhan sila ng Panginoon na bumili ng “puting kasuotan” upang idamit sa kanilang mga sarili. Ang “puting kasuotan” ay tumutukoy sa buhay ng katotohanan at katuwiran. Sinasabi sa atin ng Apokalipsis 19:8 na ang babaeng mapapangasawa ng Kordero ay nadaramitan ng pinong lino, maningning at malinis, at ang pinong lino ay ang matutuwid na gawa ng mga banal.

Ang ganoong buhay ay maaari lamang dahil sa isinakatuparan ng Panginoong Jesus sa Krus. Habang tayo ay positibong tumutugon kay Kristong nabuhay na muli, ang ating pakikipagkaisa sa Kanya at ang Kanyang pagkilos sa atin ay magbubunga ng isang matuwid na buhay. Ang ating panlabas na pagpapamalas ng pananampalataya ay dapat dumaloy mula sa panloob na katotohanang ito.

Gamot na pampahid sa mata — espiritwal na pananaw

Kailangan ng mga taga-Laodicea ng espiritwal na pananaw, kaya pinayuhan sila ng Panginoon na kumuha ng gamot na pampahid sa mata para pahiran ang kanilang mga mata upang sila ay makakita. Ang mga mata ng kanilang puso ay dapat makakita nang malinaw ng kanilang tunay na kalagayan — sila ay dukha sa espiritwal, kahabag-habag at kaawa-awa — upang sila ay makapagsisi, manumbalik sa Panginoon at lumago sa espiritwal na kalusugan at kasaganaan. Kailangan nilang kilalanin ang kanilang pangangailangan at lumapit sa Panginoon sapagkat Siya lang ang makakapagbigay sa kanila ng espiritwal na pananaw.

Mapagpakumbaba at nagsisising diwa

Ang mga mananampalatayana sa pangkalahatan ay malusog, ay maaari pa ring matisod at madapa sa kanilang pananampalataya. Kapag ang mga pagtutuwid ay hindi ginawa, ang pagkasira ay papasok. Iniibig ng Diyos ang Kanyang mga anak at inaabot Niya ang Kanyang mga iniibig. Pagagalitan Niya sila at didisiplinahin upang tulungan silang magsisi at manumbalik sa Kanya. Sa Apokalipsis 3:19, ay makikita nating tinatawagan Niya ang iglesya sa Laodicea na magsisi.

Kapag pinagalitan tayo ng Diyos sa anumang paraan, dapat tayong tumugon ng positibo sa Kanya. Dapat tayong maging mapagpakumbaba't magsisisi at handa sa Kanyang pagdidisiplina.

Marami ang mga dati ay mayaman sa espiritwal ngunit nasira tungo sa espiritwal na karukhaan. Malamang na ang mga Kristiyano sa Laodicea ay dating mayayaman sa espiritwal. Sila ay nakinabang sa ministeryo ni Apostol Pablo at kanyang kamanggagawa na si Epafra. Tingnan natin ang ilang mga talata sa Colosas.

Colosas 2:1–3

1 Nais ko ngang malaman ninyo kung gaano katinding laban ang pinagdaraan ko para sa inyo, at sa mga nasa Laodicea,

at sa lahat ng hindi pa nakakakita sa akin nang mukhaan.

2 Ito'y upang lumakas ang kanilang loob, at mabuklod sila sa pag-ibig, nang sa gayon ay makamtan nila ang lahat ng mga kayamanan na nagmumula sa buong katiyakan ng pagkaunawa, upang kanilang makilala ang hiwaga ng Diyos, samakatuwid ay si Cristo.

3 Sa kanya nakatago ang lahat ng mga kayamanan ng karunungan at kaalaman.

Colosas 4:12–13

12 Binabati kayo ni Epafras, na kasamahan ninyo, at alipin ni Cristo Jesus. Palagi siyang nagsisikap na kayo'y ipanalangin upang kayo'y makatayo bilang nasa hustong gulang at lubos na panatag sa buong kalooban ng Diyos.

13 Ako mismo'y makapagpapatunay na matindi ang pagmamalasakit niya para sa inyo, gayundin sa mga nasa Laodicea, at sa Hierapolis.

Colosas 4:15–16

15 Batiin ninyo ang mga kapatid na nasa Laodicea, pati si Nimfa, at ang iglesyang nagtitipon sa bahay niya.

16 Pagkabasa ninyo sa sulat na ito, ipabasa rin ninyo ito sa iglesya ng mga taga-Laodicea; at basahin din naman ninyo ang sulat ko galing sa Laodicea.

Sina Pablo at Epafras ay nagpunyagi nang husto para sa mga Kristiyano, kasama na ang mga taga-Laodicea, upang sila ay makaabot sa buhay na sumasagana sa espiritwal na kayamanan, nakatatag sa tunay na pagkakilala kay Cristo at kung ang layunin ng Diyos para sa atin sa Kanya (Col. 2:1–3). Mayroon silang malalim na malasakit at masipag na pagpapagal para sa kanilang espiritwal na kalusugan at paglago. Nang sumulat si Pablo sa mga Kristiyano sa Colosas, ay ipinahayag din niya ang malasakit niya sa mga taga-Laodicea. Sa Colosas 4:16, ay makikita natin si Pablo na humihiling na ang kanyang sulat ay basahin din sa mga Kristiyano sa Laodicea at binanggit niyang sumulat din siya sa kanila.

Kapag meron tayong makabuluhang karanasan sa Diyos at naranasan natin ang kanyang kabutihan, dapat tayong maging maingat at magbantay laban sa pagmamataas at pagkakaroon ng saloobin na “alam ko na ang lahat”.

Sinabi ng Panginoong Jesus sa mga Kristiyano sa Laodicea: “Sinumang makinig sa aking tinig at magbukas ng pintuan, papasok ako sa kanya at kakaing kasalo niya, at siya’y kasalo ko”. Nais ng Panginoon na magkaroon tayo ng mayamang pakikisama sa Kanya. Siya ang unang gumagawa ng hakbang sa pamamagitan ng pagtayo sa pinto at pagkatok. Kapag ang sinuman ay magbukas ng pinto, ay *kakain* Siyang kasalo niya. Tunay na kahangalan kung isasara natin ang ating pandinig sa Kanyang tinig.

Hinihikayat tayo ng Panginoon na magtagumpay. “Ang nagtatagumpay ay bibigyan ko ng karapatang maupo kasama ko sa aking trono” (Apo. 3:21) Ang nagtatagumpay na buhay — ang may tunay na kayamanan — ay bukas para sa lahat.

Pakinggan natin ang panghuling pananalita ng Panginoong Jesus sa talata 22: “Ang may pandinig ay makinig...” kapag ang Panginoong Jesus ay nagsasalita sa ganitong paraan, ito ay nagpapahiwatig na may sinabi Siyang mahalagang bagay. Hindi tayo dapat maging pabaya at ipagwalang bahala ang mga salita ng Panginoong Jesus sa iglesia ng Laodicea at ang mga implikasyon nito para sa ating mga buhay.

Paano natin matitiyak na tayo ay tunay na mayaman

1. Magtamo ng espiritwal na pananaw at lumakad sa katotohanan

Kailangan ng mga mananampalataya ang espiritwal na pananaw upang magkaroon ng wastong pagpapahalaga sa katotohanan at tamang pagkaunawa sa mga bagay-bagay. Dahil dito, si Pablo ay buong tiyagang nanalangin para sa mga mananampalataya upang maliwanagan ang mga mata ng kanilang puso (Ef. 1:18).

Kung tayo man ay nagbabasa ng Kasulatan o kaya tayo ay nakikinig sa pagpapaliwanag nito, ang tamang pananaw ay mahalaga. Ang espiritwal na pananaw ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng pagtulong ng Panginoon sa atin sa ating masikap na paghahanap at panalangin. At kahit kapag may pagmamatigas ang puso, maaari pa ring mangusap sa atin ang Panginoon habang tayo ay nakikinig sa mga mensahe at habang nagpapatuloy tayo sa mga sitwasyon sa buhay. Kapag ang ating mga puso ay naliwanagan at makita ang katotohanan, dapat nating iayon ang ating mga puso sa katotohanan, tanggapin ito sa ating mga buhay at mamuhay ayon dito ng may katapatan.

Para makinabang sa katotohanan, lahat ng tatlong mga aspetong ito ay dapat naroroon: espiritwal na pananaw sa katotohanan, pagtanggap ng katotohanan sa ating mga puso at pamumuhay nang alinsunod dito. Ito ang paraan tungo sa espiritwal na kayamanan at pamumunga.

Ito rin ang paraan upang lumago sa saklaw at lalim ng espiritwal na pananaw. Mayroong iba't-ibang lalim ng pagpapahalaga at espiritwal na pananaw sa anumang larangan ng katotohanan, halimbawa, ang kahulugan ng Kataas-taasang Paghahari ng Diyos at ang Kanyang pag-ibig para sa atin. Walang hangganan ang pananaw na meron ang bawat isang tao sa kahulugan at mga implikasyon ng katotohanan. Kung kaya't mahalaga para sa atin na laging hangaring lumalim ang ating pananaw sa katotohanan upang mapalalim ang ating paglakad sa katotohanan.

Upang maging tunay na mayaman at hindi kailanman lumala ang kalagayang tulad ng mga Kristiyanong taga-Laodicea, dapat patuloy nating tiyakin na ang ating pangunahing dahilan ay pag-ibig sa Panginoon at sa katotohanan. Ito ang dapat maging batayan ng ating mga buhay at ng ating tugon sa mga tao at mga sitwasyon. Kapag iniibig natin ang katotohanan, hahangarin nating malaman iyon upang matanggap natin sa ating puso at makalakad tayo ayon dito.

2. Huwag kaligtaan kung anong mas mahalaga — ang panloob na katotohanan

Sa Mateo 23, ay binabalaan ng Panginoong Jesus ang mga eskriba at mga Fariseo na huwag pagtuunan ng pansin ang marapat na mga panlabas na anyo at “kaligtaan ang mas mahahalagang bagay ng Kautusan”.

Mateo 23:23

“Kaysaklap ng inyong sasapitin, mga tagapagturo ng Kautusan at mga Fariseo, mga mapagkunwari! Sapagkat nagbibigay kayo ng ikasampung bahagi ng inyong mga gulayin gaya ng yerbabuena, ng anis at ng komino, subalit kinakaligtaan ninyo ang mas mahahalagang bagay ng Kautusan tulad ng katarungan, kahabagan, at katapatan. Dapat lamang ninyong gawin ang mga ito, nang hindi pinababayaan ang iba.

Gaya ng mga eskriba at mga Fariseo, ay maaaring binibigyang-diin natin ang tamang asal at mga pagpapamalas sa buhay Kristiyano — pagbabasa ng Kasulatan, pagdalo sa mga pagtitipon ng iglesia, pananalangin, pagbibigay, pagpapanatili ng oras na kasama ng Diyos, akmang pananamit at pagiging matipid. Ngunit maaaring napapabayaan natin ang mas mahalaga — ang ating panloob na buhay at katotohanan.

Habang sinusunod natin ang tamang asal, mahalagang bigyang-pansin natin ang ating panloob na mga katangian — ang ating pag-uugali, ang ating mga mahalagang katangian at ang ating relasyon sa Diyos. Ito ang sinisikap iparating ng Panginoong Jesus sa mga eskriba at mga Fariseo. Tanging kapag mayroong tunay na panloob na mga katangian lamang, lilitaw ang makabuluhang mga pagpapamalas na panlabas.

3. Pangalagaan ang malalim na espiritwal at moral na mga katotohanan

Para matiyak na hindi tayo namumuhay sa kalagayan ng pagkakadaya gaya ng iglesia sa Laodicea, ay dapat nating bigyang-

pansin ang espirituwal at moral na mga katotohanan sa ating sariling buhay at sa buhay ng konggregasyon, at ang mga ito ay may kinalaman sa ating relasyon sa Panginoon, sa uri ng ating pagkatao at ating pag-uugali.

Mahalagang panatilihin at pangalagaan natin ang isang malusog na espiritu at ugali sa lahat ng oras. Maaaring magtanong ang ilan: Paano natin malalaman kung ang ating espiritu at ugali ay malusog? Kapag ang isang bagay ay mali sa ating espiritu o ugali, ito ay kalimitang hindi mahirap makilala. Halimbawa, kapag mayroong pagmamataas, inggit, kabiguan, pagiging kampante panghihina ng loob o tiwala sa sarili, dapat ay kaya nating alamin. Ang mga maling espiritu at pag-uugaling ito'y hindi sang-ayon sa Espiritu ng Diyos, at kung hinahangad nating maging tama sa Kanya, ay ipapaalam Niya ito sa atin. Ngunit dapat tayong maging mapanalanginin at tapat sa ating mga sarili, at taimtim na sinisikap nating gawin ang kung anong tama sa paningin ng Diyos. Kapag mayroon tayong ganoong pag-iisip, ay mas madali nating makikita kung anong mali sa ating mga buhay at gagawa tayo ng pagtutuwid.

4. Iwasan ang nakapipinsalang pagbibigay-diin sa panloob na buhay
Samantalang kailangang bigyang-diin ang kahalagahan ng panloob na buhay, ingatan nating huwag itong gawin sa hindi mabuting paraan.

May uri ng mga taong kilala bilang mga mistiko. Masyado nilang binibigyang-diin ang panloob na buhay. Ang ilan sa kanila ay may kakaibang mga gawa. Ang ilan ay namumuhay mag-isa, kalimitan ay sa mga liblib na lugar, para pursigihin ang kanilang iniisip tungkol sa espirituwalidad. Maaari nilang tanggiin ang mga paniniwala ng mundo at hanapin ang panloob na kapayapaan sa pamamagitan ng mga mahiwagang pamamaraan.

Ang ilan sa mga mistikong ito ay may malalim at tunay na mga karanasan tungkol sa Diyos at taimtim ang katapatan sa Kanya. Ngunit mayroong panganib sa sobrang pagdidiin sa panloob na

mga karanasan sa Diyos. Kapag ang mga tao ay naghahanap ng espiritwal na mga karanasan nang wala namang sapat na kaalaman sa mga Kasulatan, ay maaari silang malinlang. Kahit ang mga may tunay na karanasan sa Diyos noong una ay maaaring madaya ng masama at maaaring maligaw dahil sa kanilang pagtutok sa pagpupursige ng espiritwal na mga karanasan. Ang diyablo ay maaaring magbigay sa kanila ng espiritwal na mga karanasan na aakalain nilang galing sa Panginoon. Maaaring kasama sa mga ito ang masayang karanasan ng kagalakan at kapayapaan at pagkakita ng mga pangitain. Maaari din silang tumanggap at magsakutuparan ng mga habilin, na iniisip nilang sinusunod nila ang Panginoon.

Ang mayroong panloob na mga karanasan ay maaaring maging mapagmalaki at mag-isip na sila ay mas espiritwal kaysa sa mga walang ganoong mga karanasan. Ang iba ay maaari ding mag-isip na sila ay nagkakaroon ng malalim na mga espiritwal na karanasan ng kagalakan at kapayapaan ngunit ang totoo, ang nararanasan nila ay mga paimbabaw at mga karanasang base sa damdaming lang.

Kapag ang ating mga pag-uugali ay negatibo, malaki ang panganib. Ngunit kahit positibo ang ating mga saloobin ay kailangan pa rin nating maging mapagbantay.

5. Gumawa ng panlabas na mga ipinakikitang nararapat

Ang nararapat na panlabas na mga pagpapamalas ay mahalaga at makakatulong sa atin sa dalawang paraan:

a. Ang panlabas na mga pagpapamalas ay nakakatulong sa atin na makilala ang katotohanan ng ating panloob na kalagayan

Sinasabi ng Panginoong Jesus: “Sapagkat kung ano ang nilalaman ng dibdib, iyon ang mamumutawi sa bibig” (Matt. 12:34). Ang tunay na kalusugang espiritwal at mga saloobin ay makikita sa ating asal at mga salita at masasalamain sa bunga ng ating mga paggawang espiritwal. Kapag tayo ay tunay na nananatili kay Cristo at Siya sa atin, tayo ay mamumunga ng marami (Juan

15:5). At tayo ay dapat “namumunga sa lahat ng uri ng mabuting gawa” (Col. 1:10). Kapag mayroong panloob na katotohanan, ay magkakaroon ng makabuluhang mga praktikal na ipinakikita sa ating pang-araw-araw na buhay.

Kung ang ating praktikal na pagsasabuhay ay mahina, ngunit iniisip natin na tayo ay mayaman sa espiritwal, ay maaaring dinadaya lang natin ang ating mga sarili at hindi natin natatanto ang ating tunay na kalagayan. Kapag nagpapakita tayo ng negatibong katangian at pamamaraan — halimbawa, kapag tayo ay bugnutin o walang kunsiderasyon sa iba, kapag ang ating mga inuuna ay mali at ginagamit natin ang kalakhang bahagi ng ating mga kayamanan at panahon sa makasanlibutang mga hangarin — ay malamang na ang ating panloob na kalagayan ay hindi tama. Maaaring naging mayaman tayo sa espiritwal sa nakaraan, ngunit ngayon tayo ay espiritwal na dukha at bulag. Hingin natin sa Panginoon na tulungan tayong makita ang ating tunay na kalagayan, at pagkatapos ay magsisi at itama ang ating mga buhay.

b. Ang panlabas na mga pagpapamalas ay nakakatulong sa atin na pangalagaan ang ating panloob na realidad, relasyon sa Diyos at pagkaunawa ng katotohanan

Ang ating lakad sa Panginoon ay lalalim kapag maayos nating naipapahayag ang ating pag-ibig at kabaitan, at tuloy-tuloy nating naisasagawa ang espiritwal na mga disiplina sa pagbabasa at pagsasaliksik ng mga Kasulatan, pananalangin at pag-aayuno, pagdalo sa mga pagtitipon ng iglesia at paggugol ng panahon sa pakikisama sa kapatiran dahil gusto nating maging tapat sa Kanya. Kapag isinasagawa natin ang mga katotohanan ay naunawaan natin, magkakaroon tayo ng mas malalim na pagpapahalaga at pagkaunawa ng mga katotohanan. Ang mga katotohanang nasa ating mga puso ay lalalim at tayo ay higit na mapapalapit sa Diyos.

6. Panatilihin ang balanseng pamamaraan at pagbibigay-diin sa panloob na katotohanan at angkop na mga ipinapamalas

Ang ating pamamaraan sa buhay ay dapat makabuluhan at ayon sa kung anong inihayag ng mga Kasulatan — na may tamang pagbibigay diin sa panloob na katotohanan at angkop na mga ipinapamalas.

Ang pamamaraan ng bibliya ay nagbibigay diin sa pangangalaga ng panloob na katotohanan: tunay at malalim na pag-ibig para sa Diyos at sa Kanyang mga kapamaraan, sigasig para sa malalim na relasyon sa Diyos, makadiyos na pagkatao at espiritwal na mga mahalagang katangian at maayos na pagkaunawa ng katotohanan. Mula sa ganoong buhay ng katotohanan at katuwiran, ang mga pagpapamalas ng pananampalataya ay kailangan dumaloy — sa angkop na mga pananalita at mga gawa, naaayon sa kapahayagan at mga prinsipyo ng bibliya.

Ang makabuluhan na pamamaraan ng Bibliya ay maisasabuo nang ganito: Ang mananampalataya ay dapat pangalagaan ang positibong panloob na mga katotohanang nakabatay sa matibay na kaalaman ng mga katotohanang inihayag sa mga Kasulatan at angkop na ipamalas ang mga katotohanang ito sa kanilang mga buhay.

Pangwakas na mga pananalita

Pag-isipan nating mabuti ang mga isyung tinalakay natin sa mensaheng ito.

Ikaw ba ay mayaman sa materyal at maayos ang pamumuhay ayon sa pamantayan ng sanlibutan, ngunit sa katotohanan ay dukha sa pang espiritwal? Iniisip mo bang ikaw ay mayaman sa espiritwal at itinuturing din ng iba na ganoon nga, ngunit sa katotohanan ikaw ay dukha sa espiritwal, miserable at kahabag-habag? Makukuntento ka ba kung ikaw ay mayaman sa espiritwal bagaman dukha sa materyal?

Mahalagang lumapit tayo sa Panginoon at hingin sa Kanya na saliksikin ang ating mga puso at tulungan tayong makita nang malinaw kung tayo ba ay tunay na mayaman sa espiritwal o sa katunayan ay dukha sa espiritwal.

Mga tanong para sa pagninilay at talakayan

1. Paano natin malalaman na tayo’y tunay na mayaman?
2. Ang Panginoong Jesus ay may mabigat na pananalita para sa iglesya sa Laodicea (Apo. 3:14–22). Ano ang maaari nating matutunan mula sa mga salitang ito ng Panginoon tungkol sa pagiging tunay na mahirap o tunay na mayaman?
3. Paano natin maaaring tiyakin na tayo ay tunay na mayaman?

May ilang naniniwala na ang isang taong tunay na mayaman sa Diyos ay magkakaroon ng malalim at mga mahiwagang panloob na mga karanasan sa Diyos. Ano ang mga panganib ng sobrang pagbibigay diin sa panloob na mga karanasan sa Diyos?

Sino ang Tunay na Dakila?

Ang hangaring maging dakila ay isang pangunahing pangarap ng tao. Ito ay totoo sa mga tao sa buong daigdig at sa buong kasaysayan ng sangkatauhan. Ito rin ay isang pangunahing problemang larangan na pinalala ng mga tanyag na kaisipan ng kadakilaan at maling mga hangarin sa puso ng mga tao.

May mga naghahangad ng kadakilaan sa kamangha-manghang paraan. Narinig natin ang mga taong gaya ni Alexander the Great na sumakop ng mga bansa at nagtatag ng isang malawak na imperyo, at ni Muhammad Ali, ang heavyweight na kampeong boksingero na nagpahayag ng tanyag na: "I'm the greatest." Para sa marami sa atin, ang bagay na ito ay maaaring isang simpleng hangarin lang na maging dakilang doktor, pintor, musikero, atleta o tagapagluto.

Ang hangaring maging dakila ay nagpapasigla sa mga tao na maging masigasig sa paggawa at ang ilan ay gumagawa pa ng maling mga paraan para lang matiyak na maabot nila ang kadakilaan sa lipunan. Ang ganoong hangarin ay hindi lang para sa mga hindi mananampalataya. Umiiral din ito sa mga mananampalataya. Halimbawa, sinasabi sa atin sa Lukas 9:46 na ang mga alagad ng Panginoong Jesus ay nagtalo tungkol sa kung sino sa kanila ang magiging pinakadakila.

Bakit gusto ng mga tao na maging dakila? Madalas ay gusto nilang maging sikat, kilalanin at parangalan. Ang hangarin na maging dakila ay kalimitang kaakibat ng hangarin para sa kapangyarihan at awtoridad, tagumpay at mga naisakatuparan. Kapag natamo ng mga tao ang alinman o lahat ng mga ito,

pakiramdam nila ay “narating na nila” at sila ay nagtamo ng katayuan sa lipunan, at tinitingala sila ng mga tao.

Hindi lamang ang isang tao ang umaasam ng kadakilaan. Kalimitan, ang mga taong malalapit din sa kanya, lalo na ang kanyang mga magulang at asawa, ay gusto ring siya ay maging dakila. Marami sa kanila ay handang magtrabaho nang husto at gumamit ng lahat ng paraan para tulungan siyang maabot ang kadakilaan. Ngunit kapuri-puri ba ang maging dakila? At ano ba ang ibig-sabihin ng maging tunay na dakila? Ang mga ito ang mga isyung ating pag-aaralang mabuti dito at sa kasunod na mga mensahe.

Ang konsepto ng sanlibutan tungkol sa kadakilaan

Titingnan muna natin ang dalawang tao sa Lumang Tipan na naglalarawan sa kaisipan ng mundo tungkol sa kadakilaan.

Si Haring Solomon

Karaniwang sinasang-ayunan ng lahat na si Haring Solomon ang sumulat ng Ecclesiastes. Sa Ecclesiastes kabanata 2, ay isinulat niya:

Ecclesiastes 2:1–11

1 Sinabi ko sa aking sarili, “Pumarito ka ngayon, susubukin ko ang kasayahan; magpakasarap ka.” Ngunit ito rin ay walang kabuluhan.

2 Aking sinabi tungkol sa halakhak, “Ito’y kalokohan” at sa kasayahan, “Anong halaga nito?”

3 Siniyasat ng aking isipan kung paano pasasayahin ang aking katawan sa pamamagitan ng alak — pinapatnubayan pa ng karunungan ang aking isipan — at kung paano maging hangal, hanggang sa aking makita kung ano ang mabuting gawin ng mga tao sa silong ng langit sa iilang araw ng kanilang buhay.

4 Gumawa ako ng mga dakilang gawa; nagtayo ako ng mga bahay at nagtanim ako para sa sarili ko ng mga ubasan.

5 Gumawa ako para sa sarili ko ng mga halamanan at mga liwasan, at aking tinamnan ng mga sari-saring punungkahoy na nagbubunga.

6 Gumawa ako para sa sarili ko ng mga tipunan ng tubig,

upang diligin ang gubat na pagtatamnan ng mga lumalaking punongkahoy.

7 Ako'y bumili ng mga aliping lalaki at babae, at nagkaroon ako ng mga aliping ipinanganak sa aking bahay. Nagkaroon din ako ng mga malaking ari-arian ng mga bakahan at mga kawan, higit kaysa lahat ng nauna sa akin sa Jerusalem.

8 Nagtipon din ako para sa akin ng pilak at ginto, at ng kayamanan ng mga hari at ng mga lalawigan. Kumuha ako ng mga mang-aawit na lalaki at babae, at maraming asawa na kasiyahan ng laman.

9 Kayat naging dakila ako, at nahigitan ko ang lahat ng nauna sa akin sa Jerusalem; ang aking karunungan ay nanatili naman sa akin.

10 At anumang ninasa ng aking mga mata ay hindi ko ipinagkait. Hindi ko pinigil ang aking puso sa anumang kasiyahan, sapagkat nagagalak ang aking puso dahil sa lahat kong gawain; at ito ang aking gantimpala para sa lahat ng aking pagpapagod.

11 Nang magkagayo'y minasdan ko ang lahat na ginawa ng aking mga kamay, at ang pagpapagal na aking ginugol sa paggawa nito. At muli, lahat ay walang kabuluhan at pakikipaghabulan sa hangin, at walang mapapakinabang sa ilalim ng araw.

Si Solomon ay may di-mabilang na kayamanan. Mayroon siyang mga bahay, malalaking mga lupain, mga ubasan at namumungang mga punongkahoy, maraming mga alipin, malaking pulutong at mga kawan ng mga hayop. Nagkamal siya ng napakalaking halaga ng mga pilak, ginto, at ng “kayamanan ng mga hari at mga lalawigan”. Marami siyang mga babae at nagpakasasa siya sa lahat ng uri ng mga kasiyahan. Sa ganoong konteksto ay sinabi niya: “Naging dakila ako, at nahigitan ko ang lahat ng nauna sa akin sa Jerusalem” (t. 9).

Oo nga't si Solomon ay naging dakila. Mayroon siyang kayamanan, mayroon siyang kasikatan, at nagtamasa siya ng karangalan at kapangyarihan. Ngunit ang kanyang kadakilaan ay hindi tunay na kadakilaan. Iyon ay kadakilaan sa mata ng mundo, ngunit hindi kadakilaan sa mata ng Diyos.

Ang larawang iginuhit ni Solomon tungkol sa kanyang sarili at sa kanyang mga hangarin ay isang napakalinaw na paglalarawan ng sukdulang pagpapalayaw-sa-sarili, paghahangad ng kasiyahan at pagka-makasarili. Makikita natin ang palaging pag-uulit ng “para sa sarili ko” sa mga talatang ito. Sa lahat ng hinangad niyang makamit, ay ginawa niya para sa kanyang sarili, para sa kanyang sariling kasiyahan.

Ngunit kinilala niya na sa kabila ng kanyang napakalaking kayamanan, lahat ng kanyang pinagpagurang makamit ay walang kabuluhan at paghahabol lang sa hangin. May pakiramdam ng kahungkagan at kawalang-saysay. Ang kanyang naabot at natamo ay walang pangmatagalang halaga at hindi nagbigay sa kanya ng pakiramdam ng tunay na katuparan.

Si Haring Nebukadnezar

Gaya ni Haring Solomon, si Haring Nebukadnezar ay itinuturing na dakila sa temporal at nakikitang larangan. Siya ay naging hari sa pinakamakapangyarihang imperyo sa rehiyong iyon sa naturang panahon. Sa dalawang mga talata ay inilarawan ni Daniel ang kapangyarihang meron si Nebukadnezar:

Daniel 4:22

Ikaw iyon, O hari, na naging napakalaki at matibay. Ang iyong kadakilaan ay lumaki at umaabot hanggang sa langit, at ang iyong kapangyarihan ay hanggang sa dulo ng lupa.

Daniel 5:18–19

18 O hari, ang Kataas-taasang Diyos ay nagbigay kay Nebukadnezar na iyong ama ng kaharian, kadakilaan, kaluwalhatian, at kamahalan.

19 Dahil sa kadakilaang ibinigay niya sa kanya, nanginig at natakot sa harapan niya ang lahat ng mga bayan, mga bansa, at wika. Ang ibig niyang patayin ay kanyang pinapatay, at ang ibig niyang buhayin ay kanyang hinahayaang mabuhay. Ang ibig niyang itaas ay kanyang itinataas, at ang ibig niyang ibaba ay kanyang ibinababa.

Si Haring Nebukadnezar ay may kapangyarihan, karangyaan, kaluwalhatian at karingalan. Mayroon siyang dakilang kapangyarihan — maaari niyang ipag-utos ang kamatayan o buhay ng sinumang maibigan niya. Lahat ng mga bansa at mga tao ay natatakot sa kanya. Ngunit ang meron siya ay kapangyarihan, karangyaan, kaluwalhatian at karingalang panlupa lang.

Ano ang tunay na katayuan ni Nebukadnezar sa mata ng Diyos? Ang sabi sa atin ng Daniel 5:20 ay “ang kanyang puso ay nagpakataas, at ang kanyang espiritu ay naging palalo at siya’y nag-asal na mapagmataas”. Ang kanyang pagmamataas ay nagdulot ng poot at hatol ng Diyos. Kaya bagaman si Nebukadnezar ay mayroon ng lahat ng kaluwalhatian at karangyaan ng mundo, ang totoo, siya ay nasa kaawa-awang kalagayan, at ang kanyang pananaw ay natagpuang kapos. Sa ilalim ng hatol ng Diyos, ang kanyang panlupang kaharian at kaluwalhatian ay inalis sa kanya.

Bago nangyari ito ay ipinaliwanag ni Daniel ang isa sa mga panaginip ni Nebukadnezar na nagbababala ng nakaambang hatol ng Diyos. Pinayuhan ni Daniel ang hari na talikuran ang kanyang mga kasamaan. Sa kabila ng babala ay hindi nagbago ang hari. Sa katayugan ng kanyang karingalan at kapangyarihan, habang siya ay namamayagpag pa sa kanyang kaluwalhatian, ang hatol ng Diyos ay dumating sa kanya.

Daniel 4:28–33

28 Lahat ng ito’y nangyari sa haring si Nebukadnezar.

29 Sa katapusan ng labindalawang buwan, siya ay lumalakad sa bubungan ng palasyo ng hari ng Babilonia.

30 Nagsalita ang hari at sinabi, “Hindi ba ito ang dakilang Babilonia na aking itinayo sa pamamagitan ng lakas ng aking kapangyarihan bilang tahanan ng hari at para sa kaluwalhatian ng aking kadakilaan?”

31 Samantalang ang mga salita ay nasa bibig pa ng hari, may isang tinig na nanggaling sa langit, “O Haring Nebukadnezar, sa iyo’y ipinahahayag: Ang kaharian ay umalis na sa iyo!”

32 Ikaw ay palalaysin sa mga tao, at ang iyong tirahan ay kasama ng mga hayop sa parang. Ikaw ay pakakainin ng

damo na gaya ng mga baka at pitong panahon ang daraan sa iyo, hanggang sa iyong kilalanin na ang Kataas-taasan ay namumuno sa kaharian ng mga tao, at ibinigay niya ito sa sinumang kanyang naisin.”

33 Kaagad natupad ang salita tungkol kay Nebukadnezar. Siya’y pinalayas mula sa mga tao at kumain ng damo na gaya ng mga baka. Ang kanyang katawan ay nabasa ng hamog ng langit, hanggang sa ang kanyang buhok ay lumago na kasinghaba ng balahibo ng mga agila, at ang kanyang mga kuko ay gaya ng sa mga ibon.

Ang hari ay itinaboy upang mamuhay na gaya ng isang hayop kasama ng mga hayop. Kumain siya ng damo, ang kanyang katawan ay nabasa ng hamog, ang kanyang buhok ay lumagong gaya ng mga balahibo ng agila at ang kanyang mga kuko ay naging gaya sa kuko ng mga ibon. Anong kahabag-habag na kalagayan para sa isang makapangyarihang hari ang kanyang kinasadlakan!

Bago ang pagdating ng hatol, ang hari ay may panlabas na anyo ng karangyaan at kapangyarihan. Kahit na ang kanyang tunay na kalagayan ay kahabag-habag, iyon ay hindi halata. Ngunit nang dumating na ang hatol sa kanya, ang kanyang kahabag-habag na kalagayan ay naging malinaw sa lahat, at iyon ang tunay na larawan ng kanyang kalagayan.

Gaya ni Haring Solomon at Haring Nebukadnezar, maraming mga itinuturing na dakila sa lipunan ngunit sa katotohanan ay nasa dukhang kalagayan. Sa panlabas, ay mayroong mukha ng karangyaan at kaluwalhatian, ngunit sa kanilang mga puso ay mayroong pagmamalaki at kayabangan, katiwalian at kaguluhan. Bagaman sila ay may suot na makikinis na mga damit at ipinangangalandakan ang kanilang kayamanan, at bagaman sila ay nagpapakasaya sa kanilang kasikatan at katayuan sa lipunan, ang kanilang mga buhay ay salat sa tunay na kahulugan at layunin, at may pakiramdam ng kahungkagan at kawalang-saysay na nakakubli sa kanilang kalooban.

Tingnan natin ngayon ang Isang tunay na dakila.

Tunay na kadakilaan — ang Panginoong Jesus at ang Kanyang katuruan

Walang alinlangan, ang Panginoong Jesus ang pinakadakila. Siya ang Hari ng mga hari at Panginoon ng mga panginoon. Siya ang Anak ng Diyos, ang Lumikha ng sansinukob, at ang lahat ng bagay ay nalikha sa pamamagitan Niya. Ang Kanyang kaharian ang tanging mananatili magpakaylanman.

Lukas 1:32–33

32 Siya’y magiging dakila at tatawaging Anak ng Kataas-taasan. Ibibigay sa kanya ng Panginoong Diyos ang trono ng kanyang amang si David.

33 Maghahari siya magpakailanman sa sambahayan ni Jacob at ang paghahari niya ay walang katapusan.”

Ang Panginoong Jesus ay ang ganap na halimbawa ng kadakilaan. Ngunit ang Kanyang buhay, ang Kanyang mga saloobin at Kanyang katuruan ay malaki ang kaibahan sa mga paniwala at mga inaasahan ng mundo tungkol sa kadakilaan. Bagaman Siya ang Anak ng Diyos at ang dakilang Tagapagligtas ng sangkatauhan, ang Kanyang mga karanasan sa lupa ay hindi ang karaniwang mga ikinakabit sa kadakilaan. Siya ay ipinanganak sa kulungan ng mga hayop at inihiga sa hamak na sabsaban. Ang Kanyang mga magulang ay mahirap, at noong Siya ay bata pa, ay kinailangan nilang tumakas mula kay Haring Herodes na gusto Siyang ipapatay. Maging noong Siya ay nasa hustong gulang na, ay wala Siyang mapag-unanan ng Kanyang ulo (Mat. 8:20). Lahat ng mga ito ay may mga implikasyon sa ating pagkaunawa ng kahulugan ng tunay na kadakilaan. Maraming nagtuturing sa Panginoong Jesus bilang isang dakilang tao, ngunit hindi nila alam ang Kanyang pinaninindigan o ano ang Kanyang katuruan tungkol sa kadakilaan.

Puso ng isang lingkod

Sa pamamagitan ng Kanyang buhay at katuruan, itinuwid ng Panginoong Jesus ang maling mga kaisipan tungkol sa kadakilaan

at nakakasirang paghahangad sa kadakilaan. Ngunit hindi laging madaling maunawaan ang Kanyang katuruan o ang paraan kung paano Siya namuhay. Maging ang Kanyang mga alagad ay nahihirapan kung minsan. Makikita ito sa isang pangyayaring itinala sa Juan 13.

Juan 13:1, 3–4

1 Bago sumapit ang pista ng Paskuwa, alam ni Jesus na dumating na ang kanyang oras upang iwan na ang mundong ito at magpunta sa Ama. Dahil mahal niya ang kanyang mga tagasunod na nasa sanlibutan, minahal niya sila hanggang sa katapusan

3 Alam ni Jesus na ibinigay na sa Kanya ng Ama ang lahat ng bagay at siya ay nagmula sa Diyos at papunta sa Diyos.

4 Tumayo siya pagkahapunan at naghubad ng kanyang panlabas na damit, at nagbigkis ng tuwalya.

Juan 13:8

Sinabi ni Pedro sa kanya, “Hindi ninyo huhugasan kailanman ang aking mga paa.” Sumagot si Jesus, “Kung hindi kita huhugasan, wala kang bahagi sa akin.”

May mahalagang mga bagay na gustong ipahayag sa Kanyang mga alagad ang Panginoon bago ang Kanyang paglisan sa daigdig. Nang malapit na siyang ipako sa krus, ang isa sa mga bagay na ginawa Niya ay hugasan ang mga paa ng Kanyang mga alagad. Tumutol si Pedro. Bakit? Hindi dahil siya ay rebelde o walang galang, o gusto lang maging iba, kundi dahil kinikilala niya si Jesus bilang ang kanilang dakilang Panginoon, at hindi niya maisip na huhugasan ng Panginoon ang kanyang mga paa. Iyon ay tungkuling ginagampanan ng mga alipin!

Ang konsepto ni Pedro ng kadakilaan ay sumasalamin sa karaniwang pagka-unawa ng kadakilaan, na ang kadakilaan ay kinasasangkutan ng paggamit ng kapangyarihan at awtoridad sa iba. Kaya ang dakila ay hindi naglilingkod, bagkus ay pinaglilingkuran.

Pagtuturo sa pamamagitan ng halimbawa

Ngunit hinahangad ng Panginoong Jesus na turuan ang Kanyang mga alagad ng isang mahalagang katotohanan — na ang tunay na kadakilaan ay kinasasangkutan ng *puso ng isang lingkod at tunay na kababaang-loob*. Kaya malinaw na inilarawan Niya ang katotohanang iyon sa pamamagitan ng ginawa Niyang paghuhugas ng paa. Ito ay magsisilbing praktikal na halimbawa — at isang magtatatak nang malalim sa puso ng Kanyang mga alagad sa mahabang panahon.

Juan 13:12–17

12 Matapos niyang hugasan ang kanilang mga paa, nagsuot siya ng kanyang damit at muling naupo. Pagkatapos ay sinabi niya sa kanila, “Naiintindihan ba ninyo kung ano ang ginawa ko sa inyo?”

13 Tinatawag ninyo akong Guro at Panginoon, at tama kayo, dahil gayon nga ako.

14 Kaya nga, kung akong inyong Panginoon at Guro ay naghugas ng inyong mga paa, dapat din ninyong hugasan ang mga paa ng isa’t isa.

15 Nagbigay ako sa inyo ng halimbawa upang gawin din ninyo ang tulad ng ginawa ko sa inyo.

16 Katotohanan ang sinasabi ko sa inyo, ang mga alipin ay hindi higit kaysa kanilang panginoon, at ang sinugo kaysa sa nagsugo sa kanya.

17 Kung alam ninyo ang mga bagay na ito, pinagpala kayo kung ginagawa ninyo ang mga ito.

Si Jesus ay kanilang Panginoon at Guro. Kahit na tila hindi iyon naging angkop sa kanilang isip, ay may malalim na kahulugan ang Kanyang ginawa. Gusto Niyang makita nila, matuto roon at sundin ang Kanyang halimbawa.

Ang lingkod ay hindi mas dakila kaysa sa kanyang panginoon, o hindi mas dakila ang sinugo kaysa sa nagsugo sa kanya. Ang Panginoon, ang kanilang amo, ay naghugas ng kanilang mga

paa. Gaano pa kaya lalong dapat na ang mga alagad ay maging handang gawin ang gaya ng Kanyang ginawa! Hindi ang panlabas na gawa ang kanilang susundin, kundi ang kahulugang nasa likod ng paggawa. Ang kababaang-loob at ang puso ng isang lingkod sa tunay na pagsisilbi ang gusto ng Panginoon na pahalagahan nila at pagbutihin.

Layunin ng Panginoong Jesus na ang Kanyang mga alagad ay magkaroon ng saloobing gaya rin ng sa Kanya at ipakita ito sa kanilang mga pamumuhay: “Nagbigay ako sa inyo ng halimbawa upang gawin din ninyo ang tulad ng ginawa ko sa inyo” (t. 15). Pag nalaman na ang mga bagay na ito, sila’y pagpapalain kung gagawin nila ang mga ito.

Iba kaysa sa mga kaisipan at ipinakikita ng mundo tungkol sa kadakilaan

Sinikap ng Panginoong Jesus na ituro ang panig na ito ng katotohanan sa Kanyang mga alagad sa maraming pagkakataon. Sa Marcos 10:42–45 ay ipinaliwanag ng Panginoon sa kanila na ang makasanlibutang pagpapamalas ng kadakilaan ay kalimitang kaugnay ng paggamit ng kapangyarihan at pangigingibabaw sa iba.

Marcos 10:42–44

42 Kaya’t tinawag sila ni Jesus at sinabi sa kanila, “Alam ninyo na ang mga kinikilalang pinuno ng mga Hentil ay silang pinapanginoon nila at ang mga dakila sa kanila ang nasusunod sa kanila.

43 Subalit hindi dapat ganyan sa inyo. Sa halip, ang sinumang nais maging dakila sa inyo ay kailangang maging lingkod ninyo;

44 at ang sinumang nais maging una ay kailangang maging alipin ng lahat.

Ang mga pinuno ng mga Hentil at ang kanilang dakilang mga tao ay nagtatamasa ng paggamit ng kapangyarihan at pangigingibabaw sa iba. Ngunit pinaalala ng Panginoon sa Kanyang mga alagad na hindi dapat maging ganoon sa kanila, sapagkat iba

sa kaharian ng Diyos. Ang tunay na kadakilaan ay kapag meron tayong puso ng isang lingkod. Ito ay kapag tayo muna ang naging lingkod ng lahat, saka tayo nagiging una.

Pagkatapos ay itinuro ng Panginoon ang Kanyang sarili bilang halimbawa.

Marcos 10:45

“Sapagkat kahit ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at ibigay ang kanyang buhay na pantubos sa marami.”

Ang Anak ng Diyos ay dumating na may diwa ng paglilingkod sa iba — sa sukdulang antas. Tinukoy Niya ang Krus, kung saan Kanyang iaalay ang Kanyang buhay bilang pantubos sa marami.

Mga mithiin tungo sa kadakilaan sa kaharian ng Diyos
Tingnan natin ang konteksto ng Marcos 10.

Marcos 10:35–41

35 Lumapit kay Jesus ang mga anak ni Zebedeo na sina Santiago at Juan. Sinabi nila, “Guro, ipagkaloob mo po sana ang anumang hihilingin namin sa iyo.”

36 “Ano ang nais ninyong gawin ko?” tanong ni Jesus.

37 Sumagot ang magkapatid, “Ipagkaloob ninyong makaupo kami, isa sa kanan at isa sa kaliwa sa inyong kaluwalhatian.”

38 Subalit sinabi ni Jesus sa kanila, “Hindi ninyo alam ang inyong hinihingi. Kaya ba ninyong inuman ang kopa na iinuman ko, at mabautismuhan sa bautismong daranasin ko?”

39 “Kaya namin,” sagot nila. Sinabi sa kanila ni Jesus, “Inuman nga ninyo ang kopang iinuman ko, at babautismuhan kayo sa bautismong daranasin ko.

40 Ngunit ang maupo sa aking kanan at sa aking kaliwa ay hindi ako ang magkakaloob. Iyan ay nakalaan para sa mga pinaghandaan nito.”

41 Nang marinig ito ng sampung alagad, nagsimula silang magalit kina Santiago at Juan.

Sina Santiago at Juan ay may mithiin ng kadakilaan at kaluwalhatian sa kaharian ng Diyos. Humingi sila ng mga katungkulan ng karangalan — na maupo sa kanan at kaliwa ng Panginoong Jesus sa Kanyang kaluwalhatian. Ang ibang mga alagad ay nagalit sa kanila. Sa kontekstong iyon, ay ipinaliwanag ng Panginoong Jesus ang tama at maling mga konsepto ng kadakilaan.

Sina Santiago at Juan ay hindi naghahangad ng makasanlibutang kadakilaan. Gusto nila ng kadakilaan sa kaharian ng Diyos. Mali ba iyon?

Pansinin na hindi minaliit ng Panginoon ang kanilang iniisip tungkol sa kadakilaan at hindi rin Niya sinaway ang kanilang pangarap na maging dakila. Ang gusto Niyang itatak sa kanila ay yaong sila ay maging kagaya ng kanilang Panginoon, at kanilang maunawaan ang tunay na kadakilaan sa kaharian ng Diyos at ang paraan upang magtamo ng tunay na kadakilaan.

Mag-ingat sa mga bitag ng pag-hahangad tungo sa kadakilaan
Ang pagbubulay pa lang ng hangarin na maging dakila, maging sa kaharian ng Diyos, ay puno ng mga panganib. Ang problema ay nasa puso ng tao. Ang paghahangad na maging dakila ay napakadalas na mabahiran ng maling mga saloobin, lalo na ng espiritu ng kapalaluan at ng hangaring malagay sa katayuan ng pagkilala ng lipunan, kapangyarihan at awtoridad. Habang tayo ay nabubuhay dito sa daigdig, ang espiritu ng mundong ito ay nagdudulot ng malaking impluwensya sa atin.

Kahit nagsisikap tayong magkaroon ng puso ng isang lingkod, tayo ay maaaring maudyukan ng nakasisirang hangarin na makilala at ng diwa ng pakikipagpaligsahan na maging pinakadakila sa lahat. Maaari nating isipin at palabasing tayo ay mas mapagpakumbaba, o higit na mahusay sa pagpapakita ng buhay ng isang lingkod kaysa ibang mga mananampalataya.

Sinasabi sa atin ni Apostol Pablo sa Roma 12:2 na huwag maki-ayon sa sanlibutang ito, bagkus ay magbago sa pamamagitan ng pagbabago ng ating mga isip, upang mapatunayan natin ang kalooban ng Diyos, yaong ito’y mabuti at katanggap-tanggap at

ganap. Kaya upang tunay na maging malaya mula sa lahat ng hindi wastong mga paghahangad, at mula sa maling paraan kung paano natin tinitingnan ang mga bagay-bagay, at kung paano natin hinaharap ang mga isyu ng buhay, ay kailangan nating magbago ng lubusan sa ating isip at diwa.

Pangwakas na mga pananalita

Marami sa mga problema ng daigdig — sigalot, paninibugho, inggit, masasamang plano at pagdanak ng dugo — maaari nating balikan ang dahilan ay ang ambisyong maging dakila. Ang mga problemang ito ay umiiral maging sa mga tao ng Diyos at kaugnay ng Kanyang gawain.

Ang kaisipan ng mundo tungkol sa kadakilaan ay kinasasangkutan ng mataas na katayuan sa lipunan, pakiramdam ng may awtoridad ka sa iba at kakayahang makuha ang iyong gusto. Ngunit ang buhay nila Haring Solomon at Haring Nebukadnezar ay hungkag at walang-kabuluhan. Sa halip, sa pagbubulay natin sa katauhan, buhay at katuruan ng Panginoong Jesu-Cristo — ang Siyang tunay na dakila — ay nakita natin na ang tunay na kadakilaan ay hindi makikita sa pag-aastang panginoon sa iba, kundi sa pagkakaroon ng isang pusong mapagpakumbaba at naglilingkod. At sa kahuli-hulihan, ang Diyos ay hindi laban sa kaisipan ng kadakilaan bagkus ay gusto Niyang maunawaan natin nang malinaw na ang kadakilaan sa kaharian ng Diyos sa simula pa lang ay iba sa pananaw ng mundo.

Ang pagkakaroon ng maling konsepto ng kadakilaan ay isang seryosong bagay at napakalaking hadlang sa gawain ng Diyos. Tinutulungan nito ang gawain at mga pakana ng diyablo at ang kanyang pagtutol sa pagsulong ng kaharian ng Diyos. Kaya mahalaga na mayroon tayong mabuting pagkaunawa sa konsepto ng bibliya tungkol sa tunay na kadakilaan at hangaring maabot natin ang tunay na kadakilaan sa ating mga buhay. Patuloy pa natin itong tatalakayin sa kasunod na mensahe.

Mga tanong para sa pagninilay at talakayan

1. Bakit inaasam ng mga tao at nagsisikap sila para sa kadakilaan? Ano ang konsepto ng mundo tungkol sa kadakilaan? Ano ang maaari nating matutunan sa mga karanasan nina Haring Solomon (Eccles. 2:1–11) at Haring Nebukadnezar (Dan. 4–5) sa larangan ng kadakilaan? Ang dalawang hari bang ito ay tunay na dakila?
2. Ano ang maaari nating matutunan sa buhay at turo ng Panginoong Jesu-Cristo tungkol sa kahulugan ng tunay na kadakilaan? Paano itinuwid ng Panginoong Jesus ang maling mga konsepto tungkol sa kadakilaan at ang nakakasirang mga hangarin para sa kadakilaan? (Juan 13:1–17; Marcos 10:35–45)
3. Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng kaisipan ng mundo tungkol sa kadakilaan at ng tunay na kadakilaan.
4. Mali bang maghangad ng kadakilaan sa kaharian ng Diyos? Ano ang mga bitag kaugnay nito?

Pag-abot sa Tunay na Kadakilaan at ang Kaugnayan Nito sa Pagiging-Lingkod

Ang tunay na kadakilaan ay positibo at ang mga anak ng Diyos ay dapat maghangad nito. Ngunit kapag ang ating pangunahing pinagtutuunan ay ang pag-abot ng kadakilaan, ay mayroong panganib na mabahiran ito ng negatibong mga sangkap na gaya ng diwa ng kapalaluan at ng pagka-mataas. Paano kung gayon natin maaabot ang kadakilaan sa mabuting paraan? Paano tayo nakakatiyak na ang mga negatibong sangkap ay wala roon?

Paano maaabot ang tunay na kadakilaan sa mabuting paraan

Sa aking pagkaunawa, ang mas nakakatulong na paraan ng pag-abot sa tunay na kadakilaan ay sa pamamagitan ng pagtutok sa pagsulong sa iba't-ibang positibong mga bahagi ng ating mga buhay na makakatulong sa ating maabot ang tunay na kadakilaan. Habang ginagawa natin ito at nagpapatuloy tayo sa mga bahaging ito, ay doon tayo susulong sa pag-abot sa tunay na kadakilaan.

Tumutok sa Panginoon, sa katotohanan at sa paglilinig ng positibong mga katangiang panloob

Ang pinaka-nakatutulong na pamamaraan sa pag-abot sa tunay na kadakilaan ay ang pagtutok sa Panginoong Jesu-Cristo. Siya ang pinakadakila at Siya ang ating sakdal na guro. Kaya dapat tayong magbulay sa Kanyang buhay at sa Kanyang turo na isaalang-alang kung paano tayo magiging mas katulad Niya. Ang layunin ng bibliya para sa lahat ng mga mananampalataya ay yaong tayo

ay maiayon sa wangis ni Cristo at si Cristo ay magka-anyo sa atin (Rom. 8:29; Gal. 4:19). Ito ang dapat maging pangunahing alalahanin natin.

Paano magkaka-anyo si Cristo sa atin? May ilang mga katangian ang Panginoon na hindi magiging atin, gaya ng Pagka-makapangyarihan sa lahat, ang kapangyarihang Siya ay naroroon sa lahat ng dako at ang kapangyarihang alam niya ang lahat ng bagay. Ngunit maaari tayong maging kagaya Niya sa mga katangiang moral, gaya ng kababaang-loob at tibay ng pagkatao. Ang tunay na kadakilaan sa kaharian ng Diyos ay mas may kinalaman sa moral at espiritwal na kalagayan ng mananampalataya.

Ang Panginoong Jesus ay nagpakitang halimbawa ng mga palatandaan ng tunay na puso ng isang lingkod. Siya ay pumarito upang maglingkod, maging hanggang sa punto ng pagbibigay ng Kanyang buhay. Hindi madali ang pagkakaroon ng puso ng isang lingkod — ang magpanatili ng isang mapagpakumbaba at mabait na espiritu — lalo na kapag nasa harap tayo ng masamang kalagayan at mahirap pakisamahang mga tao, at kapag nasa ilalim tayo ng espiritwal na kagipitan at mga pag-atake. Kinakailangan ng tibay ng pagkatao upang magkaroon ng tunay na puso ng isang lingkod, at kailangan nating matuto mula sa Panginoong Jesus kung paano magkaroon ng tibay ng katauhan at kung paano magpapatuloy sa paglilingkod sa Diyos at tao nang may kababaang-loob at kabaitan.

Kasama ng pagtutok sa pagiging mas kagaya ng Panginoong Jesus sa Kanyang katauhan, ay dapat din nating hangarin na mamuhay ayon sa katotohanan at kalooban ng Diyos. Ito ay mangangailangan na tayo'y tumutok din sa pagkilala sa Diyos at pag-alam ng katotohanan at sa pagpapayabong ng ating relasyon sa Kanya at pagbabago ng ating isip. Habang tayo ay lumalago sa pagkakilala sa Diyos at lumalagong namumuhay ayon sa mga saloobin at mga pamamaraan ni Cristo, tayo ay lalong nagiging kawangis ni Cristo, at dahil doon ay maaari tayong magtamasa

ng lumalalim na pakikisama at pakikiisa sa Diyos at magtatamo ng tunay na kadakilaan.

Magbantay laban sa negatibong diwa ng paghahambing at pagtataas-sa-sarili

Ang diwa ng paghahambing ay kalimitang naroroon sa hangarin ng kadakilaan. Ang isang tao ay karaniwang naghahangad na maging mas dakila, mas makapangyarihan, mas maimpluwensya at mas may kakayahan kaysa iba. Maaaring hindi natin laging namamalayan ang presensya ng ganoong diwa. Kung minsan ay mayroong paghahalo ng mga motibo — naglilingkod tayo dahil totoong nagmamalasakit tayo sa iba, ngunit maaaring mayroon ding hangarin na maituring na mas espirital, mas mapagmalasakit, mas mapagmahal, kaysa sa iba.

Mayroon ding ibang mga negatibong mithiin, gaya ng pagsisikap na tumawag ng pansin tungo sa ating mga sarili, paghahangad na makilala at maparangalan, pagkawili sa paggamit ng awtoridad sa iba at sa pagtanggap ng parangal na nakakataba ng puso.

Sa kaibuturan ng mga problemang ito ay ang pagtataas-ng-sarili. Ito ang dahilan ng tugon ng Panginoong Jesus sa Kanyang mga alagad sa Lukas 9:46–48.

Lukas 9:46–48

46 Nagkaroon ng pagtatalo ang mga alagad kung sino sa kanila ang pinakadakila.

47 Dahil batid ni Jesus ang kanilang iniisip, kinuha niya ang isang maliit na bata at pinatayo ito sa kanyang tabi.

48 Sinabi niya sa kanila, “Sinumang tumanggap sa batang ito dahil sa aking pangalan ay tumanggap sa akin. At ang sinumang tumatanggap sa akin ay tumatanggap sa nagsugo sa akin. Sapagkat ang pinakahamak sa inyong lahat ang siyang pinakadakila.”

Nagtalo ang mga alagad kung sino sa kanila ang magiging pinakadakila. Sumagot ang Panginoong Jesus: “... ang pinakahamak

sa inyong lahat ang siyang pinakadakila”. Maaaring mahirap intindihin ang pahayag na ito para sa iba. Ang “pinakahamak” ay nangangahulugan ng pagiging pinakamababa, samantalang ang kadakilaan ay nangangahulugan ng pagiging nasa matayog na katayuan. Kaya paanong mangyayaring ang isang pinakahamak ay magiging pinakadakila?

Ang itinatangyod ng Panginoong Jesus ay salungat sa paghahangad ng katanyagan, kapangyarihan o awtoridad. Gusto Niyang ituwid ang maling mga kaisipan at negatibong mga saloobin sa puso ng mga alagad kung kaya’t nilinaw Niya nang husto na ang saloobin at gawa ng isang tunay na dakila ay ang kabaligtaran ng lahat ng mga negatibong sangkap na kaugnay ng makasanlibutang kadakilaan. Ang isang tunay na dakila ay wala ng lahat ng negatibong mga sangkap na ito. Ang tunay na kadakilaan ay kinasasangkutan ng pagiging “pinakahamak” sa iba. Ang isang tunay na dakila ang pinakahamak — hindi niya itinataas ang kanyang sarili.

Ang ating hangarin na lumago nang maayos at payabugin ang mga positibong katangian ay hindi dapat dahil gusto nating maging mas mahusay kaysa iba o maituring na dakila, bagkus ay dahil nakita nating ang mga ito ay ang naisin ng Panginoon sa atin at dahil hinahangad natin kung ano ang mabuti. Ang ating mga saloobin at pamamaraan sa buhay, ang ating mga lakad at asal, ay dapat positibo. Ang ating paglilingkod ay dapat udyok ng isang tapat na pag-ibig sa Panginoon at sa ating kapwa.

Matuto sa pagkahulog ni Satanas: ang bitag ng kapalaluan at pagtataas-ng-sarili

Tingnan natin ang dalawang mga talatang karaniwang kinikilala na tumutukoy sa pagkahulog ni Satanas.

Isaias 14:12–14

12 “Ano’t nahulog ka mula sa langit,

O Tala sa Umaga, anak ng Umaga!

Paanong ikaw ay lumagpak sa lupa,
ikaw na siyang nagpabagsak sa mga bansa!
13 Sinabi mo sa iyong puso,
'Ako'y aakyat sa langit;
sa itaas ng mga bituin ng Diyos
aking itatatag ang aking trono sa itaas;
ako'y uupo sa bundok na pinagtitipunan,
sa malayong hilaga.
14 Ako'y aakyat sa itaas ng mga kaitaasan ng mga ulap,
gagawin ko ang aking sarili na gaya ng Kataas-taasan.'

Ang "tala sa umaga" ay isang pagpapatungkol sa diyablo. Si Satanas ay nahulog dahil siya ay palalo at hinangad niyang maging dakila. Ginusto niyang "umakyat sa langit", upang itaas ang kanyang trono "sa itaas ng mga bituin ng Diyos" at gawin ang kanyang sarili na "gaya ng Kataas-taasan". Gusto niyang maging matayog, maikumpara at maging katulad ng Kataas-taasang Diyos. Pansinin ang maraming ulit nabanggit ang "ako ay", na nagpapakita ng pagmamataas na pagbibigay diin sa sarili.

Sa Ezekiel 28:12, ay sinabi sa atin na siya ay nilikhang puno ng karunungan at sakdal sa kagandahan. Ngunit sa talata 17, ay sinabi sa atin na ang kanyang puso ay nagmataas at ang kanyang karunungan ay naging masama dahil sa kanyang kayabangan.

Ezekiel 28:12, 17

12 "Ikaw ang tatak ng kasakdalan,
punô ng karunungan, at sakdal sa kagandahan.
17 Ang iyong puso ay nagmataas dahil sa iyong kagandahan;
iyong pinasama ang iyong karunungan dahil sa iyong kaningningan.
Inihagis kita sa lupa;
aking inilantad ka sa harapan ng mga hari,
upang pagsawaan ka ng kanilang mga mata.

Gusto ng diyablo na itulak din ang tao sa ganoong direksyon. Tinutukso niya ang tao na maghangad ng kadakilaan, na pumupukaw

sa puso ang espiritu ng kapalaluan at pagtataas-ng-sarili. Nangyari ito sa simula mismo ng salaysay ng tao, sa Halamanan ng Eden, at nagpapatuloy sa buong kasaysayan ng tao.

Genesis 3:4-6

4 Subalit sinabi ng ahas sa babae, “Tiyak na hindi kayo mamamatay.

5 Sapagkat nalalaman ng Diyos na kapag kayo’y kumain noon ay mabubuksan ang inyong mga mata, at kayo’y magiging kagaya ng Diyos, na nakakakilala ng mabuti at masama.”

6 Kaya’t nang makita ng babae na ang bunga ng punungkahoy ay mabuting kainin, nakakalugod sa paningin, na dapat nasain upang maging matalino, siya ay pumitas ng bunga nito at kinain ito; at binigyan din niya ang kanyang asawa na kasama niya, at siya’y kumain.

Inakay ng diyablo si Eba sa direksyon ng kapalaluan at pagtataas-ng-sarili sa pamamagitan ng pagtukso rito na gustuhing maging kagaya ng Diyos, na nakakakilala ng mabuti at masama, na magkaroon ng makalamang mga hangarin, naghahangad ng mga maaabot at mga kalagayang hindi nilayon ng Diyos para sa kanya. Nakita ni Eba na ang bunga ay mabuting kainin, nakalulugod sa paningin, at dapat nasain upang maging matalino. Sa pagsuway sa Diyos, si Eba, at pagkatapos, si Adan, ay kumain ng bunga mula sa punongkahoy na ipinagbawal ng Diyos.

Kaya maging maingat tayo na huwag magsikap para sa kadakilaan sa mata ng sanlibutan o sa mga kapamaraanang hindi ayon sa kalooban ng Diyos.

Pagsikapan ng mataimtim na lumagong mabuti

Bagaman kailangan nating mag-ingat na huwag magsumikap para sa kadakilaan sa maling paraan, ay hindi rin tayo dapat maging kampante. Hindi tayo dapat magtago sa pagdadahilan na gusto nating maging “pinakahamak”, kaya maging tamad at hindi na magsikap tungo sa pag-abot sa ating lubos na potensyal.

Nais ng Diyos na tayo ay maging masigasig sa pagsisikap na lumagong mabuti, na maging pinakamahusay sa makakaya natin. At sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, ay ipagkakaloob Niya kung anong kailangan natin para maabot ang mga mithiing ito. Kung gayon ay dapat tayong magsikap na lumago tungo sa ating lubos na potensyal kay Cristo, na ginagawa ito ayon sa Kanyang mga pamamaraan, sa kababaang-loob at malalim na pasasalamat sa Diyos — sa personal na antas at sa pagsasama-sama sa pagpapamalas ng buhay-iglesya. Sa ganitong konteksto tayo ay maaaring maitatag sa pag-ibig (Ef. 4) at magkaroon ng malalim na pakikisama sa Panginoon at sa isa't isa. At habang tayo ay lumalago at gumagawang ganito sa ating mga buhay, at tayo ay susulong sa direksyon ng tunay na kadakilaan.

Ngayon ay gusto kong pagbulayan natin ang tanong na ito: Bakit ikinabit ng Panginoong Jesus ang tunay na kadakilaan sa pagiging lingkod?

Tunay na kadakilaan at pagiging isang lingkod

Titingnan natin ang talata sa Marcos 10:42–45.

Marcos 10:42–45

42 Kaya't tinawag sila ni Jesus at sinabi sa kanila, “Alam ninyo na ang mga kinikilalang pinuno ng mga Hentil ay silang pinapanginoon nila at ang mga dakila sa kanila ang nasusunod sa kanila.

43 Subalit hindi dapat ganyan sa inyo. Sa halip, ang sinumang nais maging dakila sa inyo ay kailangang maging lingkod ninyo; 44 at ang sinumang nais maging una ay kailangang maging alipin ng lahat.

45 Sapagkat kahit ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at ibigay ang kanyang buhay na pantubos sa marami.”

Sa talata 43, ay iniugnay ng Panginoong Jesus ang “pagiging dakila” sa pagiging “inyong lingkod”, at sa talata 44, ang “maging

una sa inyo” sa “maging alipin ng lahat”. Ibinigay Niya ang Kanyang sarili bilang halimbawa (t. 45).

Ginawa rin ng Panginoon ang pag-uugnay sa pagitan ng kadakilaan at pagiging isang lingkod sa Mateo 23:11 nang Kanyang idiin na “ang pinakadakila sa inyo ay siyang magiging lingkod ninyo”. At sa Juan 13, inilarawan Niya ang kahulugan ng kaugnayang iyon sa pamamagitan ng paghuhugas ng mga paa ng Kanyang mga alagad.

Mayroon pang ibang mga bagay na nakaugnay sa tunay na kadakilaan, ngunit ang paulit-ulit na binigyang-diin ng Panginoong Jesus ay ang ugnayan sa pagitan ng kadakilaan at ng puso ng isang lingkod. Bakit?

Sa ginawa Niyang ito, ay tinutulungan ng Panginoon ang kanyang mga alagad, sa mabisa at tumatagos na paraan, upang makita nila ang mga maling kaisipan, saloobin at mga problemang nauugnay sa hangarin na maging dakila. Kasabay noon, ay ipinapakita rin Niya sa kanila kung paano maresolba ang negatibong mga aspetong ito, at kung ano ang landas tungo sa tunay na kadakilaan.

Ang kadakilaan ay kinasasangkutan nga ng pagtataas — ngunit hindi pagtataas-ng-sarili o pagtataas ng tao bagkus ay pagtataas ng Diyos. Ang Diyos mismo ay tunay na dakila at mabuti, at Siya ay matayog sa kaitaasan. Gustong itatak sa atin ng Panginoong Jesus na upang matamo natin ang tunay na kadakilaan at matanggap ang pagtataas na mula sa Diyos, dapat nating pangalagaan ang pangunahing mga katangian ng puso ng isang lingkod. Ang mga pangunahing katangiang ito ay mahalagang mga katangiang moral at espiritwal sa kaharian ng Diyos.

Kababaang-loob

Isang pangunahing katangian ng puso ng isang lingkod ay kababaang-loob. Ang kababaang-loob ay kabaligtaran ng pagtataas-ng-sarili at kapalaluan. Sinasalungat nito at nireresolba ang mga usapin ng pagtataas-ng-sarili at kapalaluan at ito ang siyang daan tungo sa tunay na kadakilaan.

Maraming sinabi ang Panginoong Jesus tungkol sa mga isyu ng kapalaluan at kababaang-loob.

Mateo 23:5–7

5 Ang lahat ng kanilang ginagawa ay upang ipakita lamang sa mga tao. Pinapalapad nila ang kanilang mga pilakteria, at pinahahaba ang laylayan ng kanilang mga damit.

6 Mahilig silang umupo sa mga upuang-pandangal sa mga piging at sa mga pangunahing upuan sa sinagoga.

7 Nais nilang pagpugayan sila ng mga tao sa pamilihan at tawagin silang ‘Rabbi’.

Sa mga talatang ito, sinabi ng Panginoon sa mga tao at sa Kanyang mga alagad na gusto ng mga Fariseo na kilalanin sila ng mga tao. Sila ay nasisiyahan umupo sa mga upuang pandangal at gusto nilang tratuhin sila ng may paggalang. Kaya anumang ginagawa nila, ay may intensyong magpapansin sa iba. Ang mga ito ay nagpapakita ng kapalaluan. Sa kontekstong ito, ang Panginoon ay nagturo ng isang napakahalagang prinsipyo: “Sinomang nagtataas sa sarili ay ibababa; at ang sinomang nagbababa sa sarili ay itataas” (t. 12).

Makikita nating inilalarawan ng Panginoong Jesus ang prinsipyong ito sa dalawang talinhaga. Sa Lukas 18:9–14, ay inilahad ng Panginoon ang isang talinhaga sa mga taong nagtitiwala sa kanilang mga sarili na sila ay matutuwid at tinitingnan ang iba nang may paghamak. Inihambing Niya ang saloobin ng isang Fariseo sa saloobin ng isang maniningil ng buwis.

Lucas 18:10–14

10 “Dalawang lalaki ang pumunta sa templo upang manalangin — isang Fariseo at isang maniningil ng buwis.

11 Ganito ang panalangin ng Fariseo habang mag-isa siyang nakatayo, ‘Diyos ko, pinasasalamatan kita na hindi ako tulad ng ibang tao — mga magnanakaw, mandaraya, mangangalunya o gaya ng maniningil ng buwis na ito.

12 Dalawang ulit akong nag-aayuno sa isang linggo. Nagbibigay ako ng ikasampung bahagi mula sa lahat ng aking kinikita.’

13 Samantala, ang maniningil ng buwis ay nakatayo sa malayo, hindi man lamang makatingin sa langit at binabayo ang kanyang dibdib sa pagsasabing, ‘Diyos ko, mahabag po kayo sa akin na isang makasalanan.’

14 Sinasabi ko sa inyo, umuwi ang taong iyon na itinuring na matuwid ng Diyos at hindi ang Fariseo. Sapagka’t ang bawat nagtataas ng kanyang sarili ay ibababa at ang bawat nagbababa ng sarili ay itataas.”

Itinaas ng Fariseo ang sarili niya, at siya ay ibinaba. Sa kabilang banda, ang maniningil ng buwis ay nagbaba ng kanyang sarili at dahil doon ay pinawalang-sala at itinaas ng Panginoon: “Sapagka’t ang bawat isang nagtataas ng kanyang sarili ay ibababa, ngunit ang bawat nagbababa ng sarili ay itataas” (t. 14).

Ang prinsipyong ito ay inilarawan din sa Lukas 14:7–11. Napansin ito ng Panginoon sa isang piging, ang mga panauhin ay pumipili ng mga upuang pandangal sa hapag. Kaya inilahad Niya sa kanila ang isang talinhaga:

Lucas 14:7–11

7 Nang mapansin niyang pinipili ng mga inanyayahan ang mga upuang pandangal, sinabi niya sa kanila ang isang talinghaga:

8 “Kapag inanyayahan ka ng sinuman sa isang kasalan, huwag kang maupo sa upuang pandangal. Baka mayroon siyang inanyayahang mas kilala kaysa iyo.

9 At sa paglapit ng nag-anyaya sa inyong dalawa ay sasabihin niya, ‘Ibigay mo sa taong ito ang iyong upuan.’ Mapapahiya ka lamang at uupo sa pinakaabang upuan.

10 Sa halip, kung naanyayahan ka, pumunta ka at umupo sa pinakaabang upuan. Pagdating ng nag-anyaya sa iyo, sasabihin niya sa iyo, ‘Kaibigan, lumipat ka sa mas marangal na upuan.’ Sa gayon ay mabibigyan ka ng dangal sa harap ng mga kasalo mo.

11 Sapagkat ibababa ang sinumang nagtataas ng sarili ngunit ang nagpapakababa ay itataas.”

Hindi sinasabi ng Panginoong Jesus na ang isang tao ay itataas kapag pinipili niya ang pinakamababang posisyon. Ang saloobin sa puso ng tao ang mahalaga. Kapag ang isang tao ay tunay na mababang-loob, siya ay itataas. Ngunit kapag itinataas niya ang kanyang sarili, siya ay ibababa. At kapag siya ay nasa mababang lugar dahil gusto niyang maituring na mababang-loob gayong ang totoo siya ay mayabang, hindi siya itataas ng Diyos dahil walang tunay na kababaang-loob. Sa talata 11 ay ginawang malinaw ng Panginoong Jesus ang katotohanang gusto Niyang ituro sa atin sa pamamagitan ng talinhagang ito: “Sapagkat ibababa ang sinumang nagtataas ng sarili ngunit ang nagpapakababa ay itataas.”

Sa kanyang sulat, pinagbulayang mabuti ni apostol Santiago ang turong ito ng Panginoong Jesus sa mga ebanghelyo. Sa Santiago 4:10, ay ipinapayo niya: “Magpakumbaba kayo sa harap ng Panginoon, at itataas niya kayo”.

Gayundin, nakintal nang malalim kay apostol Pedro ang katotohanang ito, kaya itinuturo niya:

1 Pedro 5:5–6

5 Kayo namang mga kabataan, pasakop kayo sa mga pinuno. Maging mapagpakumbaba kayo sa pakikitungo sa isa’t-isa sapagkat nasusulat, “Sinasalungat ng Diyos ang mga mapagmataas, ngunit pinagpapala niya ang mga mapagpakumbaba.”

6 Kaya’t magpakumbaba kayo at pasakop sa Makapangyarihang Diyos, at kayo’y itataas niya sa takdang panahon.

Kaya kung saan mayroong tunay na kababaang-loob at tunay na pagbababa ng ating mga sarili sa harap ng Diyos, ay itataas Niya tayo. Magkakaroon ng tunay na pagtataas at tunay na kadakilaan.

Pagtitiyaga ng may kababaang-loob sa paglilingkod na inuudyukan ng pag-ibig

Isa pang pangunahing katangian ng tunay na kadakilaan ay pagtitiyaga na may kababaang-loob sa paglilingkod na inuudyukan

ng pag-ibig sa kapwa. Ang Panginoong Jesus ay pumarito sa daigdig hindi para paglingkuran kundi para maglingkod. Bakit? Iyon ay dahil sa Kanyang pag-ibig sa atin. Sa kabila ng matinding hirap at pagdurusa, hindi Siya nag-atubili, bagkus ay nagtiis at ibinigay ang Kanyang buhay “na pantubos sa marami” (Marcos 10:45).

Ang buhay ni Apostol Pablo ay naging halimbawa rin ng tunay na kadakilaan at ng puso ng isang lingkod. Makikita natin ito sa 1 Corinto 9:19–23.

1 Corinto 9:19–23

19 Bagaman malaya ako, at hindi alipin ngsinuman, nagpaalipin ako sa lahat, upang mas marami akong mahikayat.

20 Sa mga Judio, ako ay naging gaya ng isang Judio, upang mahikayat ko ang mga Judio. Sa mga nasa ilalim ng Kautusan, ako ay naging gaya ng isang nasa ilalim ng Kautusan, bagaman ako ay wala sa ilalim ng Kautusan, upang mahikayat ko ang mga nasa ilalim ng Kautusan.

21 Sa mga nasa labas ng Kautusan, ako ay naging tulad sa walang Kautusan, ngunit hindi ibig sabihing hindi ako saklaw ng Kautusan ng Diyos, sa halip ako nga’y napapasakop sa Kautusan ni Cristo, upang mahikayat ko ang mga nasa labas ng Kautusan.

22 Sa mahihina, ako ay naging mahina, upang mahikayat ko ang mahihina. Sa lahat ng bagay ay nakibagay ako sa lahat ng tao, upang sa lahat ng paraan ay makapagligtas ako ng ilan.

23 Ginagawa ko ang lahat ng ito alang-alang sa ebanghelyo, upang ako’y maging kabahagi sa mga biyaya nito.

Kusang-loob na ginawa ni Pablo ang kanyang sarili na maging “alipin ng lahat” dahil sa kanyang pag-ibig sa iba. Gusto niyang “mahikayat ng marami” para kay Cristo. Siya ay may malasakit para sa mga napapahamak, na sana sila ma’y makakilala sa Panginoon at makapasok sa kaharian ng Diyos. Handa siyang magtiis ng anumang kailangan para maabot ang layunin na maligtas ang pinakamaraming kayang maligtas.

Sinikap niyang makilala siya kasama ng mga Judio, ng mga Hentil at ng lahat ng tao. Handa siyang maging “lahat ng mga bagay sa lahat ng mga tao” upang siya sa “anumang paraan ay makapagligtas ng ilan” at gawin “ang lahat ng mga bagay alang-alang sa ebanghelyo”. Gaya ng Panginoong Jesus, siya ay nagtiyaga sa misyong ipinagkatiwala sa kanya ng Diyos, dumanas ng maraming mga pakikipagpunyagi at mga paghihirap, at naging isang panoorin sa mundo, isang hangal dahil kay Cristo, na walang karangalan at trinato nang marahas (1 Cor. 4:9–11). Si Pablo ay tunay na naglingkod ng may kahanga-hangang kababaang-loob at pagtitiyaga.

Makikita rin natin ang patunay nito sa Mga Gawa 20. kung saan kinausap ni Pablo ang mga matatanda sa iglesia ng Efeso:

Mga Gawa 20:18–24

18 Pagdating nila ay kanyang sinabi,

“Nalalaman ninyo kung paano akong namuhay noong kasama ninyo ako. Mula sa unang araw ng pagtuntong ko sa Asia,

19 naglingkod ako sa Panginoon nang buong pagpapakumbaba, na may luha at pagtitiis sa gitna ng maraming pagsubok dahil sa mga pagtatangka ng mga Judio.

20 Sa pagtuturo ko sa inyo, sa harap man ng madla o sa bahay-bahay, hindi ko ipinagkait na ihayag ang anumang bagay na kapaki-pakinabang.

21 Ipinahayag ko sa mga Judio at sa mga Griyego na dapat nilang talikuran ang kanilang mga kasalanan upang magbalik-loob sa Diyos at sumampalataya sa ating Panginoong Jesu-Cristo.

22 At ngayon, bilang isang bilanggo ng Espiritu, patungo ako sa Jerusalem, na hindi nalalaman kung ano ang mangyayari sa akin doon.

23 Ang tanging alam ko’y sa bawat lungsod, ang Banal na Espiritu ang nagpahayag sa akin na mga tanikala at kapighatian ang naghihintay sa akin.

24 Subalit hindi ko itinuturing na mahalaga ang aking buhay, maganap ko lamang ang aking tungkulin at ang gawaing tinanggap ko mula sa Panginoong Jesus — ang magpahayag ng Magandang Balita tungkol sa kagandahang-loob ng Diyos.

Nakikita ng mga matatanda sa Efeso kung paano naglingkod si Pablo sa Panginoon ng may kababaang-loob at kung paanong sa harap ng mga pagsubok at mga paghihirap, ay hindi siya umurong sa kanyang tungkulin. Sa kabila ng matinding oposisyon mula sa mga Judio at sa kabila ng alam niyang ang “mga tanikala at mga kapighatian” ay naghihintay sa kanya sa Jerusalem. Nagtiyaga si Pablo dahil sa kanyang katapatan sa ministryong tinanggap niya mula sa Panginoon, at dahil sa kanyang pag-ibig at malasakit sa mga mananampalataya.

Ang saloobin at asal ni Pablo ay nagpapahayag ng tunay na kadakilaan. Ang mga ito ay kabaligtaran ng hangarin para sa karangalan, posisyon, kapangyarihan at pagtataas-ng-sarili sa paningin ng mga tao, na kalimitang naiuugnay sa mga makasanlibutang ambisyon para sa kadakilaan. Sa buhay ni Pablo at sa kanyang saloobin, ay makikita natin ang larawan ng puso ng isang lingkod na itinuturo ng Panginoong Jesus sa atin sa mga ebanghelyo.

Kahalagahan ng pagpapayabong ng puso ng isang tunay na lingkod

Ang mga problemang kakabit ng pagnanais na maging dakila ay maaaring salungatin at lutasin sa isang makabuluhan at magandang paraan kapag pinayabong natin sa ating sarili ang puso ng isang tunay na lingkod.

Sa Galatia 5:13, pinapayuhan ni Pablo ang mga mananampalataya na magkaroon ng puso ng isang lingkod:

Galacia 5:13

Tinawag kayo upang maging malaya, mga kapatid. Kaya lang, huwag naman ninyong gamitin ang inyong kalayaan upang pagbigyan ang hilig ng laman. Sa halip, maglingkod kayo sa isa’t isa sa diwa ng pag-ibig.

Ang puso ng isang tunay na lingkod ay naglilingkod sa iba ng may pag-ibig. Binigyan tayo ni Cristo ng tunay na kalayaan, na

nagpapalaya sa atin mula sa kautusan ng kasalanan at kamatayan. Gagamitin natin ang kalayaang ito upang maglingkod sa isa't isa sa pag-ibig at kababaang-loob. Ito ang pangunahing pamamaraan sa buhay na dapat nating gawin. Ang isang taong namumuhay sa ganitong paraan ay nagpapamalas ng tunay na kadakilaan.

Nilulutas ng pagkakaroon ng puso ng tunay na lingkod ang problema ng negatibong espiritu ng pakikipagmataasan

Ang isang taong naghahangad na maging dakila ay kalimitang nagnanais na siya ay tingalain, hangaan at igalang. Higit pa roon, ay gusto niyang ikumpara siya na mas mabuti kaysa iba — mas magaling, mas hinahangaan at mas iginagalang. Ngunit itinuturo sa atin ng Panginoong Jesus na ang dakila ay ang “pinakamaliit sa inyo”, at inilarawan niya ang konseptong ito ng kadakilaan gamit ang saloobin ng isang lingkod. Ang lingkod ay itinuturing na mas mababa kay sa iba. Kaya kung meron tayong saloobin ng isang lingkod, at handa tayong maituring na mas mababa kaysa iba, hindi tayo magkakaroon ng negatibong espiritu ng pakikipagmataasan na kalimitang nakikita sa mga taong may maling hangarin para sa kadakilaan.

Nilulutas ng pagkakaroon ng puso ng tunay na lingkod ang problema ng hangaring gumamit ng kapangyarihan sa iba

Ang isang taong naghahangad ng kadakilaan ay kalimitang mayroon ding hangaring maghari o gumamit ng kapangyarihan sa iba. Kapag mayroon tayong puso ng isang lingkod, ay hindi tayo maghahangad na maghari-harian sa iba, sa halip ay magsisikap tayong maglingkod sa kanila.

Nilulutas ng pagkakaroon ng puso ng tunay na lingkod ang suliranin ng pagka-makasarili at pagpapalayaw-sa-sarili

Ang pagka-makasarili, ay kalimitang siyang kapangyarihan na nagtutulak sa hangarin para sa kadakilaan. Naghahangad tayo ng kapangyarihan at pagkilala para mabigyang kasiyahan at layaw

ang ating mga sariling ninanais. Ngunit kapag mayroon tayong puso ng isang lingkod, ay maghahangad tayo na maglingkod sa iba dahil sa pag-ibig sa kanila. Sa halip na pagmamakasariili at pagpapakaabala sa ating sariling mga kapakanan, ay magmalasakit tayo para sa kapakanan ng iba.

Kaya mahalagang payabungin natin ang puso ng isang tunay na lingkod at mabisang maalis natin ang lahat ng mga problemang kaakibat ng maling mga hangarin para sa kadakilaan.

Pangwakas na mga pananalita

Sa Yugto 2, Tagpo 5 ng *Twelfth Night* ni William Shakespeare ay mayroon itong pahayag na ito: “May mga taong isinilang na dakila, mayroong mga nagtamo ng kadakilaan at mayroong mga taong ang kadakilaan ay ipinilit sa kanila”. Sumasang-ayon ka ba sa pahayag na ito?

Ang isang taong ipinanganak sa isang hari o pinuno ay maaaring “ipinanganak na dakila”. Ang ilan ay maaaring magtamo ng kadakilaan sa pamamagitan ng kasipagan o kaya sa maling mga kapamaraan. Ang ilan ay maaaring magkaroon ng kadakilaang “ipinilit” sa kanila dahil sa mga pangyayari. Ngunit ang lahat ng naturang kadakilaan ay pansamantala.

Ang tunay na kadakilaan ay hindi maaaring matamo sa pamamagitan ng kapanganakan, makasanlibutang mga naabot, o sa pamamagitan ng pamimilit sa atin. Ang tunay na kadakilaan ay may kinalaman sa ating moral at espiritwal na katayuan sa kaharian ng Diyos. Upang magtamo ng tunay na kadakilaan at makamit yaong may halaga sa kaharian ng Diyos, ay kailangan nating palaguin ang ating moral at espiritwal na mga katangian at palalimin ang ating lakad na kasama ng Diyos. Maging taimtim at mapanalanginin tayo sa paggawa nito.

Mga tanong para sa pagninilay at talakayan

1. Ano ang landas tungo sa pagtatamo ng tunay na kadakilaan?
2. Ano ang matututunan natin sa pagkahulog ni Satanas at sa paraan ng pagtukso niya kay Eba sa larangang ito ng kadakilaan (Isa. 14:12–14; Ezek. 28:12–17; Gen. 3:1–6)?
3. Kalimitang iniuugnay ng Panginoong Jesus ang tunay na kadakilaan sa pagiging isang lingkod. Ano ang ninanais Niyang ituro sa atin sa pamamagitan noon?
4. Paano nasasalungat at nalulutas sa makabuluhan at magandang paraan ang mga suliraning nauugnay sa pagnanais na maging dakila, kung ating payayabungin ang puso ng isang tunay na lingkod?

Pagkatuto Mula sa Panginoong Jesu-Cristo — ang Ating Sakdal na Halimbawa ng Tunay na Kadakilaan

Dito sa panghuling mensahe, ay patuloy nating pagbubulayan ang paglalahad ng bibliya tungkol sa kahulugan ng tunay na kadakilaan, lalo na kung paano ito binigyang halimbawa sa buhay ng Panginoong Jesu-Cristo, ang ating perpektong halimbawa.

Nakita natin na hindi nais ng Diyos na hangarin natin ang makasanlibutang kadakilaan. Ngunit maaari Niyang ilagay ang iba sa atin sa mga katayuang may panlupang karangalan. May mga halimbawa sa Bibliya na kagaya nina Daniel, Jose at David.

Si Daniel ay lumakad nang tapat kasama ng Diyos at lubos siyang pinahalagahan ng Panginoon. Hindi siya naghangad ng mga katungkulan panlupa, ngunit siya ay umakyat sa napakataas na katungkulan sa Babilonya. Si Jose ay ginawang pinuno sa Ehipto, na pumapangalawa lamang sa Faraon. May kapangyarihan siya, katanyagan, at karangalan. Si David ay ginawang hari sa Israel ayon sa mga tagubilin ng Panginoon.

Ang mga lalaking ito ay nasa kanilang panlupang mga katungkulan bilang bahagi ng kanilang tapat na paglakad kasama ng Diyos. Hindi sila naghangad para sa kanilang mga katungkulan o kumapit nang mahigpit sa mga ito.

Ano kaya tayo sa ating konteksto ngayon? Maaaring hindi natin maabot ang mga katungkulan ng hari o gobernador ngunit maaaring tayo'y dakila sa ating mga larangan o propesyon — isang dakilang enhinyero, isang kilalang siruhano o isang tanyag na

siyentipiko. Hindi masamang makilala sa ganitong paraan, ngunit mahalagang ito ay dumating sa atin dahil niloob ng Diyos na maging bahagi ito ng ating paglakad kasama Niya.

Karaniwan sa atin na isiping kapag tayo ay dakila sa anumang paraan, ay magkakaroon na tayo ng pakiramdam ng kasiyahan at tagumpay. Ngunit ang pakiramdam na ito ng kasiyahan at tagumpay ay pansamantala lamang. Kapagnakaabot tayo sa mataas na katayuang panlupa, kahit pa ito ay bahagi ng ating tapat na paglakad kasama ng Diyos, dapat tayong maging mapanalanginin at mapagbantay. Kung hindi, maaaring madali tayong mabitag ng karangalan at katanyagang dulot nito, masarapan sa pagkilala, sa papuri ng mga tao at sa mataas na katayuang kaakibat nito. Pagkatapos ay maaaring kumapit tayo nang mahigpit sa mga ito at maging palalo, at kung gayon ang ating espiritu ay maapektuhan ng masama sa tagumpay na ating natamo.

Ang mahalagang tanong para sa atin ay kung tayo ba, sa Kristiyanong pananaw, ay mabuting mga doktor, mga siyentipiko, mga enhinyero, mga guro. Sa mata ng Panginoon, tayo ba ay responsable at gumagawa nang may maayos na saloobin at positibong espiritu?

Oo, ang tunay na kadakilaan ay mabuti at kanais-nais. Ngunit gaya ng nakita natin, hindi kapaki-pakinabang na magtuon tayo ng isip sa tahasang paghahangad ng kadakilaan dahil ito ay malamang na mauwi sa pagkakaroon ng mga negatibong saloobing gaya ng kapalaluan, pagtataas-ng-sarili at ng espiritu ng pakikipagmataasan. Mas nakatutulong na ituon ang isip natin sa paglilinang ng mga katangian ng puso na mahalaga sa Diyos. Yamang si Cristo ay ating Panginoon at perpektong huwaran, ay dapat nating hangaring makilala Siya nang mas malalim at matuto tayong maging mas kagaya Niya sa katangian at saloobin.

Si Jesus, ang nagdurusang Lingkod

Kapag naiisip natin ang Panginoong Jesus, anong uri ng mga kaisipan ang sumasagi sa isip natin? Maaaring isipin natin Siya

bilang ang Hari ng mga hari at Isang may walang-hanggang kapangyarihan. Ngunit isang tanyag na paglalarawan ng bibliya sa Panginoong Jesus ay “Lingkod”. Isinasa-halimbawa ng Panginoong Jesus ang puso ng isang lingkod at tinuruan Niya ang Kanyang mga alagad na magkaroon din ng puso ng isang lingkod — upang maglingkod sa Diyos at sa iba sa diwa ng pag-ibig, kababaang-loob at may pagtitiyaga. Sa Juan 13, ay hinugasan ng Panginoong Jesus ang mga paa ng Kanyang mga alagad at pinayuhan sila na sundan ang Kanyang halimbawa, Sa Marcos 10:45, ay sinabi Niya: “Sapagkat kahit ang Anak ng Tao ay naparito hindi upang paglingkuran, kundi upang maglingkod at ibigay ang kanyang buhay na pantubos para sa marami.”

Ang nagdurusang Lingkod sa Isiyas

Isang tanyag na katangian ng darating na Mesiyas na ipinopropesiya sa Lumang Tipan ay yaong tungkol sa Mesiyas bilang ang nagdurusang Lingkod. May ilang mga nakasulat na propesiya sa Isiyas tungkol sa pagparito ng Mesiyas na kilala bilang “Ang Mga Awit ng Lingkod”. Babanggit ako ng isa lang sa mga ito: Isiyas 52:13-53:12. Ito ay isa sa pinakamahalagang nakasulat na propesiya sa Kasulatan tungkol sa darating na Mesiyas at ipinipinta nito ang isang larawan Niya bilang ang nagdurusang Lingkod:

Isaias 52:13

Narito, ang lingkod ko ay magtatagumpay,
siya’y dadakilain at itataas, at magiging napakataas.

“Ang aking lingkod” dito ay tumutukoy sa darating na Mesiyas, ang Panginoong Jesu-Cristo. Ang Lingkod ay magtatagumpay at labis na itataas. Makikita natin dito ang hindi inaasahan ngunit siyang kaisipang mula sa bibliya tungkol sa kaugnayan ng lingkod at pagtataas. Karaniwan, ang kaisipan natin tungkol sa “lingkod” ay isang aba. Ngunit narito ang isang Lingkod na labis na itinaas — Isa Siyang tunay na dakila.

Gayon pa man, patuloy pang nagpropesiya si Isiyas sa napakalinaw na mga pananalita tungkol sa Mesiyas bilang isang nagdurusang Lingkod, kabilang ang maraming mga katangiang salungat sa makasanlibutang kaisipan ng kadakilaan.

Isaias 52:14

Kung paanong marami ang namangha sa kanya — ang kanyang anyo ay napinsalang lubha, halos hindi na anyo ng tao, na hindi makilalang tao, at ang kanyang hugis ay higit kaysa sa mga anak ng mga tao —

Isaias 53:2–5

2 Sapagkat siya’y tumubo sa harapan niya na gaya ng sariwang pananim,

at gaya ng ugat sa tuyong lupa.

Siya’y walang anyo o kagandahan man na dapat nating pagmasdan siya,

at walang kagandahan na maiibigan natin sa kanya.

3 Siya’y hinamak at itinakuwil ng mga tao;

isang taong nagdurusang, at sanay sa kalungkutan;

at gaya ng isa na pinagkublihan ng mukha ng mga tao,

siya’y hinamak, at hindi natin siya pinahalagahan.

4 Tunay na kanyang pinasan ang ating mga karamdaman,

at dinala ang ating mga kalungkutan;

gayunma’y ating itinuring siya na hinampas,

sinaktan ng Diyos at pinahirapan.

5 Ngunit siya’y nasugatan dahil sa ating mga pagsuway,

siya’y binugbog dahil sa ating mga kasamaan;

ipinataw sa kanya ang parusa para sa ating kapayapaan,

at sa pamamagitan ng kanyang mga latay ay gumaling tayo.

Ang Lingkod na ito ay walang maringal na hitsurang papansinin ng tao at titingalain. Sa halip, Siya ay hinamak at tinalikuran. Siya’y sinaksak, binugbog at hinagupit. Siya ay nagdusa ng di-mailarawang pasakit para sa ating mga kasalanan upang tayo ay gumaling.

Isaias 53:6–9

6 Tayong lahat ay gaya ng mga tupang naligaw;
bawat isa sa atin ay lumihis sa kanyang sariling daan;
at ipinasan sa kanya ng Panginoon
ang lahat nating kasamaan.

7 Siya'y inapi, at siya'y sinaktan,
gayunma'y hindi niya ibinuka ang kanyang bibig;
gaya ng kordero na dinadala sa katayan,
at gaya ng tupa na sa harapan ng mga manggugupit sa kanya
ay pipi,
kaya't hindi niya ibinuka ang kanyang bibig.

8 Sa pamamagitan ng pang-aapi at paghatol ay inilayo siya;
at tungkol sa kanyang salinlahi,
na itinuring na siya'y itiniwalag sa lupain ng mga buhay,
at sinaktan dahil sa pagsalangsang ng aking bayan.

9 At ginawa nila ang kanyang libingan na kasama ng
masasama,
at kasama ng isang lalaking mayaman sa kanyang kamatayan;
bagaman hindi siya gumawa ng karahasan,
o walang anumang pandaraya sa kanyang bibig.

Isaias 53:11–12

11 Kanyang makikita ang bunga ng paghihirap ng kanyang
kaluluwa,

at masisiyahan sa pamamagitan ng kanyang kaalaman.
Aariing-ganap ng matuwid kong lingkod ang marami,
at papasanin niya ang kanilang mga kasamaan.

12 Kaya't hahatian ko siya ng bahagi na kasama ng dakila,
at kanyang hahatiin ang samsam na kasama ng malakas;
sapagkat kanyang ibinuhos ang kanyang kaluluwa sa
kamatayan,

at ibinilang na kasama ng mga lumalabag;
gayunma'y pinasan niya ang kasalanan ng marami,
at namagitan para sa mga lumalabag.

Sa Kanyang paglilingkod sa Diyos at sa tao, ang Lingkod na ito
ay magdurusa nang lubos. Siya ay pagmamalupitan, parurusahan

at daranas ng pagdurusa ng kaluluwa. Siya ay tatrathuhing parang isang salarin at ipapako sa krus kasama ng mga kriminal. Ngunit hahatian Siya ng Diyos ng “bahagi na kasama ng dakila” sapagkat handa Siyang magdusa alang-alang sa iba. Siya ay tunay na magiging dakila sa paningin ng Diyos. Ang Kanyang kadakilaan ay ipinakita sa tibay ng Kanyang pagkatao. Ang Kanyang hindi matinag na pagpapasya na gawin ang kalooban ng Diyos, at ang Kanyang pananatili sa harap ng di-mailarawang paghihirap at pagdurusa habang pasan Niya ang mga kasalanan ng mga tao at namagitan para sa mga sumusuway.

Tunay na kadakilaan at pagiging-lingkod: Filipos 2:3–11

Tingnan natin ang isa pang mahalagang talata sa Mga Kasulatan tungkol sa Panginoong Jesus — ngayon ay mula naman sa Bagong Tipan — na naglalarawan sa kahulugan ng tunay na kadakilaan at sa paraan ng pagkamit nito. Ang talatang ito ay may bantog na tema: ang pagiging-lingkod. Itinatampok uli nito ang relasyon ng tunay na kadakilaan at ng puso ng isang lingkod at binibigyang-diin ang espiritwal na katotohanan na ang totoong mapagpakumbaba ay itinataas. Ang talatang ito ay mariing naglalarawan sa Panginoong Jesus na isinasabuhay ang Kanyang katuruan tungkol sa kadakilaan at sa puso ng isang lingkod.

Filipos 2:3–11

3 Huwag ninyong gawin ang anuman dahil sa pansariling hangarin o dahil sa kayabangan. Sa halip, magpakumbaba kayo at ituring ang iba na mas mahalaga kaysa inyong sarili.

4 Pahalagahan ninyo ang kapakanan ng iba, at hindi lamang ang kapakanan ng inyong sarili.

5 Taglayin ninyo ang pag-iisip na tulad ng kay Cristo Jesus;

6 kahit siya’y nasa kalikasan ng Diyos,

ay hindi niya itinuring na isang bagay na dapat panghawakan ang pagiging kapantay ng Diyos,

7 sa halip ay itinuring niyang walang halaga ang sarili, kinuha ang kalikasan ng alipin,

at naging katulad ng mga tao.
 At nang natagpuan sa kaanyuan ng tao,
 8 ibinaba niya ang kanyang sarili,
 at naging masunurin hanggang sa kamatayan,
 maging kamatayan sa krus.
 9 Kaya naman siya'y lubusang itinaas ng Diyos,
 at ginawaran ng pangalang higit na mataas kaysa lahat ng
 pangalan;
 10 upang sa pangalan ni Jesus
 ang bawat tuhod ay lumuhod,
 ang mga nasa langit, nasa lupa, at nasa ilalim ng lupa,
 11 at ipahayag ng bawat bibig
 na si Jesu-Cristo ay Panginoon,
 sa ikaluluwalhati ng Diyos Ama.

May kontrobersiya sa talatang ito tungkol sa kahulugan ng
 “tinanggalan Niya ng halaga ang kanyang sarili” (t. 7). Isang
 paliwanag na ipinanukala ay yaong nang ang Panginoong Jesus
 ay nasa lupa, ay “tinanggalan Niya ng halaga ang kanyang sarili”
 sa katuturan ng hinubaran Niya ang Kanyang sarili ng Kanyang
 mga banal na katangian — iyon ay, Siya ay naging tao, at hindi na
 Diyos. Ito ay kilala bilang Kenotic theory. May mga pagkakaiba-
 iba sa hanay na ito ng pagpapaliwanag. Ngunit ang ideya na
 hinubaran ng Panginoong Jesus ang Kanyang sarili ng mga
 banal Niyang katangian noong Siya ay pumarito sa lupa ay isang
 malaking pagkakamali. Ang Panginoong Jesus noong narito sa
 lupa ay ang Diyos-na-Tao, hindi basta tao lang.

Ang mga Kasulatan ay nagtuturo sa atin na ang Panginoon ay
 ang “Emmanuel” na nangangahulugang “Diyos na kasama natin”
 (Mat. 1:23). Iyon ang pangalan ng Panginoong Jesu-Cristo sa
 Kanyang panahon dito sa lupa. Ang Salita ay naging tao ngunit
 nanatiling isang Diyos. Noong Siya ay narito sa lupa, Siya ay may
 kapangyarihang magpatawad ng mga kasalanan. Kung Siya ay tao
 lang, ay hindi Niya magagawa iyon. Ang isang tao lang ay hindi
 maaaring magpatawad ng mga kasalanan (Marcos 2:5–11).

Ang larangang ito ng katotohanan ay may mahalagang implikasyon tungkol sa kahulugan at kahalagahan ng Kanyang buhay at ministeryo sa lupa, at higit sa lahat, tungkol sa Kanyang kamatayan. Ang Diyos-na-Tao lang ang kayang magpasan ng ating mga kasalanan sa Krus at magbayad ng katumbas na halaga para sa sangkatauhan.

Ang Panginoong Jesus ay umiral sa anyo ng isang Diyos, ngunit ibinaba Niya ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsasa-anyong isang alipin at paglilingkod na sumusunod sa kalooban ng Diyos Ama. Dahil dito ay itinaas Siya nang lubos ng Diyos Ama.

Mga katangian ng tunay na kadakilaan sa Filipos 2

Ang talatang ito sa Filipos 2 ay tumutulong sa atin na maunawaan ang iba't-ibang mga katangian ng tunay na kadakilaang binigyang halimbawa sa buhay ng Panginoong Jesus, kasama ng mga katangiang binanggit natin sa naunang mga mensahe.

1. Tamang saloobin

Sa talata 5, ay sinasabi sa atin na “taglayin ninyo ang pag-iisip na tulad ng kay Cristo Jesus”. Ating unawain na ang tamang saloobin ay mahalaga. Ito ay nasa pinakapuso mismo ng tunay na kadakilaan. Ang panlabas na asal, ang mga ipinakikita at mga naabot, gaano man kadakila sa mata ng tao, ay hindi maituturing na kadakilaan kung ang tamang saloobin ay wala.

2. Pagiging-lingkod

Sa mga talata 6 hanggang 8, ay sinasabi sa atin na ang Panginoong Jesus, bagaman Siya ay nasa anyo ng Diyos, ay umako ng anyo ng isang lingkod at naging masunurin hanggang sa punto ng kamatayan sa Krus. Dito ay nakikita natin ang ugnayan ng tunay na kadakilaan at pagiging isang lingkod.

3. Kababaang-loob

Sinasabi sa atin sa talata 8 na ang Panginoon ay “ibinaba Niya

ang Kanyang sarili”. Sa talata 3, ay tinuturuan ni Pablo ang mga mananampalataya na “huwag ninyong gawin ang anuman dahil sa pansariling hangarin o dahil sa kayabangan, sa halip, ay magpakumbaba kayo...” Ang saloobing ipinapakita ni Pablo bilang huwaran ay kababaang-loob. Inilalarawan niya ang kayabangan bilang “walang laman” o walang kabuluhan.

Walang tunay na kadakilaan sa paningin ng Panginoon nang walang tunay na kababaang-loob. Ang pagmamataas bilang kabaligtaran ng tunay na kadakilaan, ang presensya nito ay sisira sa katotohanan ng kadakilaan sa kalooban natin. Gayon pa man, hindi ibig-sabihin na wala na dapat bahid ng pagmamataas sa atin para pahalagahan tayo ng Diyos. Sa iba’t-ibang antas ng ating paglago, ay magkakaroon tayo ng iba’t ibang antas ng kababaang-loob. Ngunit ayon sa antas ng pagmamataas na meron sa atin, ay sa ganoon ding antas mababawasan ang tunay na kadakilaan sa atin.

Kaya kung nais nating lumago nang maayos sa direksyon ng panawagan ng Diyos, ay kailangan seryoso nating harapin ang pagmamataas, sa anumang anyo ito umiiral, at matutunan nating linangin ang kababaang-loob sa pinakamataas na antas.

4. Walang pagkamakasariili o pagka-palaaway

Pinapaalalahanan tayo ng talata 3 na “huwag gagawa ng anuman mula sa pagkamakasariili” (o “pagiging palaaway”: ayon sa margin ng NASB). Sa orihinal na teksto, itong salitang ito ay maaari ding isalin na “tunggalian”. Ang espiritu ng pakikipagtunggalian, na madalas makita sa mga naghahangad maging dakila, at nagtutulak sa kanila sa kasalungat na direksyon ng tunay na kadakilaan.

Sa halip na kumilos mula sa pagkamakasariili, ay pinapayuhan tayo ni Pablo na lingapin ang kapakanan ng iba (t. 4), upang wariing sila ay higit na mahalaga kaysa sa ating mga sarili (t. 3). Sa halip na magkimkim ng damdaming nagpapahalaga sa sarili, dapat tayong magmalasakit sa kapakanan ng iba at isaalang-alang sila, at magkaroon ng tamang pagtrato at paggalang sa kanila. Ito ay dapat isalin sa paglilingkod na udyok ng isang pusong may pag-ibig.

Tayo ay pinapayuhan na magkaroon ng saloobin ng Panginoong Jesus, na pumarito bilang isang “lingkod” ng Diyos para sa ating kapakanan. Ang Kanyang kamatayan ay para sa atin. Siya ay nagdusa ng di-mailarawang pasakit nang bayaran Niya ang kaparusahan para sa ating mga kasalanan. Dito natin makikita ang tahasang kabaligtaran ng pagka-makasarili at pagka-palaaway. Ito ang pag-ibig sa pinakamataas, at pinakadalisay na antas. Ganyan ang kahanga-hangang pag-ibig — sino ang lubos na makakaunawa nito! Nawa ay punuin ng Panginoon ang ating mga puso ng Kanyang banal na pag-ibig upang matutunan din nating maglingkod ng may ganitong pag-ibig na hindi makasarili.

5. Paghahandog

Sinasabi sa atin ng talata 7 na ang Panginoon ay “hinubaran Niya ang Kanyang sarili”. Isinantabi Niya ang Kanyang maluwalhating katayuan at mga kalagayan kasama ng Ama sa langit at pumarito sa isang nahulog, at puno ng kasalanang sanlibutan bilang isang lingkod. Alang-alang sa tao, Siya ay nagdusa ng kalupitan, paghamak at pagpapako sa krus.

Hindi madaling talikuran ang maginhawang kalagayan at katayuan ng dakilang karangalan at buong kahandaang magpailalim sa matinding paghamak at pagdurusa. Magiging tila hindi patas para sa isang tao na mailagay sa mahirap na kalagayan para lang makatulong sa iba. Ngunit ang nasa puso ng tunay na paglilingkod ay ang pag-ibig sa Diyos at sa tao na nag-uudyok sa atin para kusang-loob na isuko ang anumang pinapahalagahan natin at dumanas ng anumang nakikita ng Diyos na dapat nating danasin.

Kung ating pagbubulayan ang handog na buhay ng Panginoong Jesus, ay mas mauunawaan natin kung anong ibig Niyang sabihin nang turuan Niya ang Kanyang mga alagad na upang maging dakila, ang isang tao ay dapat maging isang lingkod at alipin ng lahat.

6. Pagtitiyaga

Sinasabi sa atin ng talata 8 na ang Panginoon ay naging masunurin

“hanggang sa punto ng kamatayan, maging kamatayan sa krus”. Ang Kaniyang buhay ng paglilingkod sa lupa ay isang buhay ng pagdurusa, na humantong sa Krus, kung saan dumanas Siya ng matinding paghihirap habang pinapasan Niya ang kaparusahang nararapat sa sangkatauhan.

Ang tunay na kadakilaan ay nangangailangan ng paglilingkod na hindi lamang may pag-ibig sa puso at kababaang-loob, kundi kasama rin ang uri ng pagtitiyaga. Ang antas ng kadakilaan ay kaugnay ng hangganan kung saan tayo ay handang pumaroon sa landas ng tunay na paglilingkod. Ang Panginoong Jesus ay handang maglingkod hanggang sa punto ng kamatayan sa Krus. Iyon ay sumasalamin sa kadakilaan ng Panginoong Jesus at ng uri ng paglilingkod na Kanyang ibinigay. Siya ay handang magbayad ng pinakamataas na halaga, at ginawa nga Niya.

Sa malaking kabuuan, maaaring mayroon na tayong puso ng isang lingkod. Ngunit gaano kalalim ang kalidad nito? Gaano tayo kahandang sumunod sa Diyos, at magsakripisyo, magtiyaga sa kabila ng malalaking kaharapin, paghamak, matinding sakit, dalamhati at malubhang pagpapahirap mula sa diyablo?

Ang tunay na mga katangian ng pananampalatayang Kristiyanong ay malalim, matibay na mga kalidad ng pagkatao at espiritu. Kailanman ay hindi sila paimbabaw o nagmula sa damdamin lang. Maaaring makaramdam tayo ng napakalakas na bugso ng pag-ibig na ang pakiramdam natin ay handa tayong humarap sa lahat ng mga kakatwang bagay upang maglingkod. Ngunit kung iyon ay mula sa damdamin lang, iyon ay hindi nagpapakita ng tunay na kalidad ng pananampalataya. Ang pagsubok ay kung tayo ba ay magbabago at aatras kapag naging mahirap na ang tatahakin.

Mahalagang pangalagaan natin ang mabuting pagkatao na may malalim na uri ng pag-ibig at kababaang-loob na may pagtitiyaga. Hindi ito posible sa ating sariling kakayahan; tanging Diyos lang ang maaaring bumuo nito sa ating mga buhay habang hinahayaan natin Siya na punuin ang ating mga puso ng maka-

Diyos na pag-ibig habang tayo'y natututong lumakad ayon sa Espiritu. At maaari na tayong humarap sa mga pagsubok sa buhay nang may tunay na pagtitiwala sa Panginoon, dahil alam nating ang kanyang biyaya ay sapat para sa atin at aakayin Niya tayo sa tagumpay kay Cristo. Ang mga pagsubok na kinakaharap natin ay maaaring makatulong sa atin na makita kung hanggang anong antas na nabuo sa atin ang positibong mga katangian ng panloob na pagkatao. At kung nalampasan natin nang maayos ang mga pagsubok, ang mga katangian ay lalalim.

7. Pagsunod sa Diyos

Sinasabi sa atin ng talata 8 na ibinaba ng Panginoong Jesus ang Kanyang sarili sa pamamagitan ng “pagiging masunurin” sa Ama. Ang pagsunod sa Diyos Ama ay isang mahalagang bahagi ng tunay na kadakilaan. Mayroon lamang tunay na kadakilaan na sa paglilingkod kapag ang paglilingkod ay ipinahayag sa konteksto ng pagsunod sa Panginoon. Maaari nating sikapin nang husto na maglingkod sa iba ng may pag-ibig, kababaang-loob, at pagtitiyaga, ngunit kapag ito ay hindi bilang pagsunod sa Ama, ito ay wala sa katotohanan. Anuman ang ating gawin na wala sa pakikiisa sa Panginoon ay hindi tunay na paglilingkod; hindi ito pagpapakita ng tunay na kadakilaan. Ang tunay na paglilingkod ay hindi maaaring ayon sa sarili nating isip at kagustuhan, o bilang tugon sa inaasahan ng iba; hindi rin maaaring idikta ng mga pangyayari. Ito ay dapat ayon sa katotohanan at kung anong iniaatas ng Panginoon sa atin.

8. Ang pagpaparangal ay mula sa Diyos

Sinasabi sa atin ng talata 9 na “itinaas Siya ng lubos ng Diyos”. Ang tunay na kadakilaan at pagpaparangal ay sa Panginoon, hindi sa tao. Ang tao ay maaaring magbigay sa atin ng katanyagan at kapangyarihan. Ngunit kung ang Diyos ay hindi nalulugod sa atin, ay walang tunay na kadakilaan. Gayon pa man, maaaring magkaroon ng tunay na kadakilaan kahit hindi ito kinikilala ng tao.

Pagpapahalaga sa kadakilaan ng Diyos-na-Tao

Tulungan nawa tayo ng Diyos na pahalagahan ang kadakilaan ng Panginoong Jesus at lahat ng Kanyang pinagdaanan alang-alang sa atin. Dahil sa Kanyang pag-ibig para sa atin, iniwan Niya ang Kanyang maluwalhating katayuan at pag-iral sa langit at pumarito sa masamang sanlibutang ito. Upang makiisa sa atin at mamatay para sa atin, ay ibinaba Niya ang Kanyang sarili at naging tao — hanggang sa pagiging isang alipin. Ngunit hindi nawala ang Kanyang pagiging Diyos. Sa lahat ng Kanyang pinagdaanan, kasama ang paghihirap, paghamak at pangungutya sa Krus, ang lahat ng iyon ay dinanas Niya bilang isang Diyos at isang Tao.

Pagbulayan natin kung gaano ang Panginoong Jesus, bilang Diyos, ay handang dumanas ng lahat sa alang-alang sa atin. Pagbulayan din natin na Siya, bilang ang perpektong tao, na ang Kanyang buhay ang ganap na huwaran ng tunay na kadakilaan. Pag-aralan natin mula sa Kanya kung paanong tayo rin ay maaaring tumungo sa direksyon ng tunay na kadakilaan.

Mga katangiang ukol sa kahulugan ng pagiging isang lingkod

Maaaring magkaroon ng maling pagkaunawa tungkol sa kung anong ibig-sabihin ng pagiging isang lingkod bilang pagpapakita ng tunay na kadakilaan. Ang sumusunod na mga katangian ay maaaring makatulong upang mabigyang linaw ang dalawang karaniwang maling pagkaunawa sa paksang ito.

1. Ang puso ng isang lingkod ay hindi nangangahulugan ng pagpapasakop sa kahit anong inaasahan ng iba sa atin

Ang pagkakaroon ng puso ng isang lingkod ay hindi nangangahulugan na dapat literal tayong maging mga utusan o alipin ng ibang tao. Hindi ibig sabihin na kailangan nating magpasakop sa kanila sa kahit anong hinihingi o inaasahan nila sa atin. Kapag hindi natin naunawaan kung paano isasagawa ang larangang ito ng katotohanan, ay maaari tayong labis na

maguluhan at mabigo. Maaaring hindi natin alam kung paano tutugon sa hindi makatwirang mga hinihingi at mga inaasahan ng iba sa atin, kasama na ang mga nagtatangkang magsamantala sa atin. Maaari pa ngang isipin natin na ang pananampalatayang Kristiyano ay hindi praktikal at hindi maaaring ipamuhay sa makasalanang sanlibutang ito.

Nang magsalita ang Panginoong Jesus ng tungkol sa pagiging lingkod o alipin ng lahat, ang tinutukoy Niya ay ang pagkakaroon ng puso ng isang lingkod sa konteksto ng pagpapasakop sa Diyos. Ang Diyos ang tanging Panginoon na dapat nating paglingkuran nang may lubusang pagsunod. May pananagutan tayo ng lubos na pagpapasakop sa Kanya lang. At sa pagpapasakop sa kalooban ng Diyos, ay may kababaang-loob tayong naglilingkod sa iba, na may pag-ibig, nasa katotohanan, at may katapatan, para sa kanilang kapakanan.

Ang Halimbawa ni Pablo

Sa 1 Corinto 9:19–23, si apostol Pablo ay nagpahayag kung gaano siya nakahandang makiisa sa mga Judio, sa mga mahihina, at sa mga nasa ilalim ng Kautusan at sa mga wala sa ilalim ng Kautusan. Ginawa niya ang sarili niyang “alipin ng lahat” upang kanyang mahikayat sila kay Cristo. Sabi niya: “Ako ay naging lahat ng bagay sa lahat ng tao, upang sa lahat ng paraan ay makapagligtas ako ng ilan. Ginagawa ko ang lahat ng ito alang-alang sa ebanghelyo...” (t. 22–23). Ngunit namuhay si Pablo palagi sa ganitong konteksto na “hindi dahil wala sa Kautusan ng Diyos ngunit sa ilalim ng Kautusan ni Cristo” (t. 21)

Handa si Pablo na gawin ang lahat ng kaya niya upang maabot ang iba para sa kanilang pangwalang-hanggang kapakanan, ngunit hindi nilalabag “ang kautusan ni Cristo”. Ang tunay na paglilingkod ay laging nasa loob ng balangkas ng mga katotohanan at mga prinsipyong ipinahayag ng Diyos sa mga Kasulatan, at ayon sa kalooban at gabay ng Diyos sa partikular na mga kalagayan.

Ang Halimbawa ng Panginoong Jesus

Ang Panginoong Jesu-Cristo ay nagpahayag na Siya ay pumarito upang maglingkod at ginawa Niya iyon, inialay ang Kanyang buhay bilang pantubos para sa marami. Subalit malinaw, na hindi Niya hinayaan ang sinuman na pag-utusan Siya. At hindi rin Niya binigyang-kasiyahan ang lahat ng mga hinihingi at inaasahan ng iba.

Tingnan natin ang Kanyang tugon kay Herodes sa Lukas 23:6-9:

Lucas 23:6-9

6 Nang marinig ito ni Pilato, nagtanong siya kung ang taong iyon ay taga-Galilea.

7 Nang malaman niya na ang taong ito ay sakop ni Herodes, ipinadala niya ito kay Herodes, na nasa Jerusalem nang mga araw na iyon.

8 Tuwang-tuwa si Herodes nang makita si Jesus, sapagkat matagal na niyang nais na makita ito dahil sa mga narinig niya tungkol dito. Umaasa rin siyang makakita ng himalang gagawin ni Jesus.

9 Marami siyang itinanong dito, ngunit hindi sumagot si Jesus.

Tinanong ni Herodes ang Panginoong Jesus, umaasa na makita Siyang gumawa ng ilang tanda. Ngunit hindi siya pinagbigyan ng Panginoon ng kahit ano.

Alam ng Panginoong Jesus na ang Kanyang mga katuruan at ang Kanyang mga pamamaraan ay paminsan-minsang pupukaw ng pagsalungat ng mga pinuno ng relihiyon. Siya ay pumarito para maglingkod, hindi Niya tinangkang payapain sila sa pamamagitan ng pagpipigil na magsalita o gumawa ng anumang makakapukaw ng kanilang pagkapoot. Sa halip ay ipinagpatuloy Niya ang paggawa ng kung anong iniaatas sa Kanya ng Ama.

Gayundin, noong gusto sana ng mga tao na gawin Siyang hari, hindi pumayag ang Panginoong Jesus sa kanilang kagustuhan sapagkat hindi iyon ang kalooban ng Diyos na Kanyang gawin (Juan 6:15)

2. Ang puso ng isang lingkod ay hindi nangangahulugang walang kapangyarihan

Ang pagkakaroon ng puso ng isang lingkod ay hindi nangangahulugan na ang mananampalataya ay walang kapangyarihan at hindi magagamit nang tama ang kanyang awtoridad sa iba. Maaaring magmistulang kabalintunaan — ang kapangyarihan ng alipin ng lahat — ngunit ang pagkakaroon ng puso ng isang lingkod ay akma sa paggamit ng awtoridad.

Umako ang Panginoong Jesus ng anyo ng isang alipin, ngunit Siya ay may dakilang awtoridad at Siya ay nagsalita nang may kapangyarihan. Ang mga apostol at ang mga matatanda ng mga iglesia ay pinagkalooban ng espiritwal na awtoridad. Sa Tito 2:15, ay binilinan ni Pablo si Tito:

Tito 2:15

Ituro mo ang lahat ng ito. Gamitin mo ang iyong kapangyarihan upang magpalakas ng loob ng tao at sa pagsaway. Huwag mong hayaang hamakin ka ninuman.

Ang tunay na awtoridad ay maaaring gamitin sa mga may puso ng isang lingkod. Ngunit ang kapangyarihan na ito ay dapat mula sa Panginoon, at ito ay para sa pagtatatag at hindi para mangwasak. Si Pablo ay nagsasalita ng tungkol sa awtoridad na ipinagkaloob sa kanya sa 2 Corinto 13:10:

2 Corinto 13:10

Kaya't isinusulat ko ang mga bagay na ito habang ako'y wala pa sa inyo, upang pagpunta ko sa inyo ay hindi ko na kailangang maging mabagsik sa paggamit ko ng kapangyarihang ibinigay sa akin ng Panginoon upang patatagin kayo, at hindi upang wasakin.

Ang gayong awtoridad ay iba sa awtoridad na nangingibabaw sa iba. Ito ay ibinigay ng Diyos upang maitatag ang pananampalataya sa Kanyang bayan.

Higit sa espiritwal na awtoridad na ipinagkatiwala ng Panginoon sa mga mayroong sariling katungkulan, gaya ng mga apostol at mga matatanda, para sa pagsulong ng Kanyang kaharian, ay mayroon ding espiritwal na awtoridad ang mga anak ng Diyos na maaaring ipakita sa pangkalahatan.

Kung saan may tunay na puso ng pagiging-lingkod at ng patatamo ng tunay na kadakilaan sa kaharian ng Diyos, ang mga anak ng Diyos ay maaaring magpakita ng tunay na espiritwal na awtoridad sa espiritwal na larangan. Ang espiritwal na awtoridad na ito ay maaaring mahayag sa iba't ibang paraan, kasama na ang pagharap at pananagumpay sa mga pwersa ng kadiliman, at sa mabisang panalangin na nakatutulong tungo sa pagsulong ng kaharian ng Diyos. Ito rin ay maaaring mahayag sa iba't ibang mga uri ng ministeryo, gaya ng pangangaral, pagtuturo at pagpapahayag ng katotohanan. Ang kabuluhan ng espiritwal na epekto ng kanilang mga buhay at ministeryo ay may kinalaman sa antas ng tunay na kadakilaang kanilang naaabot.

Pangwakas na mga pananalita

May mga mananampalatayang nagpapahayag ng kasabikang maglingkod sa Diyos ngunit walang kasabikang maglingkod sa kapwa, lalo na kapag ang kanilang paglilingkod ay hindi napapansin, o mahirap o hindi kaaki-akit. Kung ito ay totoo sa atin, tayo ay kapos sa mahalagang katangiang ito ng puso ng isang lingkod.

Nang payuhan ng Panginoong Jesus ang bawat alagad Niya na maging lingkod o alipin ng lahat, hinihimok Niya tayo na magkaroon ng puso ng isang lingkod na handang magsilbi sa iba. Kapag naglilingkod tayo sa iba nang may tunay na pag-ibig sa puso, tayo nga ay totoong naglilingkod sa Panginoon.

Kaya sa ating pagpapakita ng pag-ibig para sa Panginoon at sa lahat ng Kanyang ginawa para sa atin, dapat tayong maging handang maglingkod sa iba ayon sa kalooban ng Diyos — may

kababaang-loob, walang pagbabago, may pagtitiyaga at para sa kanilang ikatitibay.

Ang dalawang mga talata sa Mateo ang makakatulong sa ating maunawaan kung paano titingnan ang mga gawa ng paglilingkod na animo’y walang halaga.

Sinasabi sa atin ng Panginoong Jesus kung paano Siya hahatol bilang ang Anak ng Tao kapag Siya ay dumating, at kapag nakaupo sa Kanyang maluwalhating luklukan.

Mateo 25:40

At sasagot sa kanila ang Hari ng ganito: ‘Tinitiyak ko sa inyo, yamang ginawa ninyo ito sa isa sa pinakahamak sa mga kapatid kong ito, sa akin ninyo ito ginawa.’

Ang paglilingkod kahit sa “pinaka-maliit” na “mga kapatid” na ito ng Panginoong Jesus ay inaari ng Panginoon na paglilingkod sa Kanya.

Mateo 10:42

Sinumang magbigay ng isang basong tubig na malamig sa isa sa mga hamak na ito sa pangalan ng isang alagad, tinitiyak ko sa inyong hindi siya mawawalan ng gantimpala.”

Ang pagbibigay ng isang basong tubig ay maaaring tila walang halagang gawa ng paglilingkod. Ngunit sinasabi ng Panginoon na ang taong gumawa ng ganoon sa ngalan ng isang alagad ay hindi mawawalan ng gantimpala. Ang tunay na paglilingkod sa espiritu ng kababaang-loob ay pinahahalagahang lubos ng Panginoon.

Ang maaari nating makita mula sa mga talatang ito ay ang huwag nating kaligtaan ang paggawa ng mabuti, kahit pa ito ay parang walang halaga sa paningin ng mga tao. Hindi natin dapat isipin na ang paggawa lang ng “malalaking” mga bagay o paglilingkod sa mga importanteng tao ang mahalaga sa Diyos. Ang akala nating dakila ay maaaring hindi dakila sa paningin ng Diyos, at sa kabaliktaran, ang tila maliit ay maaaring dakila ang

halaga sa Kanya. Ang pagpuri ng Panginoon sa dukhang balo na nagbigay ng dalawang kusing ay magandang paglalarawan at paalala ng prinsipyong ito (Marcos 12:41–44).

Matuto tayong tumingin sa mga bagay-bagay mula sa pananaw ng Diyos at ng Kanyang kaharian at matutong maglingkod nang may kababaang-loob at may pag-ibig sa lahat ng pagkakataon, kahit lumabas man na mahalaga o hindi ang ating paglilingkod. Ang ating paglilingkod ay hindi dapat nakasalalay sa kung paano tayo ituturing ng iba. Tumutok tayo sa paglilingkod ng mabuting pagkatao at positibong mga saloobin, hindi lang paminsan-minsan, bagkus ay panghabambuhay. Tunay ngang ang mga anak ng Diyos ay maaaring maging tunay na dakila sa kaharian ng Diyos.

Mga tanong para sa pagninilay at talakayan

1. Paano natin titingnan at haharapin ang isyu ng mga katayuang pandangal, karangalan at kapangyarihan sa mundong ito? Ano sa palagay mo ang hinahanap ng Diyos sa paraan ng Kanyang mga anak sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa kanilang trabaho at mga propesyon?
2. Ano ang matututunan natin tungkol sa tunay na kadakilaan mula sa propesiya sa Isiyas 52:13–53:12 tungkol sa darating na Mesiyas bilang ang nagdurusang Lingkod?
3. Paano nakatutulong sa atin ang mga talata sa Filipos 2:3–11 para maunawaan ang iba't ibang mga katangian ng tunay na kadakilaan na isina-halimbawa sa buhay ng Panginoong Jesu-Cristo?
4. Ang pagkakaroon ng puso ng isang lingkod ay isang mahalagang bahagi ng tunay na kadakilaan. Nangangahulugan ba ito na:
 - Ang isang tao ay dapat magpasakop sa anumang inaasahan sa kanya ng iba
 - Hindi nararapat para sa mga mananampalataya na magkaroon ng awtoridad sa iba o magpakita ng awtoridad sa kanilang mga buhay?
5. Pagnilayan kung ikaw ba ay tunay na nakahandang magbigay ng iyong buhay para maglingkod sa Panginoon at sa iba nang may puso ng isang lingkod — may kababaang-loob, walang pagbabago, may pagtitiyaga — sa ikaluluwalhati ng Diyos at sa ikabubuti ng iba.

Huling Pangungusap

Maraming mga tao sa daigdig ang abala sa paghahanap ng materyal na mga kayamanan at makasanlibutang katanyagan, mataas na katayuan at kadakilaan. Itinuturing nila ang mga ito bilang mahalagang mga layunin sa buhay at tinitingnan kung paano nakakaagapay ang isang tao sa mga bagay na ito bilang palatandaan ng tagumpay.

Ang negatibong impluwensya ng espiritu ng sanlibutan ay malaganap, at kung anong pinagkakaabalahan ng sanlibutan ay may malaking epekto sa lahat ng nabubuhay dito sa mundo. At ang mga anak ng Diyos ay saklaw ng bagay na ito.

Bilang mga mamamayan ng langit na namumuhay dito sa makasalanang sanlibutan, tayo ay tinawag ng Panginoong Jesus na maging asin sa lupa at ilaw ng sanlibutan. Upang tayo ay maging asin at ilaw, kailangan nating tanggiin ang mga impluwensya ng mundo, at ang ating pag-iisip at mga pinahahalagahan ay dapat mahubog ng pangwalang-hanggang pananaw at mga katotohanan sa kaharian ng Diyos. Ito ang ipinananawagan ni Pablo na siyang dapat nating gawin sa Roma 12:1–2. Hindi tayo dapat nakikiayon sa sanlibutan, sa halip ay dapat tayong magbago sa pamamagitan ng pagbabago ng ating mga pag-iisip. Ito ay mahalaga sa pagpapahayag ng ating pagsamba sa Diyos, sa ating katapatan sa Kanya, at sa pag-aalay ng ating mga sarili bilang mga buhay na handog.

Kailangan nating magkaroon ng maayos na pagkaunawa sa katuruan ng bibliya tungkol sa mga usaping ito. Ang ating pagkaunawa at paninindigan sa mga larangang ito, at kung anong pinagtalagahan natin ng ating sarili, ay magkakaroon ng tahasang kinalaman sa ating personal na relasyon sa Diyos, sa ating paglago sa moral at espiritwal na antas ng kalagayan, at

kung gaano ka-epektibo ang ating pakikiisa sa katuparan ng mga layunin ng Diyos.

Pagiging tunay na mayaman

Sa unang limang mga mensahe ay tinalakay ko sa inyo ang kahulugan ng pagiging tunay na mayaman.

Napag-alaman natin na ang materyal na kayamanan ay hindi nagtatagal, ngunit marami ang naghahangad ng mga ito dahil sa kasakiman at sa paghahangad ng malayaw na pamumuhay, at gayundin dahil naghahanap sila ng pakiramdam ng may seguridad.

Ang mga Kristiyano ay maaari ding matisod sa materyal na kayamanan. At iyon ang dahilan kung bakit binabalaan tayo ng Panginoong Jesus tungkol sa bagay na ito nang paulit-ulit. Binalaan Niya tayo laban sa pag-iipon para sa ating mga sarili ng kayamanan sa lupa at tinuturuan tayong huwag mabalisa tungkol sa materyal na mga bagay ng buhay. Gayundin, ay hinihimok Niya tayong mag-ipon para sa ating mga sarili ng mga kayamanan sa langit at hanapin muna ang kaharian ng Diyos.

Hindi nais ng Panginoong Jesus na tayo ay maging mayaman sa materyal ngunit dukha sa espiritwal. Nais Niyang maging mayaman tayo sa espiritwal kahit dukha tayo sa materyal.

Ang buhay at mga katuruan ng Panginoong Jesus ay tumutulong sa ating makita na ang saloobin at pamamaraan tungo sa materyal na kayamanan at mga ari-arian ay may direktang kinalaman sa ating relasyon sa Diyos, sa ating pagiging tunay na mayaman, sa ating espiritwal na kalusugan at sa ating pangwalang-hanggang kapakanan. Bagaman ang pag-ibig sa salapi ay maaaring maging bitag at makasira ng ating mga buhay, ang materyal na kayamanan ay maaaring magamit para sa kabutihan.

Ang may malasakit na pagbibigay sa gawain ng Panginoon ay maaaring makatulong upang isulong ang Kanyang kaharian. Ito ay maaaring makatulong sa kapakanan ng iba. Kasabay noon,

pinagpapala tayo, at ang ating lakad na kasama ng Diyos at pagyayamanin ang ating espiritwal na buhay.

Sa pagsasagawa ng mahusay na pangangasiwa ng kung anong ipinagkatiwala ng Panginoon sa atin, ay mayroong puwang para sa masusing pagpapalano para sa kinabukasan at matalinong pamumuhunan, at maingat na paggastos sa ating mga sarili at sa ating mga mahal sa buhay.

Nais ng Panginoong Jesus na itatak sa isip natin na ang pagkakaroon ng tamang saloobin tungkol sa materyal na bagay ay bahagi ng mas malawak na isyu ng pagtatalaga at tunay na pagkaalagad — ang pagsuko ng lahat ng ating mga ari-arian at pagsunod sa kanya, na walang itinuturing na sariling pag-aari na gugugulin nang ayon sa sariling kagustuhan, at italaga ang lahat sa Panginoon upang gamitin Niya ayon sa Kanyang nais. Tayo ba ay tunay na mga katiwala Niya? Kapag sinasabi natin sa Panginoon na itinatalaga natin ang lahat sa Kanya, ito ba ay totoo sa atin o sa salita lang, na walang katiting na katotohanan sa praktikal na gawa?

Mahalagang nauunawaan natin ang layunin ng Panginoon nang sabihin Niyang ipamigay natin ang lahat ng ating mga ari-arian. Kapag ginawa natin ito, ay mas mauunawaan natin ang pangunahing tinutumbok ng kahulugan ng diwa ng tunay na pagkaalagad kaugnay ng materyal na kayamanan at iba pang mga larangan ng buhay Kristiyano.

Nawa ay siyasatin ng Panginoon ang ating mga puso at tulungan tayong makita kung sa anong paraan at sa anong antas tayo may problema sa larangang ito ng materyal na kayamanan, at palakas in Niya tayo para lutasin nang maayos at malalim ang mga bagay na ito.

Tayo ba ay mayaman sa materyal at maayos ayon sa pamantayan ng sanlibutan, ngunit sa katotohanan ay dukha sa espiritwal? Iniisip ba natin na tayo ay mayaman sa espiritwal, at itinuturing din ng iba na ganoon tayo, ngunit sa katotohanan

tayo ay dukha sa espiritwal, kahabag-habag at sawing-palad? Magiging kuntento ba tayo kung tayo ay mayaman sa espiritwal kahit dukha sa materyal?

Marami na ang nabiktima ng diyablo at ang kanilang mga buhay ay nawasak ng pagka-mapandaya ng kayamanan. Sa halip na naising yumaman at maghangad ng materyal na kayamanan, ay layuan natin ang mga bagay na ito at tumutok tayo sa paghahangad ng katuwiran, pagka-makadiyos, pananampalataya, pag-ibig, pagtitiyaga at kaamuan. Linangin natin ang mataas na uri ng ating pagkatao at mga saloobin at ang positibong moral at espiritwal na mga katotohanan ng ating buhay. Linangin natin ang mga ito ayon sa maayos na kaalaman ng mga katotohanang inihayag sa mga Kasulatan at hangaring maipakita ito nang angkop sa ating mga buhay.

Pagiging tunay na dakila

Sa huling tatlong mga mensahe, ay pinagnilayan natin kung anong ibig-sabihin ng pagiging tunay na dakila.

Nabanggit natin na ang makasanlibutang kadakilaan ay walang kabuluhan at walang tunay na halaga. Ito ay panandalian; lumilipas kasama ng panahong ito. Ang makasanlibutang kadakilaan ay hindi nagdudulot ng tunay na kasiyahan. Sa halip, ito ay kalimitang nagbubunga ng kapalaluan, paninibugho at alitan. Ito ay madalas udyok ng pagkamakasarili — pagnanais para sa katanyagan, kapangyarihan at pagtataas-ng-sarili, at pagnanais na gumamit ng awtoridad sa iba. Hindi natin dapat hinahangad na maging dakila sa ganitong paraan.

Sa kabilang banda, ang tunay na kadakilaan ay lubos na itinatangi at may nagtatagal na halaga, at dapat nating ituon ang ating mga puso sa landas ng tunay na kadakilaan.

Ngunit gaya ng nakita natin, ang ating pangunahing tututukan ay hindi dapat sa pagtatamo ng kadakilaan. Kung iyon ang gagawin nating pangunahing pinagtutuunan, tayo ay

manganganib na mabahiran ng negatibong mga katangiang gaya ng espiritu ng kapalaluan at pagmamagaling, espiritu ng pagtataas-ng-sarili, at mapang-kumpitensyang espiritu.

Mas nakabubuti na tumutok tayo sa paglilinanang ng panloob na mga katangiang mahalaga sa Diyos. Dahil si Cristo ay ang ating Panginoon at ganap na huwaran, ay dapat nating italaga ang ating puso na mas kilalanin Siya nang mas malalim at matutunan nating maging katulad Niya sa karakter at saloobin. Habang ginagawa natin ito at lumalago sa mga larangang ito, tayo ay susulong sa pagkamit ng tunay na kadakilaan.

Sa iba't-ibang mga pagkakataon, ay tinuruan ng Panginoong Jesus ang Kanyang mga alagad ng katotohanan na ang tunay na kadakilaan ay mahalagang kaugnay ng pagkakaroon ng puso ng isang lingkod.

Ang puso ng isang lingkod ay hindi lamang isang katangian bagkus ay isang buong alangkas ng isipan, isang pamamaraan sa buhay, at saloobin ng puso. Ito ay ganap na isinahalimbawa sa buhay ni Cristo at malinaw na inilahad ni apostol Pablo sa Filipos 2. Bagaman Siya ay isang Diyos, hinubaran Niya ang Kanyang sarili at nag-anyong isang tao bilang isang alipin. At bilang isang alipin, Siya ay naglingkod nang may kababaang-loob, mula sa pusong may pag-ibig. Sa gitna ng matinding pasakit at pagdurusa, Siya ay nagtiyaga sa paggawa ng kalooban ng Diyos, hanggang sa punto ng kamatayan sa Krus. Ganoon ang buhay ng tunay na kadakilaan, at Siya ay binigyan ng pinaka-mataas na parangal ng Diyos Ama.

Ang maging isang lingkod o alipin ng lahat ay pagkakaroon ng puso ng isang lingkod, na handang maglingkod sa iba ayon sa kalooban ng Diyos — may kababaang-loob, may pagtitiyaga, may pag-ibig sa puso at para sa kanilang ikatitibay. At gagawin natin ang ganoon maging kahit ang ating paglilingkod ay hindi napapansin o mahirap o hindi kaakit-akit. Kapag naglilingkod tayo ng may ganoong puso, tayo ay tunay na naglilingkod sa Panginoon.

Hindi natin dapat kaligtaan ang paggawa ng kabutihan, maging kahit ito ay tila walang halaga sa paningin ng mga tao. Ang tila dakila ay maaaring hindi dakila sa mga mata ng Diyos, at kabaligtaran, ang tila maliit ay maaaring may malaking halaga sa Kanya. Pakinggan nating mabuti at matuto mula sa pagpuri ng Panginoon sa dukhang balo na nagbigay ng dalawang kusing na tanso.

Matuto tayong tumingin ng mga bagay mula sa pananaw ng Diyos at ng Kanyang kaharian at matuto tayong maglingkod nang may kababaang-loob at may pag-ibig, sa lahat ng pagkakataon, maging kahit na magmistulang makabuluhan o hindi ang ating paglilingkod.

Tumutok tayo sa paglilinang ng mabuting pagkatao at positibong mga saloobin, hindi lang para sa kasalukuyang sandali, bagkus ay para sa ating buong buhay. Ito ay isang bagay na maaaring gawin para sa bawat anak ng Diyos. Tunay ngang magagawa ito para sa bawat anak ng Diyos na maging tunay na dakila sa kaharian ng Diyos.

Kapag tayo ay magtiyaga, matuto at lumago, at maglingkod nang tapat at epektibo sa Panginoon, tayo ay magiging tunay na mayaman at dakila. Ang Diyos ay magkakaroon ng malayang pagkilos sa ating buhay at sa pamamagitan ng ating mga buhay. Tayo ay maglalalatag ng isang mabuting pundasyon para sa hinaharap at maaari tayong umasam ng korona ng katuwiran (2 Tim. 4:8) at ang korona ng buhay (Sant. 1:12; Apo. 2:10)

Malugod nawa ang Panginoon at tulungan ang bawat isa sa atin na maging tunay na mayaman at dakila sa Kanyang paningin at sa Kanyang kaharian.